


ANG PAGESASAKDAL

 Salamat, Kapatid na Neville. Manatili po tayong nakatayo pansumandali ngayon para sa panalangin. Iyuko po natin ang ating mga ulo. Mayroon bang mga kahilingan diyan na nais n'yong sabihin, kung mamarapatin n'yong ipaalam sa pagtaas ng kamay, sa Diyos, sige't sabihin, "Ako—ako..."? Ilagay n'yo sa isip n'yo ngayon kung ano—ano ang nais n'yong hilingin sa Kanya, at sampalatayanan n'yo ito nang buong puso n'yo, habang maghahandog din ako ng panalangin ko para sa inyo, hayan nga.

² Makalangit na Ama, amin pong . . . ibinibilang ito na isang pribilehiyo, na makadako sa bahay ng Panginoon, sa mapanglaw na araw na ito, at—at masumpungan ang Liwanag-ng-Anak ng Diyos na sumisinag, at mapakinggan ang Espiritu Santo na umaawit sa pamamagitan ng mga tao, at nangungusap sa pamamagitan ng mga tao, haya't isang—isang munting langkay mismo ng sinag-ng-Anak na nagliliwanag sa loob. Pinasasalamatang Ka po namin para rito, ang Makalangit na sinag-ng-Anak sa palibot ng aming mga puso. Ganoon na lamang ang pasasalamat namin sa Iyo para rito! Ngayon sila'y . . .

³ Itinataas ng mga tao ng kongregasyong ito ang kanilang mga kamay, sila na may mga kahilingan, na minimithi nila na Iyong tutugunin sila sa umagang ito. At dalangin ko, Ama, na Iyong ipagkakaloob ang bawat isa sa kanilang mga kahilingan. Napakarami po, na patong-patong sa mesa, at napakaraming kahilingan sa lahat ng dako, mga taong may sakit, nagdadalamhati; tawag sa telepono, malayuan, halos limampu kada araw. Oh Diyos, ano po kayang gagawin namin? Iyo ngang pangunahan kami, Panginoon. Hindi namin—hindi namin alam kung saang daan tutungo o anong gagawin, pero Ikaw po ang may kakayahan na magpatnubay sa mga bagay na ito, at dalangin namin na Iyong ipagkakaloob ito sa amin. Dahil, ito'y—ito'y intensyon namin, Panginoon, na anumang buhay ang kamit namin sa lupa ay ipinagkaloob Mo sa amin, at nais naming gamitin ito para parangalan Ka. Ngayon Iyong patnubayan kami sa mga bagay na ito, Ama.

⁴ Iyo pong pagpalain kami ngayong araw na ito habang nagkakatipon-tipon kami na magkakasama para pakinggan ang Salita ng Panginoon, para umawit ng mga awit, para maghahandog ng panalangin. Iyo pong dinggin ang aming dalangin. Maglakip ng galak sa amin sa aming mga awitin, at mangusap sa amin sa pamamagitan ng Salita, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Makakaupo na kayo.

⁵ Sadyang wala akong alam na ibang lugar na masasabi kong mas dakilang pribilehiyo ang tumayo, kaysa sa tumayo sa—sa pulpito, para pagputul-putulin ang Tinapay ng Buhay sa naghihintay, nagugutom, nauuhaw na mga tao. At ito’y isang dakilang pribilehiyo.

⁶ Una, nais kong tanungin kung—kung narito ang alinman sa pamilya Wright, si Hattie o si Orville, o kung sinuman? Hattie. Kasama mo ba si Orville, Hattie? Buweno, tanungin mo siya kung makakadaan ba siya sa bahay, agad, tungkol sa bagay na sinabi ko sa kanya, alam mo na. Dumaan lang sa bahay, kung magagawa niya. Nakalimutan kong dalhin ’yun dito, ngayong umaga, ’yung para sa munting aso na mayroon sila roon. Kaya akin—akin lang . . . Kung magagawa mo, dumaan lang sa harap ng bahay sa paglabas n’yo para sa—para sa inyong gawa- . . . pagkatapos ng gawain.

⁷ At ngayon, si Edith, na kapatid na babae ni Hattie, na kilala na natin bilang munting batang babae na lumpo na noon pa mula nung—nung sanggol pa siya. At malaki na siya ngayon, at nasa kalunus-lunos na kalagayan siya. Ngayon ako, mga isang taon ang nakararaan, nagpunta ako roon noong unang beses na sumpungin siya, at agad-agad nalaman ko kung ano ang suliranin sa kanya, sa tulong at biyaya ng Diyos. Ngayon, ang totoo, ang suliranin sa bata . . .

⁸ Nakaupo siya, ’yung mga biyas niya ay nagtatamaan, at hindi niya ’yun mapaghiwalay, dahil dun sa grabeng puwersa sa—sa kalipunang nerbiyos. Pero, kung ano nga ’yun, wala pong anumang mali sa pisikal dun sa bata, maliban sa sakit na ’yun na pagkaparalisa mula pagka-sanggol noong mga anim na buwan pa lang siya. Siya nga’y napapasigaw at umiiyak buong buhay niya, halos, hanggang . . . Ipinanalangin natin siya maraming taon na ang nakaraan, at—at siya’y masaya mula noon, hanggang nitong nakaraang taon.

⁹ At ngayon ’yun po’y talagang menopause. Sa madaling salita, pagbabago sa kanyang buhay, at ’yung mga nerbiyong-ugat niya ay nasa kalunus-lunos na kalagayan. At nasa isip nung munting dalagita na mamamatay na siya, na siya’y—siya’y hindi na mabubuhay pa, mula isang oras patungo sa isa pa. At alam n’yo naman. Haya’t maski malusog, na malalakas na kababaihan ay nakakaranas din ng teribleng panahon, kung minsan kailangan ng ineksyon ng hormone, at—at madala sa mga institusyon, at sumailalim sa mga shock treatment at lahat na, sa panahon na ’yan.

Ang tao nga’y may dalawang pagbabago sa buhay.

¹⁰ Dumadaan sila sa pagbabago mula sa pagiging batang lalaki patungo sa pagiging isang—isang lalaki; mula sa pagiging isang babae . . . mula sa pagiging isang batang babae patungo

sa pagiging babae. Mga edad labing-anim, labimpitong taong gulang, hayan nga sila na mabuway ang isip. At—at kung mapagtiisan n'yo lang sila sa ganoong edad. May anak na babae ako nasa ganoon nang edad ngayon, si Rebekah. Ipanalangin n'yo siya. At si Billy, oh, bawat isa sa atin, tayo'y dumadaan sa ganoong munting edad na magulo ang isip. At—at kaya kinakailangan natin silang tiisin, habang inaalala na isang bagay 'yun na—na dapat nilang—dapat nilang pagdaanan.

¹¹ At ngayon, si Edith, sa pagbabagong ito nang—nang—nang pitong taon. Kada pitong taon, nagbabago ang buhay mo. Mangyari nga na pitong makapito, kita n'yo, at—at tila mahirap nga 'yun, at ganap na pagbabago pa nga 'yun. At 'yun—'yun nga'y nakaliligalig sa mga kababaihan. Ang mga kalalakihan kadalasan ay para bang may kung anong kakatwang nangyayari sa kanila sa panahon na 'yan, at kung minsan iniwan ang kanilang mga asawang babae. Pero ang mga kababaihan ay—ay baog na pagkatapos nun. At dumadaan tayong lahat sa ganoon, at dapat nating alalahanin na mga bagay 'yan na kailangan nating pagtiisan sa isa't isa, at unawain ang ganoong mga bagay.

¹² At si munting Edith ay dumating sa kalagayan na ito, at masyado siyang nabawasan ng timbang, at hindi maganda ang lagay niya. At—at—at minumungkahi ko sa inyo, sa gabi, kahit di kayo sabay-sabay lahat, sige't dumalaw lang... Nakaupo sila roon kasama siya, araw at gabi. At isang—isang munting pagdalaw lang dun mula sa tabernakulo rito at—at iba't iba pang tabernakulo, mga—mga kapatirang tabernakulo rito, sige't ang ilan sa inyo'y dumalaw lang at bisitahin ang pamilyang Wright. Sigurado ako na kaluluguran nila ito. Bumisita lang, maupo kasama sila nang ilang saglit, at makipag-usap sa kanila, makipagkamay sa kanila, at sige't munting magiliw na pagbisita mismo.

¹³ Madalas nating—nating makaligtaan 'yan, alam n'yo. At kapag nangyari na sa sarili nating tahanan, doon nga natin napapahalagahan. At dapat nating alalahanin, ang iba'y nagpapahalaga, rin. At ang pamilya Wright, sigurado ako, nalulugod sila riyan. Alam ko—alam ko na gagawin n'yo kung nalaman n'yo na noon na ang kondisyon na ito'y noon pa. Pero hindi n'yo alam, kaya hayan—kaya naman sinasabi ko sa inyo sa umagang ito, para dun.

¹⁴ Pumunta lang kayo at bisitahin ang pamilya Wright, at sikaping pasayahin si Edith. Ngayon, huwag n'yong sasabihin sa kanya na masama ang lagay niya. Sabihin n'yo “mainam siya,” na “iinam ang kalagayan niya.” Na, magiging ganoon nga naman siya kung sisikapin lang natin na manghawakan para sa kanya. Yun ang dahilan kung bakit nandito tayo. Kapatid natin siyang babae, at—at narito tayo para manghawakan sa mga panahong gaya nito para sa batang 'yun. Katulad na lang na nais ko na may manghawakan para sa akin at manalangin habang ako'y

dumadaan sa mga pagsubok sa akin, at ganoon din na nais n'yo nun para sa mga pinagdadaan n'yo.

¹⁵ At—at ang pamilya Wright ay isang—isang—matagal nang. . . isa sa pinaka matatagal na miyembro na dumadalo sa pagtitipon na ito. Sila, sa palagay ko, at sina Kapatid na Roy Slaughter at Kapatid na babaing Slaughter. Nakita ko sila kani-kanina lang, kinawayan sila nung pumasok sila. Naisip ko, sa sarili ko, habang nagmamaneho ako sa kanto, “Ilang taon na kayang nakikita ko si Kapatid na lalaki’t Kapatid na babaing Slaughter na nauupo sa puwesto nila sa simbahang ito, sa mabuti’t masama, at patuloy pa rin na lumulusong?” At ang pamilya Wright, at gaya nga nun, malulugod ka sa mga taong ’yun, kita n’yo. At atin—at inang ipakita ang mga pagpapahalaga natin sa kanila.

¹⁶ Ngayon, sa araw na ito, mahaba po ang aking Mensahe. Ito po’y tungkol sa pagsasakdal.

¹⁷ At—at pagkatapos, mamayang gabi, nabalitaan ko na may komyunyon at paghuhugasan ng paa, at iba pa. Kaya ang pastor ang mangungusap, at tayo’y magkakaroon. . . tayo’y dadalo. At kung kayo—kung kayo’y nasa paligid, pumarito kayo at tamasahin ang—ang mensahe mula sa pastor, mula sa Panginoon, at pagkatapos kasama na rin ang paghuhugasan ng paa at ang—ang komyunyon, ngayong gabi. Tunay nga na isang—isang siksik liglig na gabi ito, kaya ikagagalak namin na makapunta kayo, kung wala po kayong ibang lugar na pupuntahan.

¹⁸ At nais nating pasalamat si Don Ruddell, at—at kapatid natin, at si Kapatid na Jackson. At—at ang mga kapatirang ito’y kapatid natin, sa mga kapatirang iglesya na kaugnayan natin. Si Kapatid na Jack Palmer dito, na nangangasiwa nung—nung grupo sa Georgia. At nais nating—nating—nating kilalanin ang lalaking ito nang buong puso natin. Para sa, mga panahon kapag may mga gawain tayo, kapag nagpupunta ako, at sila’y—sila’y pumaparito para bisitahin tayo, at kinaluluguran natin ’yan.

¹⁹ Nakita ko, ngayong umaga, ang butihin kong kaibigan, si Doktor Lee Vayle at ang maybahay niya. Nakilala ko si Kapatid na babaing Vayle diyan, una, at tumingin-tingin lang ako sa paligid para makita kung nasaan si Kapatid na Lee. At mayroon kasi akong, ’yung tinatawag nila sa makalumang sawikain sa Katimugan, “uwak na kailangang ituos sa kanya,” kita n’yo, kapag nakaharap ko siya. Hinahanap ko siya araw-araw, dun sa kombensyon, kung naroon ba siya para matulungan niya ako. Sabi ko, “Buweno, kung dumating si Lee, siya ang pangaralin n’yo, at mananalangin lamang ako para sa mga maysakit.” At nagpaanunsyo kami para sa kanya, at lahat na, at hindi namin siya mahagilap. Kaya, ako’y—ako’y, may uwak na kailangang ituos sa kanya, kapag nangusap na ako. At ikinagagalak natin

na narito sa atin sina Kapatid na lalaki't Kapatid na babaing Vayle, sa umagang ito.

²⁰ At marahil marami pang iba rito na hindi pa sa unawa natin. May nakikita akong kapatid na babae rito, sa palagay ko, taga-Chicago. Hindi ko lang . . . Alam ko 'yung grupo rito, pero hindi ko lang mabanggit 'yung eksaktong pangalan nila. Kaya ating—ating kinaluluguran sila mula sa lahat ng dako, kung nasaan man kayo.

²¹ Nakikita ko ang mga kapatid dito, dalawang kabataang lalaki na oordenahan (batang-bata pa sa pagmiministryo, siyanga) sa umagang ito. Dalawa, ang itim nating mga kapatid na taga-New York, natanggap nila ang kanilang mga kredensyal sa pamamagitan ng iglesya roon sa Philadelphia, at ibinigay ang iglesyang ito bilang kung saan sila nanggaling. At papatungan natin sila ng mga kamay, na pagpalain ng Diyos ang kanilang pagmiministryo sa New York. May dalawa o tatlong munting iglesya tayo roon, sa palagay ko. May isa si Kapatid na Milano sa mga munting grupo roon, at tayo'y . . . pinasasalamatan natin sila. At—at heto ang dalawa pa na hahayo ngayon para gumawa, magdaos ng mga gawain para sa mga tao roon. At kinaluluguran natin—natin ang mga bagay na ito.

²² Pagpalain kayo nang sagana ng Panginoon. Napakarami; tumitingin ako sa paligid at nakikita ko ang iba-iba, at di mo lang matawag ang kanilang mga pangalan, pero alam ko na napag-uunawa Niya.

²³ Ngayon, sa palagay ko, kung ang kapatid nating babae, ang piyanista, o isa sa kanila'y pumarito at tumugtog para sa atin.

Nung ang baga ng Apoy sa propeta'y humipo,
Siya'y sadyang dinalisay na singlantay,
Nung ang Salita ng . . . Tinig ng Diyos ay
magsabing, "Sino ang hahayo?"
Siya'y tumugon, "Heto ako, isugo Mo."

²⁴ Sa puntong ito, oordenahan natin ang mga ministro na ito sa pagpapatong sa kanila ng mga kamay. Ngayon, alam natin na ang batay sa Kasulatang pag-oordena ng isang ministro ay sa pagpapatong ng mga kamay. Sa palagay ko'y diyan nalito ang mga kapatid nating Latter Rain, o mga taga-Battleford, at iba pa, napaglabo-labo nila; at kapag nakikita nila 'yan, 'yang pagpapatong ng mga kamay, ay para raw magbahagi ng espirituwal na mga kaloob. Ngayon, hindi tayo naniniwala na ang mga kaloob ay nanggagaling sa pagpapatong ng mga kamay. Naniniwala tayo na ang isang . . . ang pagpapatong ng mga kamay ay isang pagpapatibay sa bagay na nakita na natin. Kita n'yo? Isa itong, "Amen." Kita n'yo?

²⁵ Ngayon, noong nagpatong sila ng mga kamay kay Timoteo, at sa mga kapatid na 'yun noon, napansin nila sa mga kalalakihan na ito na naroon na ang kaloob. Alalahanin n'yo, "Pagingasin

mo ang kaloob na 'yan na nasa iyo, na mula sa iyong lola Loida." At nakita nila 'yun kay Timoteo, at kaya naman nagpatong ng mga kamay ang matatanda sa kanya at inordenahan siya. Hindi magpatong ng mga kamay sa isang lalaki na wala pa kailanman naipakita, kita n'yo. At hinihiling lang nila ang mga pagpapala. At pinaniniwalaan nating lahat 'yan. Kaya hindi tayo namamahagi ng espirituwal na mga kaloob; napagkikilala lang natin ang mga ito, at papatungan sila ng mga kamay, para pagtibayin sila, na naniniwala tayo na ang Diyos ay gumawa ng ganoong mga bagay para sa mga tao.

²⁶ Napansin ko, ngayong umaga, doon sa pinaka likuran, si Kapatid na McKinney mula . . . sa palagay ko Kinney 'yun o McKinney, ang ministrong Methodist na nakaupo riyang sa likod, na kakaordena pa lang dito, rin, sa palagay ko nga, mula sa entablado; para humayo roon sa Ohio, kasama sina Kapatid na lalaking Dauch at Kapatid na babaing Dauch, at 'yung grupo mula Ohio.

²⁷ Oh, kapag nagkakatipon tayong lahat, na ang mumunting dako na ito'y nagsasama-sama, siyanga't kahanga-hanga po. Walang denominasyon; walang kung anong tali, kundi kay Jesus Cristo lamang, 'yun lang, kita n'yo, haya't "nauupo lamang sa Makalangit na mga dako."

²⁸ Sige na, kapatid na babae, sige't ibigay mo sa amin . . . Haya't awitin natin itong isang talata nun, "Nung ang baga ng Apoy sa propeta'y humipo." Awitin natin 'yun nang sama-sama ngayon.

When the coal of Fire had touched the prophet,
Making him as pure as pure could be,
When the Voice of God said, "Who'll go for us?"
Then he answered, "Here am I, send me."

Speak, my Lord, speak, my Lord,

Ngayon lalapit ang mga kapatid, kung mamarapatin n'yo.

. . . and I'll be quick to answer . . .

²⁹ Hayaan n'yo ang iba pang mga ministrong kapatid na lumapit, kung mamarapatin nila, na magpapatong ng mga kamay sa kanila.

. . . my Lord . . .

Mga katulungan ng tabernakulo rito, Kapatid na Ruddell, Kapatid na Lamb, at sila. *Dito* po, kung mamarapatin n'yo.

. . . and I will answer, "Lord, send me."

(Nang marahan ngayon, kung maaari.)

Oh, millions now in sin and shame are dying,
Listen to their sad and bitter cry;
Hasten, brethren, hasten to their rescue;
Quickly answer, "Master, here am I."

Speak, my Lord, speak, my Lord,

Speak, and I'll be quick to answer Thee;
 Speak, my Lord, speak, my Lord,
 Speak, and I will answer, "Lord, send me."

³⁰ Anong pangalan mo, kapatid? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Orlando Hunt."—Pat.] Kapatid na Orlando Hunt, na taga-New York City. Tama po ba? At Kapatid na . . . [Sinasabi ng isa pang kapatid na lalaki, "Joseph Coleman."] Joseph Coleman.

Ngayon kung maaari kayong humarap sa mga tagapakinig, mga kapatid ko.

³¹ Sina Kapatid na Hunt at Kapatid na Coleman, may pagtawag ng Diyos sa kanilang mga puso. At gaya ng inawit natin, "Milyun-milyon ngayon ang lugmok sa sala't kahihyan, ang nagsisipanaw." Narinig nila ang mapanglaw at mapait na panaghoy na 'yun. At hiniling natin sa kanila: magmadali kayo, mga kapatid, magmadali kayo na sila'y masaklolohan! Kita n'yo, dali-daling tumugon, "Panginoon, heto po ako." Sa ganyang paraan sila tumutugon, sa umagang ito.

³² At tayo, bilang magkakapatid sa iglesyang ito, at grupong ito, ay pinagtitibay ito, sa pagpapatong ng mga kamay sa kanila at pagbibigay sa kanila ng kanang kamay ng pakikisama, para maging mga saksi ni Jesus Cristo, kalakip ang aming suporta rito, na itataguyod natin sila sa lahat ng bagay na marangal at tama, sa Ebanghelyo. Ang ating mga pananalangin ay tuluy-tuloy para sa mga kalalakihang ito, na gamitin sila ng Diyos para pangalan Siya. At nawa ang kanilang mga pagmiminsteryo'y maging sagana at dakila sa New York. Nawa ang kanilang—kanilang buhay ay mapuno ng paglilingkod para sa Kanya, na magdadala ng katangi-tanging mga bigkis papasok sa Kaharian. Nawa mabuhay sila nang mahaba't, masayang mga buhay. Nawa'y bigkisan sila ng Panginoong Diyos ng Kanyang walang hanggang Presensya, at pagkalooban sila ng kalusugan at lakas, at panatilihin sila sa Kanyang gawain hanggang sa tawagin sila ni Jesus Cristo para sa kanilang Walang Hanggang Tahanan sa Langit ng kapahingahan.

³³ Nawa ang kongregasyon dito ngayon. . . habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo, at tayong mga ministro ay lalakad sa harap para magpatong ng ating mga kamay sa kanila.

³⁴ Makalangit naming Ama, ipinapatong namin ang aming mga kamay kay Kapatid na Hunt, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, at gaya nga ng pagkakakilala namin sa kanya, Panginoon, na matuwid. At pinasasalamatang Ka namin para sa katawagan na ito sa kanyang buhay, sa pagmiminsteryo. Panginoon, mangusap Ka po sa pamamagitan ng kapatid na ito, makaakay ng mga kaluluwa, makapagdala ng kalayaan, Panginoon, sa kanila na mga bihag, ng karamdaman at—at bihag sa mental, at pisikal at espirituwal. Panginoon, pagkalooban Mo po siya ng isang tunay na pagmiminsteryo, nang sa gayon siya,

sa dulo ng kanyang daan, ay magbalik-tanaw siya sa mahabang tahakin na 'yun at makita na nagawa niya, sa biyaya ng Diyos, na dakipin ang bawat kaaway. Sa pamamagitan ni Jesus Cristo na aming Panginoon, ay hinihiling namin ito. Amen.

³⁵ Kay Kapatid na Coleman ay ipinapatong din namin ang aming mga kamay, bilang mga saksi, Panginoon, para pagtibayin ang pagkatawag sa kanya, na kami, ang iglesyang ito, ang grupo na ito ng mga tao, ay naniniwala sa kanya bilang isang lingkod ni Cristo. At hinihiling namin na Iyong pagpalain siya at pagkalooban siya ng isang dakila't, makapangyarihang pagmiminsteryo, na siya'y makaakay ng mga kaluluwa para sa Iyo, Panginoon, at palayain ang bihag, at—at gibain ang mga kapangyarihan ni Satanas, sa palibot ng mga buhay ng mga tao na kanyang kinauugnay. Iyong ipagkaloob sa kanya, Panginoon, ang isang mabungang buhay, mabuting kalusugan at kalakasan. At, gayundin, sa pagsapit niya sa dulo ng daan, Diyos, Iyo pong ibunsod na makabalik-tanaw siya sa isang mahabang tahakin at makita kung saan, sa pamamagitan ng biyaya ni Jesus Cristo, ay nagawa niyang sirain ang bawat gapos ng kaaway, para parangalan ang Diyos.

³⁶ Makalangit na Ama, nawa ang mga kalalakhian na ito ngayon ay puspusan mismong mamumuhay at magtrabaho sa anihan ng Diyos. Nawa ang Iyong mga pagpapala'y sumandig sa kanila at mamalagi sa kanila hanggang sa oras na kaming lahat ay magkakatiapon sa paanan ng aming dakilang Panginoon. Sa Pangalan ni Jesus Cristo ay hinihiling namin ito. Amen.

³⁷ Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Hunt, mapagkalooban ka nawa ng isang mabungang pagmiminsteryo. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid, at pagkalooban ka nawa ng isang—isang mabungang pagmiminsteryo, rin. Pagpalain kayo ng Diyos. Muli:

When the coal of Fire had touched the prophet,
Making him as pure as pure can be,
When the Voice of God said, "Who will go for
us?"

Then he answered, "Here am I, send me."

Oh, speak, my . . . (Nawa'y mangusap Siya sa
mga puso ng maraming kabataan.) . . . speak,
my Lord, (Tinawag ng Diyos!)

. . . and I'll be quick to answer Thee;

Speak, my Lord, speak, my Lord,

Speak, and I will answer, "Lord, send me."

³⁸ Ganoon na lamang ang pasasalamat natin sa Panginoon sa umagang ito para sa dakilang karangalan na ito, ng iglesya na nakasaksi sa pagpapadala ng mga ministro sa dako ng paghahayo sa huling araw na ito. Ang Biyaya ng Diyos ay sumama sa inyo, mga kapatid ko! Umaasa ako na isusugo

Niya kayo sa banyagang mga dako at sa palibot ng mundo, na ipinapangaral ang di malirip na mga kayamanan na ito ni Jesus Cristo, sa dako na ito'y kailangang-kailangan talaga. Matindi ang pangangailangan, ganyan na ganyan nga ang mundo sa panahon ngayon.

³⁹ Ngayon, napakayaman nga ng mabubuting bagay na ito, sadyang kukuha lang tayo ng kaunti *rito* at kaunti *roon*, para magawa natin itong lahat sa gawain sa umagang ito. Ngayon tayo'y . . . Ako'y mangungusap tungkol sa isang paksa na aking . . . Kung minsan ayaw kong talakayin ang tunay na teribleng mga panahon na ito.

⁴⁰ Ngayon, noong nakaraang Linggo, kung may ilan sa inyo ang wala rito at—at di napakinggan 'yung Mensahe ukol sa *Ang Ikatlong Exodo*; at kung gustung-gusto n'yo ng mga teyp, naniniwala ako na masisiyahan kayo sa isa na 'yun, *Ang Ikatlong Exodo*.

⁴¹ Anong mayroon tayo rito ngayon, isang batang lalaki na may sakit, o kung ano? Oh, isang munting, lumpong batang lalaki. Sige. Nawa'y pagpalain siya ng Diyos. Hayan nga. Sige. Sa dulo mismo ng gawain, mananalangin tayo para sa mga maysakit, ano't anuman, kita n'yo. Kaya tayo, ngayon, tayo'y . . .

⁴² Hinihiling namin sa inyo, marahil kung magagawa n'yo, kumuha kayo nung Mensahe, ukol sa *Ang Ikatlong Exodo*, ang ikatlong beses na ang Liwanag, ang Anghel ng Panginoon na tumawag sa mga tao palabas sa isang exodo, ay pinakita ang Kanyang Sarili nang hayagan sa lupa, sa isang exodo. Kita n'yo? Iniisip ko na 'yun nga'y tunay na katangi-tangi, para sa akin: ang ikatlong exodo!

⁴³ Tutul pa ba kayo na hubarin ko lang itong amerikana ko? [Sinasabi ng kongregasyon, "Hindi."—Pat.] Napakainit po sa tabernakulo ngayong umaga, at ang tanging aircon natin ay—ay 'yang pagpapaypay n'yo. Kayo mismo ang magpapaandar ng sarili n'yong pagpapaypay. Kaya pinaplano na natin, na balang araw, makapaglagay ng cool system dito, sa lalong madaling panahon kapag naayos na natin ang mga bagay-bagay.

⁴⁴ Ngayon, ikagagalak namin, kung inyong—kung inyong nais na—na mapakinggan ang Mensaheng, *Ang Ikatlong Exodo*. Ngayon, nagkaroon na tayo ng maraming exodo, pero magagawa nating ipuwesto ang kamay natin sa partikular na dako, panahon, ng tatlong exodo na ang Diyos, sa anyo ng Haliging Apoy, ay bumaba para tawagin at ibukod ang bayan. At ngayon ibinubukod na nito ang isang bayan.

⁴⁵ At nasumpungan natin, na noong tumawag Siya sa Kanyang unang exodo, nanguna Siya sa harapan nila sa isang Haliging Apoy, at pinangunahan sila sa . . . pinapangunahan sila sa isang lupain kung saan kalaunan ay nagpakita Siya sa harapan nila, sa anyo ng isang Tao na nagngangalang Jesus Cristo. Nanggaling

Siya sa Diyos, at nagtungo sa Diyos. At ang... pagkatapos Siya'y tinanggihan. At dumating Siya pagkatapos para tumawag ng isang bayan palabas ng isang—palabas ng isang pormal na kalagayan na kinasadlakan nila, gaya nila dun noon sa Egipto, na nagpaubaya sa daan ng kasalanan at sa—at sa mga gawi ng mga Egipcio. At tinawag sila ng Diyos palabas.

⁴⁶ At ngayon nasumpungan natin, sa ikalawang pagkakataon, nagpaubaya sila sa ilalim ng pagbibihag ng isang—isang Romanong Imperyo. At napadpad sila sa mga kredo't napalayo mula sa tunay na taos-pusong pagsamba, at ang Diyos ay nagpadala muli ng panibagong exodo. At ang... Siya'y nagpakita sa anyo ng isang Tao na nanguna sa mga tao.

⁴⁷ Sa unang exodo, Siya'y isang Haliging Apoy. Pagkatapos, noong pumarito Siya sa lupa, sa lupain kung saan Niya sila pinangunahan noon. Siyanga't isang magandang tipo ng mangyayari sa Milenyum, kung saan Kanyang pinangungunahan ang Iglesya ngayon. “Makikita natin Siya bilang Siya, at magkakaroon tayo ng isang katawan na gaya ng Kanyang Sariling niluwalhating katawan.”

⁴⁸ At ngayon, sa pamamagitan ng Liwanag ng Ebanghelyo na naaaninag mula sa isang Liwanag, isang Haliging Apoy na nakikita sa kalagitnaan natin! Nakita Ito mismo ng siyensiya. Naroon Ito sa mga magasin, at sa buong mundo. At Ito, sa parehong siyensiya at espirituwal na paraan, ay kinilala bilang ang siya ring Haliging Apoy, sa pamamagitan ng siya ring mga tanda't siya ring mga bagay na ginagawa Nito noon sa tuwina. At ngayon sa gitna ng panahon kung kailan napakaraming panatissimo't mga bagay-bagay, sa kabila nun, ipinapakilala sa tuwina ng Diyos ang Kanyang Sarili. Ngayon masusumpungan natin ito.

⁴⁹ At isa ngang maluwalhating bagay ang malaman na, “Itong tabernakulo na ito na ukol sa lupa, balang araw,” itong matandang mahinang katawan na ito na tayo'y nagkakasakit at nagdadalamhati, “ay babaguin at gagawing gaya sa Kanyang Sariling maluwalhating katawan; pagkatapos makikita natin Siya bilang Siya,” at sasa Kanya sa Lupain na patutunguhan natin ngayon. Oh, ako'y... halos ibinubunsod tayo na nais nating tumayo at umawit ng *I Am Bound For The Promised Land*. Marahil aawitin nila 'yan sa gawain ng pagbabautismo, siyanga naman, dahil 'yan ang awit natin ng pagbabautismo.

⁵⁰ Ngayon sa mga kapatid, kapwa rito at sa mga dako na maaabot ng mga teyp, at 'yan po'y sa buong mundo. Itong Mensahe na ito'y hindi dinidirekta sa sinumang partikular na indibiduwal. At ayaw nating isipin ng mga tao na para bang angkan-angkan tayo, o pangkat ng mga panatiko na pinagtipon-tipon ang ating mga sarili na magsama-sama, “para ibukod ang ating sarili, tila ba, na wala ang Pananampalataya,” o ihiwalay

ang ating sarili laban sa kaninuman, o—o laban sa Diyos, o laban sa Iglesia. Tayo’y para sa Iglesia. Pero ang tanging ipinupunto lang natin, sa pamamagitan ng Espiritu Santo at Kanyang lingap, ang dahilan para sa segregasyon na ito na mayroon tayo ngayon. Tayo, tayo nga’y di naniniwala sa ganoon.

⁵¹ Naniniwala tayo na ang lahat ng iglesya’y marapat lang na magbuklod-buklod sa sama-sama, hindi bukod-bukod; na ang Methodist sa kanilang grupo, ang mga Baptist sa kanilang grupo, at ang Oneness, at ang mga Trinitarian, at kung ano pang mayroon tayo, na lahat ay hiwa-hiwalay. Naniniwala tayo na dapat sama-sama ito, bilang isang malaking nagkakaisang grupo ng Katawan ni Jesus Cristo, na hinihintay ang maluwalhating Pagdating na ’yun. Hindi dapat sila hiwa-hiwalay, kung tutuusin.

⁵² At ang bagay na naghihiwalay rito, mangyari nga na may pinag-uugatang dahilan kung bakit hindi tayo sama-sama. Sa pag-aaral nito, napagtanto ko, sa pag-aaral nito, hindi ’yung kulay ng balat natin; dahil, dilaw, itim, kayumanggi, at puti, na lahat ng ito’y hiwa-hiwalay sa iba’t ibang mga organisasyon. Hindi rin sa uri ng pagkain na kinakain natin; pare-pareho tayo ng kinakain na pagkain. Pare-pareho ang sinusuot nating uri ng mga damit, at kung ano pa. Pero nakikita ko nga ang pinag-uugatan nito, haya’t ang tao ay nalihis sa tinatahak na daan ng pagtuturo ng Ebanghelyo, ang bawat tao.

⁵³ At marapat lang na may kung anong paraan para tahasang maipakita kung alin ang tama at mali. At ang tanging paraan para magawa mo ’yan, ay ang huwag maglagay ng anumang interpretasyon sa Salita, basahin lamang Ito sa kung ano Ito at sampalatayanan Ito sa ganoong paraan.

⁵⁴ Bawat tao kasi’y naglalagay ng isang, sariling interpretasyon, ibinubunsod Ito na magsabi ng bagay na iba, na tumutugaygay lang pabalik sa orihinal na organisasyon ng iglesyang Katoliko. Na, ang iglesyang Katoliko ay naniniwala na ang Diyos ay nasa Kanyang iglesya, “At walang kinalaman ang Salita rito; at ang Diyos ay nasa Kanyang iglesya.”

⁵⁵ At tayong mga Protestante, gaya ng nasumpungan natin, at doon sa Apocalipsis 17, na lahat sila’y pinagtumpok-tumpok na sama-sama, at ang iglesyang Katoliko ang “ina” ng lahat ng mga organisasyong ’yun. At nakikita natin na ang organisasyong Protestante, na siya ring bulag, bulag, ay may kaparehong kalikasan ng iglesyang Katoliko. Tinatawag ng Biblia ang iglesyang Katoliko na isang “patotot,” at tinatawag ang iglesyang Protestante na “mga patotot,” sinasabi na ang patotot ang “ina ng mga patotot.” At ’yun nga’y mga tao, ’yun po’y isang babae na masama ang reputasyon na hindi namumuhay nang tapat sa kanyang mga panata ng kasal.

56 At lahat tayo'y nag-aangkin na Nobya ni Cristo, at sa kabila nun ay bulaan. Anong nagbubunsod nung kabulaanan? Sa pamumuhay nang kontra sa—sa disiplina na inilatag ng Diyos na dapat ipamuhay ng Kanyang Nobya. Yan po ang opinyon ko, ang Biblia, at Ito ang di-nagkakamaling Salita ng Diyos, naniniwala ako.

57 At, kaya naman, nasumpungan natin ang iglesyang Protestante, na para magkaroon ng isang organisasyon, ay inihiwalay ang sarili nito mula sa Mga Kasulatan, para bumuo ng organisasyon nito. Mga ministro, naordenahan, sila'y manghahawakan sa mga bagay na kanilang. . .

58 Ngayon, nagpupunta sila sa opisina ko at sa mga silid, na daan-daan ang bilang, at sinasabi sa akin, “Kapatid na Branham, inilalagay mo ang mga hamon na 'yun sa mga tao. Wala ngang tatayo roon laban Diyan. Alam nilang Katotohanan 'yan.”

Aba, sabi ko, “Bakit, bakit di mo magawa?”

59 “Buweno, kita mo, kung gagawin ko, mamamalimos na ako ng tinapay ko. Walang sinuman. . . May pagmiministeryo ako. Kinakailangan kong dumulog sa Panginoon, at kinakailangan kong dumulog sa mga tao. At walang tataguyod sa akin.”

60 Hindi n'yo ba napagtatanto na si Cristo ang siyang tumataguyod sa atin! Ang Biblia ang tumataguyod sa atin. Kita n'yo?

61 Pero, heto, kita n'yo, hayan nga na inilalagay n'yan ang—ang iglesyang Protestante na maging eksaktong kapareho mismo ng iglesyang Katoliko.

62 Walang pakialam ang iglesyang Katoliko. . .Buweno, hindi ko sinasabi. . .Ayaw kong maging magaspang ang labas ko, para sabihin na wala silang pakialam sa sinasabi ng Biblia. Naniniwala sila—naniniwala sila sa Biblia, pero, kita n'yo, mayroon silang. . .Nakabase kasi ang iglesyang Katoliko sa apostolikong paghahali-halili. Yung paghahali-halili ng mga papa, at tinatawag si Pedro na unang papa, at paghahali-halili na ang mga kasunod pa. Ngayon, sila, pinaniniwalaan nila 'yun. Sila, mariin nilang pinaniniwalaan 'yan.

63 At ang Protestante, kita n'yo, sila'y—sila'y nagtitipon nang sama-sama at may organisasyon na kagaya mismo ng ginawa nila noon sa Nicea, Roma, kung saan inorganisa nila ang—ang iglesyang Katoliko sa pamamagitan ng. . .doon sa Konseho ng Nicea. At nalaman natin na kapwa sila pareho. Kapwa sila pareho. Iniwan nila ang Salita ng Diyos, para gumawa ng isang organisasyon. Kita n'yo? At pagdating sa maraming dakilang mga Katotohanan na para bang kakatwa sa panahon ngayon, Ito nga'y kakaiba sa kanila, dahil tinuruan lamang sila sa pamamagitan ng rituwal.

64 Wala tayong rituwal kundi ang Biblia. Wala tayong anumang bagay kundi ang Banal na Salita ng Diyos, at Doon tayo naninindigan.

65 At ngayon, ngayong araw, nais kong bumasa ng ilang Kasulatan, pansumandali, mula sa banal, na sagradong Salita ng Diyos, na matatagpuan sa Aklat ni San Lucas. Sa ika-23 kabanata ni San Lucas, bilang basehan, maglatag ng—ng batayan sa bagay na nais kong—nais kong sabihin, isang payak na kaisipan sa bagay na nais kong ipangusap. At sige't bumuklat kayo ngayon sa San Lucas, sa ika-23 kabanata, at nais kong bumasa ng isang talata. Yun ang buong kailangan ko bilang basehan para sa umagang ito, na pagbabatayan. Ngayon basahin natin ang ika-20 . . . ang ika-23 kabanata, ang ika-33 talata ng ika-23 kabanata.

At nang sila . . . dumating sa dakong, tinatawag na Kalbaryo, ay kanilang ipinako roon siya sa krus, at ang mga tampalasan, isa sa kanan, at isa sa kaliwa.

66 Ngayon nais kong kumuha ng apat na salita mula rito, mula sa pagbasa na 'yan, bilang basehan ng bagay na nais kong sabihin, “doon kanilang ipinako Siya,” apat na salita. At ngayon ang paksa ko ay tinatawag na . . . Ako—ako'y magdadala ng isang pagsasakdal sa mga iglesyang denominasyon ng panahong ito, at maging sa maraming mga independiyente, dahil sa pagpapako kay Jesus Cristo muli nang panibago sa panahong ito. Isinasakdal ko sila! Sa umagang ito, tinatawag itong: *Ang Pagsasakdal*.

67 At nais kong parang gamitin ito na para bang nasa isang bulwagan ng korte, kung saan may . . . At kung tutuusin, ang pulpito at ang simbahan ay isang korte. Sinabi ng Biblia, “Ito'y isang luklukan ng paghatol, na—na marapat itong magsimula sa bahay ng Panginoon.” At para itong 'yung—'yung luklukan at 'yung—'yung hurado, at 'yung mga saksi, at iba pa. At mayroon ako, ngayong araw na ito, bilang saksi ko, ang Salita ng Diyos.

68 At ang pagsasakdal ko ay laban sa mga iglesya ng panahong ito. Ngayon hindi ko—hindi ko sinasama rito ang makasalanan. Sa iglesya lamang ako nangungusap ukol dito. At ito'y—ito'y mairerekord sa—sa mga teyp ngayon, at sisikapin ko—sisikapin kong matapos ito nang simbilibis na makakaya ko. Isinasakdal ko ang henerasyong ito dahil sa ikalawang pagpapapako kay Jesus Cristo.

69 At ngayon para gawin ito sa kapanahunang ito na kinabubuhayan natin, para magawa ko—magawa ko ito, kinakailangan kong magpakita ng ebidensya. Kung magdadala ako ng isang pagsasakdal, kinakailangan mong magpakita ng ebidensya na may pagkakasalang kriminal na nagawa. Akin—akin ngang, para maisakdal sila, kinakailangan kong—kong magdala ng—ng ebidensya para patunayan ito, na ganoon 'yun,

na ang sinasabi ko ay makatatayo sa harap ng pangunahing Tagahatol. Na, haya't ipinapalagay ko ang sarili ko na isang abogado sa . . . ukol sa pagsasakdal na ito. Na, ang Salita ng Diyos, bilang saksi ko, ay isinasakdal ko ang henerasyon na ito dahil sa pagpapapako na 'yun sa krus.

⁷⁰ Kinakailangan kong maipakita, at ipapakita ko, na ang siya ring espiritu ay nasa mga tao ngayon na nagdala ng unang pagpapapako, at ginagawa ang siya ring bagay. Kinakailangan kong—kong gawin 'yun, kung magiging ukol sa pagpapapako sa krus, na sila ang nagpapako. Kinakailangan kong maipakita sa mga—mga tao na ang parehong saloobin ng mga tao sa panahon ngayon ay ginagawa ang siya ring bagay, sa espirituwal, na kanilang ginawa sa pisikal noon. Kanilang ipinako sa krus, sa pisikal, si Jesus Cristo, na Anak ng Diyos. At ngayon, sa panahon ngayon, sa pamamagitan ng siya ring Salita, at sa pamamagitan ng—ng siya ring Espiritu Santo at siya ring Salita, ninanais ko—ninanais ko na maipakita sa mga kaiglesyahan na diyan—diyan ang dako kung saan sila nakatayo, na ginagawa nila ang siya ring bagay ngayon, at sinabi ng Biblia na talagang gagawin nila ito, at pinapatunayan na ito ang araw na kanilang kinabubuhayan.

⁷¹ Hindi ito maaaring magawa mga ilang taon ang nakararaan. Sinasabi ko, na limampung taon ang nakararaan ay hindi ito maaaring gawin, pero ngayon ito nga'y napapanahon mismo. At hindi ito maaaring magawa, marahil, sampung taon ang nakararaan, pero magagawa na ito ngayon dahil ang—ang oras ay paubos na. Nasa—nasa huling panahon na tayo. At naniniwala ako, bilang Kanyang lingkod, na tayo'y—tayo'y papatawid na mula sa lupaing ito, patungo sa Panibago.

⁷² Kaya naman, ang oras para magsisi, ang isang bansa, ito'y wala na. Naniniwala ako na ang bansang ito'y hindi na makapagsisisi pa. Naniniwala ako na nilampasan na nito ang hangganan sa pagitan ng awa at hatol. Naniniwala ako na umaampang-ampang na siya sa balanse.

⁷³ “Kapatid na Branham, bago mo simulan ang kaso mo, paano mo patutunayan 'yan?”

⁷⁴ Heto mismo, na tayo'y salarin sa siya ring mga pagkakasala na dahilan kung bakit winasak ng Diyos ang mundo, noong panahon na winasak ang mundo ng pangmalawakang baha. Salarin tayo sa siya ring mga pagkakasala na dahilan kung bakit winasak Niya ang Sodoma at Gomorra. At, ngayon, nasa atin na rin ang lahat ng siya ring espirituwal na ebidensya na nakalatag dito sa harapan natin, lahat ng siya ring espirituwal na ebidensya, na alam na alam sa buong mundo, na nagdala pababa ng mga kaawaan ng Diyos sa mga henerasyon na 'yun. Na, kalakip nun, ang tanggihan, ay magdadala ng kahatulan. Kaya kung tinanggihan ng henerasyon na ito ang siya ring habag na hinamak noong mga panahon na 'yun noon, ang Diyos nga'y

magiging di-makatuwiran kung hahayaan lang sila na hindi mahatulan.

⁷⁵ Gaya ng sinabi ni Jack Moore, na kaibigan ko, minsan sinabi niya, “Kung ang bansang ito ay hahayaan lang na di nakakatanggap ng parusa mula sa Diyos, kung ganoon ang Diyos ay obligado na ibangon ang Sodoma at Gomorra at humingi ng tawad sa pagkakatupok sa kanila.”

⁷⁶ Ngayon, alam natin na sa espirituwal ay ginagawa nila ang siya ring bagay ngayon, dahil ginagawa rin nila ito, siyanga, para sa siya ring layunin, at sa siya ring kaparaanan na ginawa nila noon sa pagpapapako sa Panginoon sa krus, sa pisikal. Ginagawa nila 'yun dahil sa pananaghili, dahil sa espirituwal na pagkabalag. Na, ayaw nilang makakita. Ayaw nilang pakinggan Ito.

⁷⁷ Si Jesus, sa Kanyang paglalakbay rito sa lupa, ang sabi Niya, “Buweno hindi ba't nagsaysay sa inyo si Isaias, 'Mayroon kayong mga mata at hindi nakakakita, at mayroong mga tainga at di makarinig.'” Kita n'yo?

⁷⁸ Ang siya ring dahilan, ang siya ring—ang siya ring layunin at siya ring mga kadahilanan, ibinubunsod nila ang pagpapapako kay Cristo muli, nang panibago, (na dadakuan natin mayamaya), para sa siya ring mga dahilan na ginawa nila 'yun noon.

⁷⁹ Wala silang mahanap na anumang laban Dito. Ayaw nilang tangkain na subukang hamunin Ito. At alam kasi nila na nariyan ang ebidensya. At alam kasi nila na sinasabi 'yun mismo ng Biblia. At ang tanging bagay na magagawa nila ay lapastanganin Ito. Ganoon mismo. Kaya naman, haya't ang lahat ng ito, parehong mga kadahilanan.

⁸⁰ Ang ngayon, sa basehan na ito, hinahamon ko ang henerasyon na ito dahil sa pagpapapako kay Jesus Cristo sa krus; para sa isang pagpapapako, at may sala; na may marurumi't, napakasama't, makasariling, makadenominasyong mga kamay ay ipinako ang Prinsipe ng Buhay na nais lamang ihayag ang Sarili Nito sa mga tao.

Sasabihin n'yo, “Ang siya ring Persona mismo?”

⁸¹ “Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagsalaman, at inihayag ang Sarili Nito.” Nahayag ang Salita sa laman, at hinatulan nila ang laman at ipinapatay ito, dahil ang Salita'y nahayag. Sa Mga Hebreo 13:8, sinasabi, “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Yun nga'y ang siya ring Salita. Kita n'yo? At, para sa siya ring dahilan, tinatangka nilang ipako ang Salita.

⁸² Ngayon, sa aking teksto, para himay-himayin ang paksa na nais kong talakayin. “Doon,” ang apat na salita, sige't ipaliwanag natin, “doon.” “Doon,” ang pinaka banal na siyudad sa mundo, ang Jerusalem. “Doon,” ang pinaka relihiyosong

siyudad sa mundo. Doon, “kanilang,” ang pinaka relihiyosong tao sa mundo, sa isang relihiyosong kapistahan, ang kapistahan ng Paskwa. “Doon,” ang pinaka relihiyosong dako, ang pinakarelihiyosong siyudad, ang—ang pinakadakila sa lahat ng mga organisasyon, ang ulo ng lahat ng ito. Doon, “kanilang,” ang pinaka relihiyosong tao sa buong mundo, ay nagkatipon-tipon mula sa buong panig ng mundo. Kanilang “ipinako,” sa pinaka kahiya-hiyang kamatayan na maaari, na mapapaslang, na ang isang tao ay mapapaslang; hubad, hinubaran Siya ng damit. “Siya’y—Siya’y hinamak sa kadustaan.” Kanilang... Yung krusipiho’y may—may—may basahan pa na nakabalot sa Kanya; pero kanila ngang hinubad mismo mula sa Kanya ang Kanyang mga damit. Pinaka kahiya-hiya!

⁸³ “Doon,” na pinaka relihiyosong siyudad, “sila,” na pinaka relihiyosong tao, “ipinako,” sa pinaka kahiya-hiyang kamatayan, “Siya,” ang pinaka kalugud-lugod na Tao. Kung hindi nga ’yan sapat para hatulan ang henerasyong ito!

⁸⁴ “Doon,” ang pinaka relihiyosong organisasyon, ang pinaka malaki sa lahat ng mga kaiglesyahan na nagtipon-tipon nang sama-sama sa isang lugar. “Sila,” ang pinaka relihiyosong tao sa lahat ng mga lahi, mga tao na dapat sana’y mga mananamba mismo ng Diyos. Nagkatipon-tipon sila sa pinaka dakilang banal na kapistahan, ang paglilinis ng...ang Paskwa, noong dalhin sila palabas ng pagkaalipin patungong kalayaan. At “doon” sa panahon na ’yun, “sila” nung panahon na ’yun, ang pinaka relihiyosong mga tao, sa pinaka relihiyosong kapistahan, sa pinaka relihiyosong lugar, ay ibinunsod ang Prinsipe ng Buhay sa pinaka kahiya-hiyang bagay na magagawa, na lubusang hubaran ang isang Tao at ibinitay Siya sa isang puno. Dahil, “Masumpa siya,” ang sabi ng batas na sa pamamagitan nun ay sumasamba sila, “masumpa siya na binibitay sa isang punong kahoy.” “At Siya’y pinaging sumpa para sa atin.” Lubusang hinubad ang Kanyang mga damit, pinaghahampas Siya, at tinuya-tuya Siya, ang mismong Diyos ng Langit; hinubad ang Kanyang mga damit mula sa Kanya, at ipinako Siya sa isang krus. Siya! “Doon kanilang ipinako Siya,” sa ilalim ng parusang kamatayan ng Romano.

⁸⁵ Ang pinaka kahiya-hiyang kamatayan ngayon ay hindi ang mabaril. Ang pinaka kahiya-hiyang kamatayan ngayon ay hindi ang masagasaan ng sasakyan at mapatay, malunod sa tubig, masunog sa apoy. Anupa’t ang pinaka kahiya-hiyang kamatayan sa panahon ngayon ay parusang kamatayan sa harap ng publiko, kung saan ang buong mundo’y hahatulan ka’t tatawagin kang may sala.

⁸⁶ At itinuro ng buong mundo ang kanilang mga kamay sa Lalaking ito at tinawag Siyang may sala, gayong Siya’y inosente. At namatay Siya sa ilalim ng kaaway, (hindi ng Kanyang mga kaibigan, hindi ng Kanyang mga batas), kundi sa ilalim ng

pagpapapako ng kaaway. Ang Prinisipe ng Buhay, ang pinaka katangi-tanging Tao na nabuhay kailanman, o mabubuhay kailanman, si Jesus Cristo. “Siya,” na pinaka katangi-tanging Tao! Ilagay n’yo ’yan sa isip n’yo ngayon habang bumubuo tayo mula sa batayan na ’yan ngayon.

⁸⁷ Maiisip n’yo ba, sa isang dako na gaya ng Jerusalem, kung saan sa loob ng dalawampu’t limang daang taon, o higit pa, ang mga tao. . . o daan-daang taon. Medyo nahabaan ko marahil. Marahil mga walo o siyam na raang taon, o mga ganoon. Hindi ko lang alam kung gaanong kahaba mismo, kung ano ’yung agwat, mula sa panahon na itinayo ni Solomon ang templo. Naiisip ko, mga walongdaang taon, o parang ganoon.

⁸⁸ At naghihintay sila para sa isang parating na Mesiyas. Nagkatipon-tipon sila roon para sa pagsamba sa Paskwa. Bulayin n’yo mismo ’yun ngayon! Ang pinuno ng lahat ng mga Fariseo, Saduceo, at mga-tulad-nun, naroon sa isang malaking katipunan, para sambahin ang Diyos. Ang pinaka banal na dako, ang Jerusalem, na templo ng Panginoon, at ang bayan ng Panginoon, haya’t dinala ang Panginoon Mismo at ipinako Siya sa krus, sa parusang kamatayan. Grabe!

⁸⁹ Ngayon ang apat na salita na ’yan, sila, “Doon kanilang ipinako Siya.” Ngayon, maipapakita n’yo mismo sa Biblia, kita n’yo. Apat na salita lang ’yan, pero sinusuma ng Biblia ang mga Katotohanan Nito.

⁹⁰ Ngayon ako, kinakailangan kong palawigin, ipaliwanag ang bagay na sinasaysay ko, pero ang Biblia nga’y di kailangang magpaliwanag ng anuman. Ito nga’y buong Katotohanan, kaya di kailangang magpaliwanag ng anuman ang—ang—ang Biblia. Hindi Nito—hindi Nito kailangang ipaliwanag ito, dahil Ito’y buong Katotohanan.

⁹¹ Heto ang apat na salita ng dakilang serye ng Katotohanan Nito. Sisikapin kong ipaliwanag Ito. At para masakap na maipaliwanag Ito, nang malinaw, haya’t makagagawa ka nga ng isang silid-aklatan. Walang paraan para maipaliwanag ko ang apat na salitang ’yun. Pero ngayon gawin natin, sa tulong Niya Na naging dahilan para Ito’y masulat, ay sikapang maipaliwanag ang apat na salitang ito, para madala sa isang kaparaanan na mauunawaan ito ng mga tao.

⁹² Itong mayroon tayo sa harap natin ngayon, narito ang unang pagpapapako sa krus na nakalatag sa harap natin; sa pinaka banal na *dako*, pinaka relihiyosong *mga tao*, pinaka kahiya-hiyang *kamatayan*, ukol sa pinaka katangi-tanging *Tao*. Oh, isa ngang kontradiksiyon. Naku, oh, naku, kadusta-dusta!

⁹³ Ngayon talakayin natin, unang-una, ’yung unang salita, “doon.” Pag-usapan natin ito nang kaunting minuto bago natin dalhin ang pagsasakdal. Hihimayin natin ito at ipapakita sa inyo kung anong ginagawa nila noon, pagkatapos malalaman

natin kung ang pagsasakdal ko ay wasto o hindi. “Doon,” sa Jerusalem, ang pinaka banal na payak na dako, dahil naroon ang templo; pinaka banal na dako mismo, dahil, ito, ang templo, ay naroon. At ang mga Judio mula sa buong palibot ng mundo’y nagkakatipon sa isang lugar na ito, na isang pinagtitipunang dako para sumamba. Ang pinaka . . . pinaka dakilang dako para sumamba na mayroon noon, ay sa Jerusalem. Naroon ang templo. Haya’t, “Nasusulat, ‘Ang lahat ng tao’y marapat na sumamba doon sa Jerusalem,’” buweno, dahil ’yun ay isang sentro para sumamba.

⁹⁴ At sa panahon ngayon maririnig mo sila, may isa sa kanila na magsasabi, sila, “Oh, dumadalo tayo sa naglalakihang mga kombensyon na ito,” kung saan ito ginaganap ng mga denominasyon. At—at pagkatapos mayroon tayo nung—nung pagbubukas ng . . . Sa Vatican City, at—at itong pag-oordena ng mga papa, at iba pa. Sila, sinasabi ng lahat, “Kinakailangan nating lahat na magpunta sa campground ng mga Methodist, o sa—sa kombensyon ng Bible Baptist.” O—o, “Kinakailangan nating lahat na magpunta sa—sa Roma, at doon nga’y may malaking sentro,” na tinatawag nila na, “ukol sa Cristianismo.”

⁹⁵ Noong panahon ng huling digmaan, noong bumagsak ang Roma, ang mga sundalong Aleman . . . Marami sa inyo na mga kalalakihan ay alam ang tungkol dito. Nakaabot ang mga sundalong Aleman sa Vatican City roon, at pinapaputukan ang mga Amerikano habang sila’y sumusulong. Sina Kapatid na Funk, at Kapatid na Roberson, at marami pa, at si Kapatid na Beeler, at marami sa mga kapatid na naroon noon nung digmaan, ay nalalaman mismo. At alam n’yo ba? Nagpalabas tayo noon ng utos na hindi sila maaaring magpapatok dun sa siyudad. Mga Amerikano, tumayo kayo roon, at kayo’y naging tudlaan nila. Pero doon sa West- . . . ang Westminster Abbey sa . . . sa Inglatera, maaari kayong magpapatok at ayos lang; doon nagkakatipon ang mga Protestante. Haya’t ayos lang magpapatok dun, pero hindi maaaring magpapatok sa Vatican. Dahil, gaya nga ng sinabi ni Presidente Roosevelt . . . Napakinggan ko ang talumpati niya noong kanyang—kanyang isahimpapawid ’yun nung gabing ’yun, na tinawag na, Talastasan Sa Tabing-Apoy. Sabi niya, “Noong bumagsak ang Roma,” ang sabi niya, “nakakadismaya, dahil ang Roma ang ulo ng buong sangka-Cristianuhan.” Maiisip n’yo ba ang isang Protestante na sasabihin ’yan?

⁹⁶ Kaya ang dakilang sentro ng Cristianong relihiyon, buweno, ipapalagay natin—ipapalagay natin ’yan na parang Jerusalem, kung nais n’yo. Kung nais n’yo, ilagay natin ’yan sa Jerusalem. Ang pinuno ng lahat ng iba pa, ng—ng—ng mga Sanedrin, at—at ng mga Fariseo, at ng mga Saduceo, lahat sila’y nagtungo sa Jerusalem. Yun mismo ang punong himpilan.

⁹⁷ At sa organisasyong buhay, kikilalanin mo nga na ang Iglesyang Romano Katoliko ang ina ng lahat ng ito. Tunay

nga. At nagsimula 'yun mula Pentecostes. Doon nga sa panahon na 'yun sila naorganisa. Ngayon tayo, na mga Protestante, ay mumunting magkakapatid na babae mula sa iglesyang 'yun. At ngayon sabihin natin na dun 'yun sa Vatican, sa panahon ngayon.

⁹⁸ Oh, doon sa Jerusalem, gaya nung panahon na 'yun noon, “Na ang lahat ng tao’y marapat na pumunta ng Jerusalem para sumama...o sumamba.” Bakit nila ginawa 'yun noong panahon ni—ni Jesus? Bakit nila sinabi na ang lahat ng tao’y kinakailangan sumamba doon sa Jerusalem? Dahil, may nag-iisang dako lang na ang Diyos ay makikisama sa tao, 'yun ay sa ilalim ng dugo ng hain. Yan ang dahilan kung bakit kailangan nilang magpunta sa Jerusalem.

⁹⁹ Hindi kailanman kakatagpuin ng Diyos ang tao saanmang dako maliban na sa ilalim ng Dugo. Kapag tinanggihan mo ang Dugo, kung ganoon aalisin ang dakong tagpuan mo sa Diyos. Nagpasya ng unang desisyon ang Diyos doon sa halamanan ng Eden, na sasambahin lamang Siya ng tao sa ilalim ng nabubong dugo ng hain. At 'yun lang ang tanging dako na kakatagpuin ng Diyos ang tao noong panahon na 'yun, at 'yun lang ang tanging dako na kinatagpo ng Diyos kailanman ang tao noon.

¹⁰⁰ At 'yun ang tanging dako na kakatagpuin Niya ang tao sa panahon ngayon, diyan nga sa ilalim ng nabubong Dugo ng Hain. Kita n'yo? Di ko alintana kung kayo man ay isang Methodist, Baptist, Presbyterian; kung iwawaglit n'yo ang mga pagkakaiba n'yo, Romano Katoliko man, anuman kayo, at dadako sa ilalim ng nabubong Dugo, kakatagpuin tayo kapwa ng Diyos doon. Doon nga tayo maaaring magkatagpo lahat at magkabuklod-buklod sa parehong dako. Pero, kung iba, hindi Siya kakatagpo dahil lang sa isa kang Methodist; hindi Siya kakatagpo dahil lang sa mga Pentecostal kayo. Kakatagpuin Niya kayo sa ilalim ng isang kondisyon, 'yun, ay sa ilalim ng nabubong Dugo, kapag ang inyong mga pagkakasala ay naipagtapat na't nawaglit na sa Kanyang Presensya, pagkatapos, sa pamamagitan ng Dugo. At ang Dugo’y nasa harapan Niya sa tuwina, at kaya naman makikita Niya lamang kayo sa pamamagitan ng nabubong Dugo. At kayo’y maputi na na gaya ng niyebe, kita n'yo, kapag naipagtapat n'yo na ang inyong mga pagkakasala. Kung di ganoon, wala kayo roon, hindi kayo maaaring makisama.

¹⁰¹ Yan ang dahilan kung bakit hindi kayo nakakakita ng mga bagay na nangyayari sa mga kaiglesyahan. Ipinagtapat nila na naniniwala sila sa Dugo, pero tinatanggihan naman ang pinaka plano para dumako roon sa Dugo; sa Salita. Kita n'yo? May isang paraan lang na kikilalanin ng Diyos ang Salita na 'yun. Hindi n'yo magagalang ang Salita na 'yan, na lalapit at sasabihin, “Isa akong Romano Katoliko. Hinihingi ko na maisagawa ang *ganito*.” Hindi n'yo magagawa 'yun. Mga Methodist, Baptist, o mga Pentecostal man, hindi n'yo magagawa.

¹⁰² Ang tanging paraan para magawa n'yo ito ay sa ilalim ng mga awa ng Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, sa paglapit sa pamamagitan ng nabubong Dugo ni Jesus Cristo, sabihin, "Panginoon, inaangkin ko ang pangako." Kita n'yo? At pagkatapos kung kayo'y tunay na nasa ilalim ng Dugo na 'yun, ang Diyos ay obligado sa Salita na 'yun. Pero, unang-una, kinakailangan n'yong mapasailalim ng Dugo na 'yun. Nakikita n'yo na ba ito ngayon?

¹⁰³ Kaya hindi nakapagtataka na di sila naniniwala sa mga himala. Hindi nakapagtataka na hindi ka makapaniwala sa sobrenatural. Hindi nakapagtataka na kinokondena nila ito. Ang siya ring rason kung bakit kinokondena nila ito noon, ay ang siya ring rason kung bakit kinokondena nila ito ngayon. Sila'y may sala kung sa may sala lang mismo. Dahil, tanging sa ilalim lamang ng nabubong Dugo!

¹⁰⁴ At sila na maglalakas-loob, na may munting kapatid na maglalakas-loob, sa ilalim ng kababaang-loob, na panghawakan ang Diyos sa Kanyang Salita, at lumabas doon at ipagtapat ang kanyang mga kasalanan, at kalimutan itong lahat ng mga dogma na ito't mga bagay-bagay, at tumindig dun sa ilalim ng Dugo at sampalatayanan Ito, pagkatapos babansagan nila siyang "isang panatiko." Babansagan nila siya na isang... gaya ng sinasabi natin ukol dun; hindi po magandang salita na gamitin sa pulpito, pero para maintindihan n'yo, isa siyang "kakatwa."

¹⁰⁵ Kung tutuusin, hindi ba't lahat naman tayo'y mga kakatwa? Kita n'yo, ang mananampalataya ay isang kakatwa sa isang di-mananampalataya, at ang di-mananampalataya ay isang kakatwa sa mananampalataya, kaya sino ba talaga ang kakatwa? Kita n'yo? Ang magsasaka'y isang taong kakatwa sa negosyante; ang negosyante'y isang kakatwa sa magsasaka, kita n'yo, kaya sino siya, kung ganoon?

¹⁰⁶ Sinasabi ko sa inyo, ang kaligtasan ay isang indibiduwal na bagay sa pagitan ng tao at ng Diyos, mag-isa, isang indibiduwal, "na sinisiyasat ang sarili nating kaligtasan na may takot at panginginig." At wala akong nalalaman na ibang batayan, bilang isang tagapagturo, sa umagang ito, o bilang isang ministro mula kay Cristo, kaysa sa ilatag ito sa Salita. Hindi ko ito mailalagay sa anupamang bagay na iba.

¹⁰⁷ Ngayon nasumpungan natin dun, hayan nga, na tanging sa ilalim ng dugo, na kinakatagpo ng Diyos ang mananamba, kaya nagtipon sila noon sa Jerusalem.

¹⁰⁸ At si Cristo ang Corderong Hain na inilaan ng Diyos. At ngayon may nag-iisang dako lamang na kinakatagpo ng Diyos ang tao, at 'yun ay sa ilalim ng Dugo ni Jesus Cristo. Sa iba pang dako, 'yan ay kinokondena; hindi 'yan pakikinggan ng Diyos. Maaari kayong gumawa ng lahat ng uri ng emosyon, at lahat ng uri ng ismo, at manginig, at tumalon, at may dugo at apoy

at usok pa, at lahat na; pero hangga't ang buhay na 'yan ay di humahambing sa Salita, at ang Diyos ay lubusang napagkikilala sa buhay na 'yan, kung ganoon hindi na kailangang sumubok pa, dahil nasa labas kayo nun. At hindi 'yun kakatagpuin ng Diyos hanggang sa madako 'yun sa ilalim ng pangangalaga ng Dugo. Ganoon nga.

¹⁰⁹ Kaya, nakita n'yo, sa Kasulatan, mayroon tayong isang Jerusalem, ang Iglesia nga; naroon 'yun sa Langit, isang Makalangit na Jerusalem, kung saan ang Diyos ay Diyos. At, ngayon, wala ito sa ilalim ng kung anong kredito o kung anong bagay, na sinusubukan lang natin itong ipaging isang Jerusalem. Na para bang ang gagawin natin, ang mga Methodist, nais nila, ngayon, na para bang gawin ang—ang punong himpilan ng Methodist na isang Jerusalem. Nais ng Katoliko na gawing ganoon ang Roma. At—at iba't ibang mga lugar kung saan mayroon tayong mga punong himpilan, na nais nating gawin 'yun na ating. . . isang Jerusalem. Pero ang sinasabi ng Biblia, na, “Ang ating Jerusalem ay mula sa Kaitaasan, na ina ng lahat ng mga mananampalataya.”

¹¹⁰ Ngayon, at si Cristo ay ang inilaang Cordero ng Diyos. Pansinin n'yo kung papaanong angkop na angkop 'yun ngayon, na ipinapakita na ang Jerusalem na 'yun ay lumilipas. Kailan? Yun nga'y may bisa hanggang sa oras na 'yun. Mainam pa noon ang dugo ng kordero hanggang sa araw na 'yun, pero noong panahon na ng pagpapapako sa krus ay nagbago ito. Tapos na ang lumang sistema. Mayroon nang panibago, at ang—ang Cordero ay naroon na sa Paghahain. Ang Cordero, ang Corderong hain, ay naroon na sa dakong 'yun. Sila'y humahatol at ginagawa ang mismong bagay na kailangan nilang gawin. Ganoon nga.

¹¹¹ Mapurihan ang Diyos, sa pagkakita natin ng kahanga-hangang Makalangit na Liwanag sa huling araw na ito! Dahil, ginagawa ng mga kaiglesyahan ang siya ring bagay ngayon. Hanggang sa oras na ang organisasyong relihiyon ay nakondena't napatunayan na sinasakripisyo ang Salita ni Cristo, mula noon ay dumarating ang Salita, at ang Salita lamang. Mula, sa paglipas ng sinaunang kordero ng paskwa't si Cristo ang naging Cordero natin, noong araw ng pagpapapako sa krus. At sa araw na ipinako ng denominasyon ang Salita ng Diyos at tumanggap ng kredito sa halip na ang Salita, 'yun ang araw na ang Salita'y hahantong sa buong bisa Nito. Yan nga'y nito-nito lang.

¹¹² Pansinin, ang ikalawa. Una, “doon,” sa Jerusalem. Ang ikalawa, “kanilang,” sila. Sino? Ang mga Judio, ang mga mananamba. Bulayin n'yo 'yun! Ang mga mananamba mismo'y pinapatay ang mismong Isang 'yun na inaangkin nilang sinasamba nila. Maiisip n'yo ba ang ganoong bagay, na itong mga matatalinong kalalakihan na mga saserdote, na mga

pinagsanay mismo, na may mga digri pa ng pagkadoktor hanggang sa sila marahil ay... Sila, na sila nga'y kailangan pa na galing sa isang partikular na salinlahi bago sila... o—o isang angkan, bago sila maging isang saserdote. Kinakailangan mga Levita sila. Ang mga tatay nila'y mga saserdote. Ang mga lolo nila'y mga saserdote. Ang lolo ng lolo ng lolo ng lolo ng lolo ng lolo nila ay mga saserdote. At kinakailangan nilang mamuhay ng isang inilaang buhay, hanggang sa, isang munting bagay lang laban sa kanila, sila'y babatuhin. Hindi bibigyan ng awa. Banal? Oo naman, pero sariling-gawang kabanalan. Kinakailangan nilang umakto na tulad nun, para may mukhang maihaharap sa kanilang iglesya. "Pero sa kaibuturan nila," sinabi ni Jesus, "kayo'y puno ng mga buto ng mga patay na tao."

¹¹³ Hayan nga na makakapagpataw ako ng pagsasakdal diyan! Haya't ang tao na nalalaman nang Ito ay Katotohanan, *itong* Salita ay Katotohanan, at ikokompromiso Ito, para may mukha siyang maipakita sa kung anong organisasyon, uh-huh, may karapatan ako para isakdal sila, mismo, sa Salita ng Diyos.

¹¹⁴ Pansinin, "kanilang," ang mga mananamba, mga kalalakihan na naghihintay noon sa pangako, mga kalalakihang umasa para dun, sa nagdaang mga taon at mga kapanahunan, at wala nang ibang ginagawa kundi ang magbabad sa seminaryo. Pero hinimay nila ang Salita ayon sa katuruan ng seminaryo, at napalampas nila ang mismong Katotohanan Nito. "Kanilang," mga saserdote, ang pagmiministeryo nung panahon na 'yun! "Doon," sa kanilang mga punong himpilan, "kanilang," ang pagmiministeryo nung panahon na 'yun, ay *pinapatay* ang mismong Diyos, ang mismong *Cordero*. Ang mismong Isa na inaangkin nila na kanilang sinasamba, haya't kanilang pinapatay.

¹¹⁵ At, ngayon, isinasakdal ko ang grupong ito ng mga naordenahang ministro; na sa kanilang mga kredo't mga denominasyon, ipinapako nila sa krus, sa harap ng mga tao, ang mismong Diyos na inaangkin nila na iniibig nila't pinaglilingkuran. Isinasakdal ko ang mga ministrong ito, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, sa kanilang doktrina, na sinasabi nila na "ang mga araw ng himala'y lipas na," at maging "ang pagbabautismo sa tubig sa Pangalan ni Jesus Cristo ay hindi sapat at hindi tama." Dito sa mga Salita ngang ito, na pinalitan nila ng mga kredo, sila'y isinasakdal ko, na may sala, at ang Dugo ni Jesus Cristo ay nasa kanilang mga kamay, dahil sa pagpapapako muli sa Panginoong Jesus, sa ikalawang beses. Ipinapako nila si Cristo, sa publiko, na kinukuha mula sa kanila ang bagay na dapat ay ibinibigay nila sa kanila. At sa halip na Ito ay pinalitan nila ng ibang bagay; isang pansimbahang kredo, para maging popular.

¹¹⁶ Doon kanilang, "kanilang," sila na dapat sana'y mas maalam. Kung may tao na dapat sana'y mas maalam, ay dapat

ngang ang mga ministro na 'yun. Kung may tao na dapat sana'y mas maalam, dapat ang mga kapasturan ng panahong ito. Kung may dapat nakakaalam, ang—ang—ang mga obispo, ang mga arsobispo, at—at mga ministro, at mga doktor ng dibinidad, dapat sila ang mas nakakaalam. Pero bakit hindi? Uh! Napakalaking kontradiksyon! Itong kinakaharap natin dito'y walang iba kundi isang—isang kontradiksyon! Inaangkin nila na sinasamba nila ang Diyos, at pinapatay nila ang Prinsipe ng Buhay. Sila, “doon kanilang ipinako Siya,” at dito *kanila* muling ginagawa ang siya ring bagay, dahil Siya ang Salita.

117 Yun nga Siya, isang repleksyon mismo ng Salita. At 'yun Siya sa panahon ngayon, isang pagpapaaninag ng Salita, sinisikap na makahap ng sinuman na mapapaaninag ang Sarili Niya.

118 At inilalayo ng mga taong ito ang kongregasyon mula sa Diyos. At—at kung may bagay na maipangyayari, at sasalitain 'yun sa kongregasyon, kinokondena nila 'yun sa entablado, mula sa pulpito, at sinasabi, “Panatisismo ito. Layuan n'yo ito!” Sa paggawa nun, ipinapako nila sa krus si Jesus Cristo ngayong 1963, at kasing may sala mismo gaya nung mga kalalakihan noong...noong panahon na 'yun noon. Kakilakilabot na pahayag ito, pero 'yan ang katotohanan. Sa...Yan mismo ang ginagawa nila sa panahon ngayon.

119 At sa mga batayang ito, sa mga batayan na ito ng pagpapapako kay Cristo, sa mga batayan ng pagkuha sa Salita at ilalayo Ito mula sa mga tao; 'yan mismo ang ginagawa nila roon. Ang mismong Salita na pinapaaninag ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Sariling Anak, para patunayan nga Ito, at yaong Isa na inaangkin nilang iniibig nila, ang Jehovah na naghayag ng Sarili Niya sa pamamagitan ng Mga Kasulatan, na ginawa nang eksakto ang bagay na sinabi Niya na Kanyang gagawin, eksakto kung anong sinabi ng Diyos na Kanyang gagawin, at pinaaninag Ito sa harap nila. Pero dahil sa paggiliw sa kanilang mga pansimbahang grupo, at mga bagay na gaya nun, kinondena nila ang Prinsipe ng Buhay.

120 At kinokondena ko ang siya ring grupo sa panahon ngayon, at isinasakdal sila, na may sala sa harap ng Diyos, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, na ginagawa nila ang siya ring bagay. Ang henerasyon na ito'y isinasakdal ko. Alalahanin n'yo ang Mga Hebreo 13:8, “Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.”

121 Papaano nila Siya pinaratangan? Dahil 'yung mga kredo nila'y hindi Siya matanggap-tanggap, at sa kaibuturan ng puso nila'y iba ang alam nila. Hindi ba't si Nicodemo, sa ika-3 kabanata ng San Juan, ay malinaw na ipinahayag ito? “Rabi, kami, na mga Fariseo,” mga mangangaral, mga tagapagturo, “nalalaman namin na Ikaw ay isang guro na ipinadala mula sa Diyos, dahil walang tao ang makagagawa ng mga bagay na

Iyong ginagawa maliban na ang Diyos ay nasa kanya.” Kita n’yo? Hayagan nilang ipinatotoo ito sa pamamagitan ng isa sa kanilang bantog na kalalakihan, at nabahala...dahil sa kanilang mga kredo, ipinako nila sa krus si Cristo.

¹²² At sa panahon ngayon walang mambabasa ang di mababasa ang Mga Gawa 2:38 sa siya ring paraan ng pagkakabasa ko Rito, at lahat ng iba pang nilalaman Nito, nang siya ring paraan ng pagkakabasa ko Rito. Pero dahil sa kanilang mga kredo, at dahil sa mga talonaryo nila mula sa denominasyon na mayroon sila sa bulsa nila, na siyang mga tanda ng hayop na dala-dala nila bilang card ng pakikisama; at sa pagdadala ng mga bagay na ’yan, sila-sila mismo’y kanilang ipinapako si Jesus Cristo muli, at ipinapako Siya sa harap ng mga tao, at nilalapastangan ang mismong Diyos na nangako na gagawin Ito, kaya nagdadala ’yun ng kapahamakan sa sangkatauhan.

¹²³ Ngayon, doon ay, “kanilang,” hindi ang makasalanan. “Kanilang,” ang tinutukoy nga’y, ang iglesya sa panahon na ’yun, hinanapan nila ng kasiraan ang Taong ’yun na Siyang Salita. Tama ba? Hinanapan nila ng kasiraan ang Tao na Siyang Salita. Ngayon hinanapan nila ng kasiraan ang Salita na kumikilos sa tao. Kita n’yo, binaligtad lang nila. Na, naroon sa tao, Ito, ang Espiritu Santo’y kumikilos dun, na siyang pagpapatibay ng Diyos.

¹²⁴ Paano nila nalaman na Siya ay Cristo? Dahil pinatutunayan ng Kanyang mga gawa kung ano Siya. Ang sabi Niya, “Sino sa inyo ang makahahatol sa Akin ng kasalanan? Kung hindi Ko ginagawa nang eksakto ang bagay na sinabi ng Kasulatan na gagawin Ko! At alin...Sige sabihin n’yo sa Akin kung saan Ako nabigo sa kung saan, kung hindi ba’t ipinakita Ko ang bawat tanda na Ako ang Mesiyas, na Ako ang Isa na ’yun mismo na inyong ipinangako.”

Sabi, ang sabi nila, “Buveno, mayroon kaming Moises. Naniniwala kami kay Moises.”

¹²⁵ Sabi, “Kung naniniwala talaga kayo kay Moises, dapat naniniwala din kayo sa Akin. Kung kayo...Nakita ni Moises ang panahon Ko at nagmithi na—na mamuhay sa panahon na ito. Nakita na ni Moises noon pa, at ng mga propeta. At heto kayo, na namumuhay na mismo Rito, at kinokondena.” Sabi, “Kayo na mga mapagpaimbabaw,” sabi, “napagkikilala ninyo ang anyo ng langit, pero ang tanda ng panahon ay hindi ninyo mapagkilala.”

¹²⁶ Hayan nga ito, ang tanda ng panahon. Sa ano nga Siya napag-uri? “Isang panatiko, isang baliw na lalaki.” Siyanga, nakasumpong sila ng kasiraan sa Lalaking ito na Siya nga ang Salita.

¹²⁷ Siya ang Salita. San Juan, unang kabanata, ay pinatutunayan ito, “Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay nasa Diyos. At ang Salita’y nagsalaman, at nanahan sa

kalagitnaan natin.” Siya ang buhay na Salita ng Diyos, dahil Kanyang inihahayag ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Sarili. Siya’y ganap na nakasuko sa—sa Salita ng Diyos, hanggang sa Siya at ang Salita ay pareho. At ’yan mismo ang dapat na kalagayan ng Iglesia sa panahon ngayon, na ang Salita ng Diyos ay pareho.

128 Papaano kayo magiging bahagi ng Salita na ’yun samantalang tinatanggihan n’yo ang halos lahat Nito? At ang dahilan kung bakit ganyan, ay hindi dahil sa mga tao; ’yan ang dahilan kung bakit nangusap ang Diyos sa akin tungkol sa pagtatawag sa Kanyang mga tao na “mga Ricky” at “mga Ricketta.” Dahil sa makasariling mga denominasyon na ito, na hinayaan na lang ang mga tao na mamuhay roon sa kung paano sila namumuhay ngayon. Ipinako nila sa krus ang Katotohanan. At tinatawag na nga Ito ng mga tao na isang kapusungan, at nagbunsod Dito ng kapusungan, ang ibig kong sabihin. Binansagan nila Ito na panatisismo, at kung ano pa, at nang di nalalaman na nilalapastanganan nila ang mismong Diyos na siyang layon kung bakit sila pumupunta sa simbahan para maglingkod.

129 Kaya naman, isinasakdal ko ang grupong ito ng mga ministro sa panahon ngayon. Isinasakdal ko ang henerasyong ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa ilalim ng kapamahalaan ng Salita ng Diyos. Ipinapako n’yo Siya sa krus muli.

130 Pansinin, “Siya’y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman,” ang Salita ng Diyos na pinatotohanan sa isang tao.

131 Ikumpara n’yo ang dalawang Kalbaryo at ang kanilang akusasyon. Alalahanin n’yo, “Dahil ginagawa Niya ang Kanyang Sarili na Diyos, hindi namin pahihintulutan na ang Lalaking ito’y mamuno sa amin.” Ano ba ’yung akusasyon na nahahanap nila, sa konseho nung umagang ’yun, nung ipako nila si Jesus? Na, “Ginagawa Niya ang Kanyang Sarili na Diyos.” Siya naman talaga ay Diyos. “At binali Niya ang Sabbath.” At Siya naman talaga ang Panginoon ng Sabbath. Kinondena nila Siya dahil ginagawa raw Niya ang Kanyang Sarili na Diyos. “Wala Kang karapatan na gawin ’yan. Wala Kang karapatan. Ang mga punong saserdote namin, kung may bagay na darating, ay dumadaan sa aming mga saserdote.” Ngayon ikumpara n’yo ’yan sa Kalbaryo sa panahon ngayon.

132 Noong, ang Diyos, na nilugod nito nang lubos ang Ama, Diyos, ang Espiritu, para ihayag ang Sarili Niyang Anak; nililiman si Maria, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, at nagbunsod ng katawan na magagamit Niya at matutugunan ang Kanyang layunin sa Kanya. “Ang Diyos ay nakay Cristo, ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos sa katawan, sa Kanya,” na pinapaaninag kung ano ang Diyos, sa mga tao, ibinubunsod—

ibinubunsod na malaman ng buong mundo kung ano ang nais ng Diyos sa bawat indibiduwal: ang maging isang anak na lalaki, at anak na babae. Gumamit Siya ng isang Lalaki at isinagawa ito. At dahil hindi Siya nakisapi sa hanay ng kanilang mga organisasyon, kinondena nila Siya at ipinako Siya sa krus.

¹³³ Ngayon ikumpara n'yo 'yan sa Kalbaryo sa panahon ngayon. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Dahil sa pagkiling ng organisasyon, dahil sa pagsasawalang-bahala ng mga iskolar na dapat sana'y sila ang may alam sa Salita't plano ng Diyos; dahil dito, magagawa ng Diyos na kumuha ng isang munting grupo ng mga tao na sa pamamagitan nila ay makakakilos Siya, sa kung saan, at ipapaaninag ang Kanyang Sarili, na ipagpapakumbaba ang kanilang mga sarili sa Salita. At hindi nila masasabi na hindi nga ganoon ito.

¹³⁴ Hindi nila maaaring sabihin na hindi Niya ito ginawa, dahil saksi dun ang kanilang kongregasyon. Nangyari mismo sa harap nila. Hindi nila 'yun maitatanggi. Hindi nila maitatanggi ang Kanyang mga ipinapahayag, dahil, ang mismong Salita na sinasabi nila na pinaniniwalaan nila, ay Yaong Isa na nagpatunay na Siya nga. Dahil, kinuha ng Diyos ang Salita na iprinopesiya na maging Mesiyas at ipinakita Ito sa pamamagitan ng isang Tao, at minarapat nilang patayin Siya. Yun lang ang tanging paraan na makauusad sila, ang patayin ang Mesiyas. At ginawa nila 'yun dahil sa pagkabalug at kamangmangan, sa kabila ng kanilang edukasyon. Sila'y matatalino, intelihente; sa pamantayan ng mundo.

¹³⁵ Gaya nung ikinumpara natin nung isang gabi, noong tumama ang Liwanag sa mayamang binatang tagapamahala, tingnan n'yo ang bagay na ginawa niya. Tumanggi siya; isang matalinong lalaki. Si Pablo, isa ring matalinong lalaki, tumama sa kanya ang Liwanag. Anong ginawa niya? Tinanggap niya Ito. Kinalimutan niya, ang lahat ng nalalaman niya, nang sa gayon ay mapagkilala niya si Cristo. Yun ang nagpaging karapat-dapat ng buhay niya sa Ebanghelyo. (Mensahe nung nakaraang Sabado ng gabi.)

¹³⁶ Hayan nga Ito ngayon. Maaaring tatama Ito sa isang munting lalaki, at hahayo, dahil may tawag mula sa Diyos, na naramdaman niya, kaya nag-i-eskuwela sa kung anong seminaryo at natututo ng kung anong kredo. Kinakailangan niyang mamuhay sa pamamagitan ng kredong 'yun o isauli ang card niya ng pakikisama. Kung isasauli niya, itatakwil siya, wala nang kukuha sa kanya, dahil dati kabahagi siya ng isang bagay at ngayon ay di na siya kabahagi nito. Maiisip nila na may kung anong mali sa lalaking ito, at hindi sila papayag na pumunta siya roon sa kanilang kongregasyon. Mangyari kasi, na tumitingin lang ang kongregasyon sa isang tanda, 'yun ay, kung siya ba'y naniniwala sa pinaniniwalaan nila.

137 Kung may card ba siya, kung siya ba'y Methodist, kung siya'y may card. . . kaanib ba siya sa isang pakikisama, o isang Oneness, o isang Trinitarian, o kung ano man, church of God, o nasa mga hanay ng Pentecostal, at lahat ng mga hanay na 'yun. Kung may hawak siyang card, pakiramdam nila nausisa na siya ng punong himpilan, at sinuri na ang kanyang pag-iisip, at binigyan na siya ng saykikong pagsusulit, at nasuri na kung ang I.Q. niya ay mataas naman na kaya niyang mangusap sa harap nila. Kung hindi, tatanggihan nila siya. Ganoon nga.

138 Pero, nakita n'yo, ang dapat sanang inaantabayanan ng kongregasyon ay yaong kamay ng Panginoon, tingnan kung pinagkalooban ba siya ng Diyos ng pagkatalaga o hindi. Yun dapat ang tinitingnan natin. Pero ngayon ipinako nila sa krus ang—ang—ang Anak ng Diyos nang panibago. Samantalang, ang isang tao'y karapat-dapat, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, na tawagin ng Diyos, para ipaaninag ng Diyos ang Kanyang Sarili sa pamamagitan niya. “Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo,” ang sabi Niya. Pansinin ang grabeng panahon na kinabubuhayan natin!

139 Sila, itinuturing nila, itinuturing nila—itinuturing nila ang—ang mismong Kalbaryo, nagagawa nga natin sa umagang ito, at maging ang pinaka dahilan. Ngayon, alam nila na Katotohanan 'yan; pero dahil sa inggit, baluktot na palagay. Anong sinabi ni Jesus sa kanila? “Kung pinalalayas Ko ang mga diyablo sa pamamagitan ng daliri ng Diyos, kung ganoon sa pamamagitan nino—nino kayo nagpapalayas? Hayaan n'yong sila ang humatol kita n'yo, kung Ako'y sa pamamagitan ng daliri ng Diyos nagpapalayas ng mga diyablo.”

140 Ngayon, gaya ng narinig n'yong sinasabi-sabi nila, “Mapapatunayan mo ba na daliri nga 'yun ng Diyos?” Nais kong makita, nais kong marinig ang tanong na 'yun na itanong sa Kanya. Sila nga'y masyadong matalino para dun.

141 Pansinin, “Dahil Kanyang pinagiging Diyos ang Sarili Niya,” at Siya nama'y Diyos. “Haya't hindi kami makakapayag na pangingibabawan Niya kami.”

142 Pero ngayon heto na nga, 'yun at 'yun pa rin ang sinasabi-sabi, “Na ang Biblia'y sulat lang daw ng tao,” sinasabi nila. “Hindi namin kailangang mamuhay sa pamamagitan Nito.” Talagang sa Diyos ito. Salita ito ng Diyos. Ang Diyos ito, Mismo.

Kausap ko ang isang lalaki kahapon, sabi, “Buweno, may tao na nagsulat marahil ng Biblia.”

Sabi ko, “Oo, mayroon. Ang Pangalan Niya, kilala natin Siya bilang Diyos.”

143 Naisulat ito nang apat na libong taon ang agwat, halos, ang Mga Kasulatan, mula pa roon kay Job, hanggang sa Bagong Tipan, at isinulat nang daan-daan at—at. . . at daan-daang taon ang agwat; at isinulat ng iba't ibang tao, at hindi

silang magkakakilala, sa iba't ibang bahagi ng bansa, at wala ni isang Salita Nito ang bumabangga sa isa pa. Hinahamon ko ang sinuman na lumapit sa ilalim ng Dugo ni Jesus Cristo at angkinin ang anumang pangako Roon! Obligado ang Diyos na asikasuhin Ito.

¹⁴⁴ Pero ayaw nilang gawin 'yun. Lalapit sila, sasabihin, "Oh Panginoon, nais kong gumawa ng isang bagay. Pagkalooban Mo ako ng isang dakilang kaloob. Hallelujah, Panginoon! Maluwalhati ang Diyos, naniniwala ako na natamo ko na. Hallelujah!" Hindi nga 'yun uubra. Marahil makakapagpakita ka ng napakaraming sikolohiya, pero hindi 'yun uubra.

¹⁴⁵ Kailangang kilalanin ng Diyos ang pagsisisi na 'yan. Kailangang gawin 'yan ng Diyos. Marami pa tayong puwedeng sabihin sa ganoong linya, pero umaasa ako na nauunawaan n'yo—nauunawaan n'yo.

¹⁴⁶ Tingnan n'yo, pero ngayon ayaw na nila nung Salita na mangingibabaw sa kanila. Sinasabi ko, "Bawat isa sa inyo'y bumalik. Mali ang pagkakabautismo sa inyo. Nabautismuhan kayo sa iglesyang Katoliko."

¹⁴⁷ "Sino ka para sabihin 'yan sa amin?" Hindi ako; kundi ang Salita. "Pero sinasabi ko sa'yo, naniniwala kami—naniniwala kami. . ." Hindi ko alintana kung anong pinaniniwalaan n'yo; kundi ang sinasabi mismo ng Biblia. "Pero hindi namin kailangang mamuhay sa pamamagitan Nun."

¹⁴⁸ Gawin mo mismo, o mapapailalim ka sa kahatulan ng Bibliang ito. Dahil, "Sinuman ang mag-alis ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isa Rito, aalisin din sa kanya, ang bahagi nila, sa Aklat ng Buhay," siya man ay ministro, pari, o sinuman siya. Kinakailangan n'yong pumailalim sa pamumuno ng Salitang ito, dahil Ito ay Diyos. Sinasabi mismo ng Biblia na Ito'y Diyos.

¹⁴⁹ "Ayaw naming pamunuan kami Nito." Pipiliin nila ang kanilang mga kredo, at mga denominasyon, at ang kanilang—kanilang mumunting mga bagay na pinaniniwalaan nila, at kinuha't pinaiiral ng mga konseho ng tao, at 'yun ang pipiliin sa halip na Salita ng Diyos.

¹⁵⁰ Anong ginawa nila? Pinili nila si Barrabas, na isang mamamatay-tao, sa halip na ang Anak ng Diyos, noong araw ng unang pagpapapako sa krus.

¹⁵¹ At sa panahon ngayon mas pipiliin nila ang salita ng kung sinong tao, na isang kasinungalingan at daan ng kamatayan, at tatangi na piliin ang daan ng Buhay, ang Salita ng Diyos. Kinokondena ko ang henerasyon na ito, isinasakdal ko ito, sa Salita ng Panginoon, na sila'y mali. May sala sila sa pagpapapako sa krus, o sa pagtatangka na ipako ang Espiritu.

152 Tumatawag sila ng rebaybal, sa lahat ng dako. Papaano kayo magkakaroon ng rebaybal samantalang ang Salita Mismo’y hindi makakilos sa mga tao? Nais kong may sinuman na sagutin ’yan para sa akin. Paano ito magagawa, samantalang tinatanggihan n’yo ang Mismong Rebaybal? Malinaw mismo na nangusap ang propeta ukol sa kanila, “mga anyo ng kabanalan.” Sarili nilang anyo, noon, tinanggihan ang Salita ng Buhay. Sarili nilang mga anyo, din ngayon, tinatanggihan ang mismong bagay na magdadala sana sa kanila ng isang rebaybal; mga kredong mga anyo nila. Siyanga, po.

153 Ang pinipili nila’y denominasyon at mga kredong nila sa halip na ang—ang Salita, at ’yun ang nagpapako sa Kanyang Salita at ibinubunsod ang Kanyang Salita na mawalan ng bisa sa mga tao. Samantalang nakikita na nila ang Salita ng Diyos na malinaw na malinaw mismo’t ipinosisyon ang Sarili Nito, na nangako ang Diyos na gagawin Niya ito, at heto na nga Siya na ginagawa ito, at kanilang nililibak Ito at lumalayo Rito, ’yan nga’y kapusungan. At tinangka nilang ipako ang Salita Mismo.

154 Bakit nila Ito ipinapako sa krus? Hindi nila kayang ipako ang Salita gaya nga na di nila maipapako ang Diyos. Magagawa nilang ipako ang katawan na pinanahanan ng Diyos, ang Anak ng Diyos. Magagawa nilang ipako ’yun, pero hindi nila maipapako ang Diyos. Mangyari nga ’yun sa Kanya, noong panahon na ’yun, para maging Hain, para makapagdala ng maraming mga anak na itinalaga na noong una sa Buhay na Walang Hanggan. Kinailangan ngang gawin nila ’yun noon, pero hindi na nila ito magagawa ngayon. Hindi na nila magagawa, dahil ang Salita Mismo’y patuloy na mabubuhay. Pero sila . . .

155 “Anong ginagawa nila? Paano sila bumuo? Ano ba talaga ang sinasabi mo, mangangaral? Ano itong binubuo mo ritong batayan, na ipinapako nila Siya, kung ganoon?”

156 Haya’t ang ipinapako nga nila’y ang epekto ng Ebanghelyo sa mga tao, sa pamamagitan ng kanilang mga kredong. Yan ang pagpapapako. Diyan nga nauupo ang publiko sa naglalakihang mga morge, na tinatawag na mga simbahan, mga denominasyon, at guguhit ng linyang-markahan ng kredong, at nagdudulot ’yun . . . Kaya hindi nagkakaroon ng epekto ang Salita ng Diyos sa kanila, dahil kanilang—kanilang kinokondena ang mismong mga bagay na sinabi ni Cristo na mangyayari. Hindi nga Yun dumarating ayon sa kanilang kredong.

157 At hindi rin dumating si Jesus batay sa kanilang kaunawaan ukol sa Kanyang pagdating. Dumating Siya sa paraan na ipinadala Siya ng Diyos, at dumating Siya nang eksakto ayon sa Salita. Hindi nakapagtataka na sinabi Niya na Kanyang “itinago Ito mula sa mga mata ng matatalino’t pantas, at inihayag Ito sa mga sanggol na mga natututo pa.” Nauunawan n’yo po ba?

¹⁵⁸ Oh, ipinako nila sa krus ang mga epekto ng Salita. Mayroon akong ilang mga Kasulatan dito. Marahil sisipi lang ako ng dalawa o tatlo rito. Kanila Itong ipinako sa krus.

Sasabihin n'yo, "Paano nila ipinapako sa krus ang Salita?"

¹⁵⁹ Noong sabihin ni Jesus na Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, Mga Hebreo 13:8; sinasabi nila, "Sa isang paraan ganoon nga Siya." Kita n'yo? Buweno.

¹⁶⁰ Tapos sinabi ni Jesus, ang huling atas Niya sa Iglesia, "Humayo kayo sa buong mundo," Marcos 16, "humayo kayo sa buong mundo, at ipangaral ang Ebanghelyo. Ang mga tandang ito'y lalakip sa kanila na mga sumasampalataya. Sa buong mundo; sa bawat nilalang!" At hindi pa nga naaabot ang kalahati. At milyun-milyon ang namamatay, taon-taon, na hindi't, di man lang naririnig ang Pangalan ni Jesus. Kaya, ito pa rin ang pangunahing mga atas. Utos pa rin ito ng Diyos. "Sa buong mundo, at ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang. Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; ang hindi sumasampalataya ay parurusahan. At ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga nagsisisampalataya: mangagpapalabas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan; mangagsasalita sila ng mga bagong wika; kung humawak man sila ng mga ahas, o makainom ng mga nakakamatay na bagay, hindi sila mapapahamak nito; kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling."

¹⁶¹ At sinasabi nila, "Para lang naman 'yan sa henerasyon na 'yun noon," at kaya ibinubunsod nila ang utos ng Diyos na mawalan ng bisa Rito, at ipinapako nila sa krus ang epekto ng Salita sa mga tao. Amen.

¹⁶² Sinabi ni Pedro, sa Araw noon ng Pentecostes, na kamit ang mga susi sa Kaharian; na ibinigay sa kanya ni Jesus, "Anuman ang sabihin mo rito, sasabihin Ko sa itaas Doon."

¹⁶³ At noong Araw ng Pentecostes tinanong ng mga tao kung anong maaari nilang gawin para matanggap ang Espiritu Santo, na kanilang tinatamasa nang lubos Ito; habang pinapanood ang iba na umaakto sa paraan na tinatawag nila na kahangalan; sumusuray, at tumatalon, at umaambay, at umaakto na para silang lasing.

At sila, sinasabi, "Ang mga taong ito'y lasing sa bagong alak."

¹⁶⁴ Pero may lalaking tumayo, na nagnangalang Pedro, na kamit ang mga susi ng Kaharian, at nagsabi, "Hindi sila mga lasing," Mga Gawa 2, "gaya ng inaakala n'yo, yamang ikatlong oras pa lang ng araw. Pero ito ang bagay na ipinangusap na noon." Kita n'yo, binalikan ang Salita muli, ipinapakita na ang Espiritu'y ang Salita pa rin, at ang Salita'y ang Espiritu pa rin, ang Salita ng Diyos. "At mangyayari, gaya ng sinalita ng propetang Joel, Joel 2:38. 'At mangyayari sa mga huling araw,

sabi ng Diyos, ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman.”

¹⁶⁵ Pakinggan n’yo ’yung propeta na nakatayo roon. Tingnan n’yo siya, walang takot, nakatayo roon sa harap ng madla, at kinokondena sila, isinasakdal sila. Sabi, “Ito ang Kasulatan! Ito yaong sinalita ng propeta! ‘Ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman. Ang mga anak na lalaki’t mga anak na babae ninyo ay magpropropesiya. Sa aking mga lingkod na babae’t mga lingkod na lalaki ay ibubuhos Ko ang Aking Espiritu; at magpapakita Ako ng mga tanda sa kalangitan sa itaas, at sa lupa; apoy, at haliging usok, at singaw.” Pinatutunayan Ito sa pamamagitan ng Salita, na Ito ang Salita.

¹⁶⁶ At nagtawa sila’t nilibak Ito, at humantong sila sa kahatulan. At sinunog ang siyudad, at kinain nila ang anak ng isa’t isa. At ngayon sila’y mga taong nagkalat sa buong mundo, ipinapakita na ang Espiritu Santo’y nananatiling Salita ng Diyos, para dalhin ang Salita para ibunsod Ito na mabuhay.

¹⁶⁷ Si Jesus Cristo ang Persona, Tao, Diyos. Hallelujah. Siya ang kahayagan ng Diyos. Siya ay Diyos sa anyong katawan, para paaninagin ang Salita ng Diyos para sa kapanahunan na ’yun, para ibunsod ang kapanahunan na ’yun na makita ang pangako ng Diyos para sa kapanahunan na ’yun.

¹⁶⁸ At ang Espiritu Santo’y siya ring bagay ngayon. Ito ang Espiritu ng Diyos na nasa nasusulat na Salita, sinisikap na makasumpong ng sinuman na ipapaaninag ang Sarili Nito sa kapanahunan na ito, para patunayan na Siya’y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. San Juan 14:12, “Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo.” “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Kita n’yo, tuluy-tuloy Ito na nagsisikap na makasumpong ng paraan para ipaaninag ang Sarili Nito.

¹⁶⁹ At hindi nila ’yun magawa. Panay denominasyon nila ang nasa isip ng mga tao, ’yung mga munting pugad na mayroon sila, at iba pa, na tinatawag na kanilang “mga iglesya,” kaya di nila ’yun pakikinggan. Ganyan na ganyan din ang ginagawa nila ngayon, ganoon mismo, nagpapakita sa krus nang panibago.

¹⁷⁰ Si Pedro, noong araw ng Pentecostes, ang sabi niya, “Kayo na mga kalalakihan na nakatira sa Jerusalem, sa Judea, makinig kayo sa mga salita ko. Hindi sila lasing. Kung mananatili kayo sa pagkakatayo n’yo, ipapakita ko sa inyo kung ano ito.” At nagpatuloy siya’t ipinaliwanag niya sa kanila.

¹⁷¹ Noong mangasaktan ang kanilang mga puso, noong marinig nila Ito, ang sabi nila, “Anong gagawin namin para maligtas? Anong gagawin namin para matanggap Ito? Kumbinsido kami na ang iyong salita’y tama.”

¹⁷² Ang sabi niya, “Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa

ikapapatawad ng inyong mga kasalanan, at matatanggap ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagkat sa inyo ito at sa inyong mga anak, sa kanila na mga nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon ninyong Diyos. Ito ang kailangan nilang gawin. Mangagsisi, at mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo.”

¹⁷³ At, ngayon, ang kinuha't gamit ng Romano Katoliko, “Ama, Anak, Espiritu Santo,” bilang kapalit Nun. Sa halip na Yun, isang komunyon. “Ilabas n'yo ang inyong dila at tanggapin ang ostiya, at 'yung pari'y iinom nung alak, at kayo'y isang magkakalakip.” Yung “komunyon,” sa halip na Espiritu Santo, tinawag na, “banal na Eukaristiya.” At isang “Ama, Anak, Espiritu Santo,” isang trinitarian na bautismo, gayong hindi naman ito nabanggit sa Biblia. Ang Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo ay Panginoong Jesus Cristo. At kapag ipinakita n'yo 'yun sa masamang henerasyon na ito . . .

¹⁷⁴ Gaya ng sinabi ni Pedro, “Iligtas n'yo ang inyong mga sarili sa masamang salinlahi na ito.”

¹⁷⁵ Kapag ipapakita n'yo Ito sa kanila, anong ginagawa nila? Nililibak Ito, at sinasabi, “Hindi ganyan ang pagkakaturong Rito ng iglesya namin.” Kung ganoon ay may sala kayo, may sala kayo sa pagpapapako kay Jesus Cristo, sa pagkuha sa kapangyarihan ng Diyos palayo sa mga tao. Ipinapako n'yo sa krus ang mismong Salita sa kanila, at kinokondena n'yo ang inyong sarili kasama ng inyong kongregasyon, dinadala sila sa isang kamatayang patibong.

¹⁷⁶ Gaya ng sinabi ko tungkol sa ministro na 'yun nung nakaraang Linggo, kay Martin Luther King doon kasama sila na kalugud-lugod na mga tao, na dinadala sila sa isang kamatayang patibong. Oh, kung may kakausap lang sana sa lalaking 'yun! Kung magagawa ko lang. Para lang sa munting pag-aalsa ukol sa panukala ng eskuwelahan, kita n'yo, o kung anong . . . Anong diperensya? Naku, naman! Kung ang mga tao'y walang puso para makiugnay sa isang tao dahil lang sa kanyang kulay, sila'y hinatulan at patay, ano't anuman. Binibigyan sila ng bansa ng karapatan. Huwag n'yang labanan ito. Huwag. Ano kaya kung may magsabi na lahat ng mga Irlandes o kung sino, lahat ng Aleman, o sino mang iba, ay di kakaugnayin? Hindi nga 'yan kailanman makakaligalig sa mga Cristiano. Sila'y magpapatuloy lang. At ang lalaking 'yun ay isang Cristiano. Bilang—bilang isang ministro, hindi niya dapat pangunahan ang mga taong 'yun sa isang pag-aalsa laban dun. Iubunsod lang nila ang milyun-milyon na mamatay. Magpapasimula lang 'yun ng panibagong pag-aalsa. At kahiya-hiya na gawin 'yan Nito.

¹⁷⁷ Ganoon din ang nangyayari rito, saktong siya ring bagay uli. Ganoon nga. Kita n'yo? Ang mga tao, kung titingin lang sana sila sa Katotohanan at titingnan kung ano ang Katotohanan. “Hindi

naniniwala ang iglesia namin sa ganyan. Mayroon kaming ibang pamamaraan.” Buweno, hindi nga ’yan ang tamang pamamaraan. Hindi ’yan ’yun.

¹⁷⁸ Ang sinabi niya, “Mangagsisi kayo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan.” Ngayon di nila ’yan gagawin. Oh, kung ganoon anong ginawa nila? Ngayon isang bagay lang ’yun, sa daan-daan. Dadakuan natin ’yan, marahil, nang mabilis sa abot ng makakaya natin.

¹⁷⁹ Ngayon ang ikalawang pagpapapako sa krus, siyanga. Kung ang isang tao’y tatanggapin ang “Ama, Anak, at Espiritu Santo,” na isang—isang kredo sa halip na ang Salita, mga titulo sa halip na Pangalan, anong ginagawa niya sa mga tao? Pinapako niya sa krus ang mga epekto ng Salita sa mga tao, kapag sasabihin niya, na, “Ang Marcos 16 ay para lang sa henerasyon na *’yun* noon.”

¹⁸⁰ At sinabi ni Jesus, Siya Mismo noon, si Jesus na nakikipag-usap sa kanila, ang sabi, “Humayo kayo sa buong mundo, at ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang. Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; ang hindi sumasampalataya ay parurusahan. At ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila. . . .” Gaanong abot? Bawat bansa, bawat kredo, bawat wika, bawat lahi, bawat bayan, ng siya ring Ebanghelyo. “At ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga nananampalataya.” At kung may tao na tatangkaing alisin Yan mula sa Biblia, ipinapako niya sa krus ang mga epekto ng Ebanghelyo sa kongregasyon na ’yun. Kaya isinasakdal ko kayo, sa Pangalan ni Jesus Cristo! Kayo’y may sala sa pagpatay sa Panginoon!

¹⁸¹ Kinamuhian Siya ng iglesia. Bakit? Siya mismo ang kanilang Diyos. Kinamuhian nila Siya, at tinanggihan Siya bilang kanilang Mesiyas. Hindi, nga, ayaw nila ng ganoong Mesiyas.

¹⁸² At sa panahon ngayon ginagawa ng iglesia ang siya ring bagay. Tinatanggihan nito ang Salita. Ayaw nila Rito. Salungat kasi Ito sa itinuro sa kanila na maniwala lamang sa pamamagitan ng kanilang mga kredo.

¹⁸³ At ang Salita ang Mesiyas. Naniniwala ba kayo roon? Buweno, ang pagpapaaninag ng Salita’y ano kung ganoon? Isang pagpapaaninag ng Mesiyas, na siyang Espiritu Santo sa kalagitnaan natin. Pinapaaninag Niya ang Kanyang Sarili, sinisikap, saan man na makasusumpong Siya ng isang ilawan na makatatagos ang tingin Niya, na hindi nauusukan ng mga kredo’t mga bagay-bagay, na makapagpapasinag Siya ng Liwanag.

¹⁸⁴ Alalahanin n’yo, “bumangon sila’t pinag-igi ang kanilang mga ilawan,” at nilinis ang tsimeneya, pero huli na. Kaya kapag makikita ng isang tao itong Lutheran, Presbyterian, mga

Methodist, na sinusubukang pumasok sa huling mga araw na ito para tanggapin ang Espiritu Santo, aba, alam n'yo na hindi nila Ito makukuha. Buweno, marahil makakapagsalita sila ng iba't ibang wika at makakatalon nang taas-baba, pero masdan n'yo nga ang mangyayari. Ganap silang. . . Tanda ng panahon 'yun na siya'y tapos na. Nasa wakas na tayó.

¹⁸⁵ Kadalasan, maririnig ng—ng Iglesya ang hamon, na, “Pumaroon sa Kaitaasan!” Amen.

¹⁸⁶ Talagang isinasaayos na tayo. Ginagawang realidad ng Espiritu Santo si Jesus Cristo sa pamamagitan ng mga taong ginagamit Niya para Siya'y makakilos, na pinatutunayan ang Kanyang Sarili; bumaba, nagpakuha ng Kanyang litrato, ipinakita ito, ibinunsod na makuhanan ng siyensiya, mapag-usapan ito, at lahat na, na pinatutunayan mismo ang bagay na sinabi Niya na gagawin Niya. Ginagawa mismo ang mga bagay na Kanyang sinabi na gagawin Niya, batay sa Kasulatan. Ngayon, hindi kung anong kredo, o kung anong gawa-gawang tao na ideya, na maraming dugo, apoy, at usok, at kung anu-ano; kundi isang nakabatay sa Kasulatan na ebidensya ng Mesiyas. Maraming panggagaya, at mga manggagaya, at—at kung ano pa; pero ibinubunsod lang n'yan na ang tunay na Salita'y magliwanag sa pinaka mainam Nito, tama, ibinubunsod ang mga taong espirituwal, na makahahatol kung ano ang tama at mali. Kita n'yo?

¹⁸⁷ Tinatanggihan Siya! Tinanggihan ang kanilang Mesiyas, “Ayaw namin sa Kanya.” At ganoon din ang ginagawa nila sa panahon ngayon, “Buweno, kung pupunta lang din ako roon at aakto na gaya ng grupong 'yun, kung ganoon ayaw ko Nito.” Buweno, kung ganoon ay wala ka Nito, talaga. Ganoon lang. Kita n'yo? Pareho ngayon.

¹⁸⁸ Kahit na Siya'y napagkilala nang maayos, ayaw pa rin nila sa Kanya. Kinamumuhian nila Siya. Bakit ganoon? Tinatawag natin ang mga pastor nila na kumpol ng “mga ahas.” Ang sabi Niya, “kayo na kumpol na pinaputing mga pader. Wala kayong anuman kundi isang sementeryo. Ang labas n'yo ay pulido dahil sa mga balabal at mga binaligtad na kulyar, at ang loob naman ay mga buto ng mga patay na tao.” Hindi Siya nagpigil ng bira. Isang munting taga-Galilea, isang anak ng karpintero, pero hindi Siya nagpigil ng bira. Sinabi Niya talaga sa kanila.

¹⁸⁹ “Huwag n'yong isipin,” sabi ni Juan, na tagapanguna ni Jesus, sabi. . . Siya'y isa rin na di nagpigil ng bira. Sabi niya, “Huwag kayong pupunta rito na sasabihin na mayroon kayong Abraham na inyong magulang. Ang Diyos ay may kakayahan sa mga batong ito na magbangon ng mga anak kay Abraham.” Siyanga, po. “Ang palakol ay nakaumang na sa ugat ng puno, at bawat puno na hindi nagbubunga ay pinuputol at inihahagis

sa apoy.” Siyanga, po. Ang Diyos ay istrikto, ay matibay at mahigpit sa Kanyang Salita. Siyanga, po.

¹⁹⁰ Pansinin n’yo, si Jesus, na pinatunayan ng Kasulatan! Naririnig n’yo ba ako? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Si Jesus ay napagkilala ng Diyos, sa pamamagitan ng Mga Kasulatan, na Siya ang Mesiyas. Tama po ba? Dadako tayo sa pagsasakdal ni Pedro, sa ilang saglit, at makikita n’yo kung ito ba’y ganoon o hindi. Si Jesus ay lubusang napagkilala, na Siya ay Diyos na nahayag sa isang Tao, na tinawag na Anak ng Diyos. Siyanga. Gayong, Siya’y maayos na pinakilala at pinatotohanan na ipinangakong Salita, na Siya ang Mesiyas. Sinabi ni Moises, “Ang Mesiyas na ito, sa pagdating Niya, Siya’y magiging isang propeta,” at lahat ng mga bagay na ito’y nangyari.

¹⁹¹ Yung munting babae na may . . . nakatayo sa tabi ng balon, at hayan ang ganap na maruming kondisyon na kinalalagyan niya, anong sinisimbolo nun? Na ang Diyos sa huling mga araw ay hahatakin ang mga itinakwil.

¹⁹² Tanda n’yo nung isang gabi, sa kasalan. . . O, nung isang beses na nangaral ako rito. Sa hapunan ng kasalan, sinabi nila kung papaanong sinabi nila. “Naghanda ako ng isang malaking piging, at kung ano pa. At lahat ng mga kalalakihang ito, inimbita ko sila, at bawat isa sa kanila’y may palusot. ‘Hindi ko magagawa, dahil sisirain nun ang mga kredo namin. Hindi ako makakapunta, dahil ’yung aking . . . Kinasal ako sa naging asawa ko; hindi niya ako papayagan na pumunta. Naku, ako’y—ako’y kasal na sa isang iglesya rito. Ang nanay ko’y Methodist, o Baptist, o isang Katoliko, o Prote- . . . Hindi ko kayang makapanindig para Diyan.”

¹⁹³ Ang sabi Niya, “At ayaw n’yong pumunta. At ayaw n’yong tikman ang Aking hapunan! Pero lumabas kayo roon at pilitin ang mga patotot at mga mababa ang lipad, at mga lasenggo, at anuman ang naroon. Papasukin n’yo sila, at tutuwirin ko sila. Inihanda Ko ang Aking hapunan, at ang Aking—Aking mga bisita . . . Nakahanda na ang Aking hapag, at kailangan mayroon at mayroong pupunta roon.” Hindi sila nagpunta. Kaya Kanyang hinahatulan sila na mga Judio.

¹⁹⁴ Paano naman sa panahon ngayon? “Ako—ako—ako kasi’y kasapi ng Presbyterian. Di ko—di ko magawa. Ako’y Methodist, Lutheran. Isa akong oneness. Isa akong twoness. Ako’y *ganito* kasi. Di ako maaari. Di ako maaari.” Hayan nga. Hindi nga kayo paroroon ano’t anuman! Yun mismo ang sinabi Niya. Buweno.

¹⁹⁵ Maayos na pinatotohanan, na Mesiyas. Maayos na pinatotohanan, ang Salita, ang ipinangakong Salita. Ang Diyos na nangako ng Salita, na ganito ang magiging Mesiyas, heto Siya na dumating at tumayo nang saktong-sakto mismo. Ang sabi Niya sa kanila, “Ngayon, saan Ako nabigo? Kung hindi

n'yo masampalatayanan Ako bilang isang Tao, paniwalaan n'yo ang mga gawa na ginagawa Ko; dahil ang mga gawa na ito'y nagsasaad kung Sino Ako. Ang mga ito ang nagsasaysay na Ako'y Mesiyas. Ayaw n'yo Akong paniwalaan, dahil iniisip n'yo na si Jose riyon. . . At dahil ipinanganak Ako roon sa isang munting dampa, at—at ang Aking ama-amahan dito ay isang—isang karpintero lang doon. At—at kayo. . . ”

¹⁹⁶ Noong pumaroon Siya sa Galilea roon, sila, at magbubunsod. . . Sabi niya, “Uy, Sino ang Lalaking ito? Sino baga Ito? Buweno, ang Lalaking ito, hindi ba’t. . . Hindi ba’t sina Jose at lahat sila’y mga kapatid na lalaki Niya rito? Hindi ba’t kasa-kasama natin ang mga kapatid Niyang babae? Hindi ba’t ang nanay Niya ay tinatawag na Maria, at ang tatay Niya ay tinatawag na Jose? Saan, saan n’yo nakuha ang isang Lalaking gaya n’yan? Anong eskuwelahan ang pinanggalingan Niya? Wala siyang card ng pakikisama. Siya, wala man lang Siyang mga kredensyal. Ang Lalaking gaya n’yan ay saan nga. . . Saan n’yo ba nakuha ito, siyanga?”

¹⁹⁷ At sinabi ng Biblia na Siya’y—Siya’y nadusta. Ang sabi Niya. . . Maraming dakilang mga gawa ang di Niya magawa; at tumalikod na lang Siya at lumakad palayo mula sa kanila. Ang sabi Niya, “Ang isang propeta’y hindi walang karangalan maliban na siya’y nasa kanyang sariling bayan, kita n’yo, sa sarili niyang bansa,” masdan, “o sa sarili niyang bansa.”

¹⁹⁸ Hayun nga Siya, maayos na pinapatotohanan, ang Mesiyas. Hindi inaako ang karangalan sa Kanyang sarili. Ang sabi Niya, “Hindi Ako makagagawa ng anuman maliban na makita na ginagawa ng Ama.” At hinamon Niya sila na humiling kung ’yun ang Mesiyas.

¹⁹⁹ At tingnan n’yo ang munting abang babae na ’yun na masama ang reputasyon; napagkilala niya ito. Siya, hindi siya nadoktrinahan. Ang ilawan ay hindi. . . Siya nga’y mali sa moralidad, tunay naman. Walang kakatig sa ganoon. Kinokondena ’yun ng mga kautusan ng Diyos. Mali siya sa moralidad. Pero siya. . .

²⁰⁰ Kita n’yo, hindi kayo hinahatulan ng Diyos sa inyong. . . kung ano kayo. Siya’y natutuwa. . . o hindi Siya humahatol kung gaanong bigatin kayo o gaanong kaliit kayo. Hinahatulan Niya ang inyong puso, kung anong nais n’yo.

²⁰¹ At ayaw ng babaeng ’yun ang ganoong mga bagay. At kaya noong suminag Ito sa harapan niya, Yun ang bagay na ninais niya. Kahit na ano pa siya noon, siya’y handang lumapit. Kita n’yo? Ang puso ang tinitingnan ng Diyos. Ang panlabas na itsura ang tinitingnan ng tao. Tumitingin ang Diyos sa puso. Kahit na ano pa siya noon; suminag ang Liwanag na ’yun, at ’yun ang lumutas nun. Nahagip niya ang—ang—ang—ang pinakadiwa ng Buhay na Walang Hanggan.

202 Oh, grabe, ganoon ngang kayaman ito, sa akin, kita n'yo, ang makita at mapagkilala na ito ang Katotohanan. Akin—akin nga Itong titindigan. Ibubunsod ko . . . Matataas ang Diyos ng Langit, at ang tinig ko'y malalagay sa magnetikong teyp ng Diyos sa dakilang panahon sa ibayo, at hahatulan nito ang henerasyong ito sa huling araw. Dahil, ito'y—ito'y nasa magnetikong teyp, kung ganoon ito'y malalagay dun sa Walang Hanggang teyp kung ganoon. Ganoon nga. Hahatulan ang henerasyong ito ng mga mangangalar na may anyo ng kabanalan, at tinatanggihan naman ang Kapangyarihan ng Salita at ang kahayagan Nito gayong Ito'y maayos nang napagkikilala na Siya'y si Jesus Cristo pa rin, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Isinasakdal ko sila, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos.

203 Kailangan ko pang dumako sa isa pang pangako, nang mabilisan, dahil may labing-limang minuto na lang tayo.

204 “Doon kanilang—doon kanilang. . .” Ano? Oh, grabe! Sa Kalbaryo! At kanilang “ipinako” Siya sa krus, 'yan ang ikatlo. Kanilang ipinako Siya, dahil sa di nila napagkilala ang ipinangakong Salita ng Diyos na nahayag. At bakit nila ipinako sa krus ang Lalaking 'yun? Maiisip n'yo ba? Hayaan n'yo akong bumalik pansumandali. Bakit nila ipapako ang isang Lalaki na gaya nun? Noong si Maria. . .

205 Noong mabasa ko ang isang aklat isang beses, 'yung *The Prince of the House of David*. Isinulat 'yun ni Ingraham, Doktor Ingraham. Kahanga-hangang aklat! Isa 'yung drama, ipinapalagay na bahagyang totoo, ukol sa ilang lumang manuskrito na hinango mula sa isang babae na nangganggalang Adina, na siya. . . Nagtungo siya sa Palestina, mula—mula sa Egipto, sa Cairo, sa palagay ko, para tapusin ang kanyang edukasyon. At nandun siya noong panahon ni—ni Cristo, at susulat nga siya noon ng liham sa kanyang tatay. Mainam po kung makakakuha kayo ng kopya nun at basahin 'yun. Yun, 'yun po'y napakainam, *The Prince of the House of David*. Yung parehong lalaki na sumulat nung *The Pillar of Fire*; at, mula dun, hinango ni Cecil DeMille ang *The Ten Commandments*.

206 Ngayon nalaman natin, sa librong ito, na isinulat doon ni Adina. At sinabi niya, na noong araw ng pagpapapako sa krus, na si Maria Magdalena, 'yung isa na pinalayas Niya ang pitong diyablo, siya'y tumakbo sa harap ng madla, sabi, “Ano bang nagawa Niya? Ano bang nagawa Niya? Pinagaling Niya lamang ang mga maysakit at nagsikap na palayain sila na mga nasa bilangguan! Ano bang nagawa Niya't hindi ba't pawang kabutihan? Magsalita naman kayo!”

207 At may lalaking sumampal sa kanya na halos masubasob siya sa kabila ng bakuran, halos, at nagsabi, “Maniniwala ba kayo sa hangal na babaing 'yan, sa harap ng mga saserdote n'yo?”

208 Hayan nga. Kita n'yo? Ano bang ginawa Niya? Wala Siyang ginawa na anuman. Bakit nila Siya ipinako? Bakit? Bakit? Dahil di nila napagkilala kung Sino Siya.

209 Ganyan na ganyan sa panahon ngayon. Ang mga mangangaral, at ang mga tao sa panahon ngayon, at ang moderno nating mga tagapagturo, labis nilang nadoktrinahan ang mga tao na paniwalaan na Ito'y "kulam, o ang diyablo, o mental na telepatiya, o kung anong peke, o kung anong uri ng panloloko," hanggang sa di na mapagkilala ng mga tao na ito'y ang pagpapatibay ng Salita ng Diyos para sa panahong ito. Ito'y huling-araw na mga tanda.

210 Ang mga iglesya, kung di ka kabilang sa kanilang organisasyon, sasabihin nila, "Ah, buweno, imbe-imbento lang 'yan. Yan—'yan nga'y peke. Buweno, ang tingnan n'yo rito'y sina *Ganito-at-ganoon* at *Ganito-at-ganyan*." Pero hayaan n'yo nga sila isang beses na patunayan ang tunay na Bagay na isang peke. Uh-huh. Hayaan n'yo silang patunayan isang beses na Ito'y mali. Hindi nila magawa. Hindi pa ito kailanman napag-alaman na mali, at hindi nga Ito kailanman, dahil Ito'y ang Diyos. Kita n'yo? Pero nais nilang tumuro.

211 Iniisip nila, "Oh, buweno, kung isang lalaki lang sana 'yan na may bantog na pangalan!" Dahil ito'y munting grupo, isang munting grupo na animo'y mga itinakwil, "Buweno, pinaalis namin ang taong 'yan sa aming simbahan." Kita n'yo? "Sila, dati silang dumadalo sa aming grupo, kita n'yo, pero napunta sila sa *ganito*, at napunta sila sa *ganoon*, at ngayon, kita n'yo, napadpad sila . . . Buweno, tingnan n'yo kung ano ito, kung sino ito."

212 Wala akong pakialam. Marahil sabihin nila ang ganyan ding bagay ukol kina Pedro, Santiago, at Juan. "Isang ignorante't di-aral na tao," sinasabi nila. Pero kinailangan nga nilang mapansin, may kung anong bagay na nangyari mula noon. Nakasama nila si Jesus. Yun ang nagpaiba. Kita n'yo?

213 Nagawa nila 'yun dahil hindi nila napagkilala kung Sino Siya. Hindi nila alam na ang pagpapatotoo ukol sa Salita ng Diyos ay di nakatayo roon noong araw na . . . Ngayon, mangyari nga na sa isang panahon, at tama naman 'yun; ganoon nga, may panahon, na pagtupad lamang ng mga batas at mga bagay-bagay. Pero ang siya ring mga batas noon, na tinutupad nila, ang nagturo sa isang panahon na Siya'y darating at magiging ang Taong ito na Siya nga mismo. Kamit nila ang bahaging *ito*, pero hindi nila kinamtan ang ibang *bahagi*.

214 At ginagawa nila ang siya ring bagay na 'yan ngayon. May simbahan sila, at sila'y "naniniwala kay Jesus Cristo," at sinasabi nila na sila nga, at mga bagay-bagay, pero tinatanggihan ang oras na kinabubuhayan natin! Pinanunumbalik ang lumang sawikain na 'yun muli: na sa tuwina'y pinapupurihan ng tao ang Diyos para sa bagay na

ginawa Niya, nakaabang para sa bagay na Kanyang gagawin, at, o gagawin pa lang, at iniitsa-puwera ang bagay na ginagawa na Niya ngayon, at kinondena dahil dito. Kita n'yo? Iniisip nila, "Kahanga-hanga ang Diyos. Ganoon nga Siyang kadakila! Ang gagawin nga Niya: darating Siya, at magkakaroon ng Pag-agaw, balang araw, at uuwi na tayo sa Tahanan," at tinatanggihan naman ang mismong mga tanda't mga kababalaghan na narito na mismo sa panahon na sinasabi ng Kasulatan na Kanyang gagawin ito. Talagang napalampas ang buong Bagay!

²¹⁵ "Kung pangungunahan ng bulag ang bulag," sinabi ni Jesus, "pareho silang mahuhulog sa hukay." Kaya naman manalangin kayo na buksan ng Diyos ang inyong mga mata sa huling mga araw na ito. Buweno.

²¹⁶ Ngayon, pareho, pareho ang ginagawa nila sa panahon ngayon. Tumatanggi sila't ipinapako sa krus ang siya ring Diyos, sa panahon ngayon, dahil sa di pagkakilala sa Kanya. Parehong, tinatanggihan Siya. At ginagawa, dahil sa pagtangi, ang mga bagay na ginagawa nila ngayon, haya't di eksakto na pinapako nila sa krus si Cristo, muli, kundi pinupusong nila ang Espiritu Santo. At sa paggawa nun, sila nga. Paano nila pinupusong ang Espiritu Santo? Paano?

²¹⁷ Paano nila pinusong Ito roon, noon? Hayan nga, na di nila Ito mapusong noon; hindi pa Ito dumating. Binansagan nila si Jesus na, "Beelzebub," tinawag Siyang "Beelzebub," dahil natatalos Niya ang mga lihim ng kanilang mga puso, at mga bagay-bagay. Ang sabi nila, "Isang diyablo ito." Sa madaling salita, "Isa siyang manghuhula. Sa ganoong paraan Niya ito nagagawa, sa panghuhula. Siya nga'y wala nang iba kundi isang diyablo." Kita n'yo, hindi sila noon nagkaroon ng propeta sa loob ng apatnaraang taon, at kaya nasanay sila sa ganoon. Kita n'yo? Kamit lang nila ang kanilang mga batas. Ang sabi nila, "Si Beelzebub ito."

²¹⁸ Tapos sinabi ni Jesus, "Pinatatawad Ko kayo para rian, ngunit kapag dumating na ang Espiritu Santo," kita n'yo, ngayon, "na magsalita kayo ng isang salita laban Dito, siyanga't hindi ito ipatatawad sa inyo."

²¹⁹ Alalahanin n'yo, hindi nga 'yun mapapatawad, at talagang hindi, sa anumang kadahilanan, walang habag, kapag kayo'y mamumusong, at tatawagin ang Espiritu ng Diyos, ang Salita ng Diyos na pinagtitiyag ng Espiritu. . . Kita n'yo, sinasabi *mismo* ng Salita, pinagtitiyag Ito ng Espiritu, at tatawagin n'yo Ito na isang "maruming bagay," lumampas na kayo sa hangganan sa pagitan ng habag at kahatulan, at hindi na kailanman patatawarin para rito.

²²⁰ Yan ang dahilan kung bakit isinasakdal ko ang henerasyon na ito, sa pagkakasala, sa pagpapapako sa krus, sa pamumusong sa inihayag na Anak ng Diyos na ipinangako noon ng lahat

na mga propeta, at ni Cristo Mismo, na mapaparito sa huling mga araw; katulad noon sa panahon ni Noe, sa panahon noon ng Sodoma. Pamumusong! Na, ipinako nila sa krus, sa harap ng mga tao, ang Anak ng Diyos muli, Siya na pinatotohanang Salita. Isang salita lamang laban Dito'y hindi na kailanman patatawarin.

²²¹ Ngayon anong gagawin n'yo kung ganoon? Anong tatayuan n'yo? Sila'y kinondena, na hinihintay na lamang ang oras ng galit ng Diyos na maibuhos. Dudurugin sila ng mga ito.

²²² Mas iniibig ang doktrina ng gawang-taong mga denominasyon at mga dogma kaysa sa ibigin nila ang isang pinagtibay na Salita ng Diyos; itong henerasyon na ito ng mga tao. Oh! Kung may—may oras lang sana ako na mahabaha para rito. Kita n'yo? Itong henerasyon ng mga tao, itong henerasyon na hinahamak ang kapahayagan ng *Diyos*. Pero lumalakad tayo kung saan tumahak ang mga alagad. Tama.

“‘Diyos,’ sinasabi n'yo? Buweno, sinasabi rin naman 'yan ng iba.” Pinapatotohanan Ito ng Diyos.

²²³ Sinabi ni Jesus, “Kung—kung—kung ang mga gawa'y di nangungusap ukol sa Akin, kung ganoon sige lang at sabihin n'yo na sinasabi Ko lamang ito sa ganang Sarili Ko. Pero kung ang mga gawa'y nangungusap, mas mainam na paniwalaan n'yo ang mga gawa, kita n'yo, dahil ito na ang oras.” Sabi, “Nalalaman n'yo na bukas ay sisinag ang araw, o magiging masama ang panahon; sa pamamagitan ng pamumula ng himpapawid at pangungulimlim, bukas ay mabuti.” Sabi, “Napagkikilala n'yo ang anyo ng himpapawid; pero ang mga tanda ng panahon, wala kayong nalalaman. Kung napagkikilala n'yo ang Diyos, makikilala n'yo sana ang araw Ko.”

²²⁴ Tapos sabi nila, “Masyado Mong itinataas ang Iyong Sarili; ginagawa Mo ang sarili Mo na Diyos.” At ibinayubay nila Siya sa krus.

²²⁵ At ang Espiritu Santo, sa panahon ngayon, ay hindi nga ikatlong Persona. Ang Diyos Ito, Mismo, na nahayag sa laman ng tao, sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo, para linisin ang isang buhay para magawa Niyang paaninagin ang Kanyang Sarili rito. At ipinapako nila ang siya ring Salita na nahayag. Nauunawaan n'yo ba? Ang pagkakapako kay Cristo, sa panahon ngayon, ay mga tao na tinatanggi ang pinagtibay at nahayag nang Anak ng Diyos sa kalagitnaan ng mga tao, sa pamamagitan ng Kanyang—Kanyang mga bagay na sinabi Niya na mangyayari sa panahon na ito sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Kita n'yo?

²²⁶ Ngayon, ang siya ring pagpapatibay, ay marapat lamang na pareho, kung Siya'y ang parehong Anak ng Diyos, dahil sinabi Niya sa San Juan 14:12, ngayon, na, “Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo.” Mga Hebreo 13:8, “Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.”

“Kung kayo’y nagsisipanatili sa Akin,” Juan 15, “kung kayo’y nagsisipanatili sa Akin, at ang Aking mga salita’y nananatili sa inyo, hingin ninyo ang bagay na ibig ninyo at ito’y ibibigay sa inyo.” Siyanga, po!

²²⁷ Alalahanin n’yo, sila’y napaka relihiyosong mga tao na siyang gumawa nun. Hindi sila mga taga-labas. Mga relihiyosong tao sila noong panahon na ’yun. At ’yung gumagawa nun ngayon, ay mga relihiyosong tao rin; parehong pagpapapako, parehong bagay sa panahon ngayon. Sige’t bilisan na . . .

²²⁸ “Doon kanilang ipinako Siya sa krus,” pagkatapos, pagkatapos. Siyanga. Tinatanggihan nila noon ang Salita ng Diyos na nahayag, tinatanggap ang kanilang mga kredo sa halip na ang Salita.

²²⁹ Yun ba ang ginagawa rin nila ngayon? Ganoon mismo, ginagawa nila ang siya ring bagay. Siya ang Salita; at tinanggihan nila ang Salita. Yan nga’y isang punto na nais kong hindi n’yo mapalampas, kita n’yo, nais kong di n’yo mapalampas ’yan. Siya ang Salita, at noong tanggihan nila Siya, tinanggihan nila ang Salita. At noong tanggihan nila Siya, sa huli’y ipinako nila Siya sa krus. At ’yan ang bagay na ginawa nila ngayon: tinatanggihan ang Salita ng Diyos, at tinanggap ang kanilang mga kredo; at ipinako, nang hayagan sa publiko, sa harap ng kanilang kongregasyon, ang pagkilos ng Espiritu Santo. At sila’y may sala, at isinasakdal ko sila sa Pangalan ni Jesus Cristo.

²³⁰ Labing-limang taon akong saksi sa pagkilos Niya sa buong bansa, at sa kabila nun ay nanghahawakan pa rin sila sa kanilang mga kredo. Sila’y may sala! Kinuha nila ang Salita na dapat sana’y magdadala sa iglesya, lahat ng mga iglesya na maglakip-lakip, at magbunsod ng dakila’t malaking pagkakapatiran sa pagitan ng mga Pentecostal at lahat ng iba pa; pero sa halip na ’yun ang gawin, kanilang tinanggihan Ito, at initsa-puwera Ito, nilibak Ito, at binansagan Ito ng lahat na ng kung anu-ano ngayon.

²³¹ At ngayon, sa pamamagitan ng isang kapisanan ng iglesya, sa pamamagitan ng plano ng diyablo, haya’t sumusubok makapasok at magsabi, “Ngayon naparito kami, para bumili ng kaunting Langis.” Sila’y tinanggihan. At sila’y . . . Sila’y may sala sa pagpapapako sa krus kay Jesus Cristo. Marapat nga na tumugaygay ka sa mga tuntunin ng Diyos, o di uubra ang iyong mga tuntunin. Kita n’yo?

²³² Tinanggihan nila ang Salita ng Diyos na nahayag, para sa kanilang mga kredo, at ganoon na ganoon ang ginagawa nila sa panahon ngayon. “Siya ang Salita,” Juan, San Juan 1. Sinasabi ng Mga Hebreo 13:8, “Siya’y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Ngayon ipinapako nila Siya sa krus nang panibago.

233 Alam n'yo ba na sinabi ng Biblia na magagawa natin 'yun? Ilan sa inyo ang nais magbasa nang kaunti pa? Maaari n'yo ba akong bigyan ng labing-limang minuto pa? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sige. Dumako tayo ngayon, pansumandali, sa "ipinako sa krus muli." Dumako tayo sa Mga Hebreo, sa ika-6 na kabanata, at magbasa nang kaunti. Ika-6 ng Mga Hebreo, at tingnan kung atin bang "ipinapako sa krus ang Anak ng Diyos muli," tingnan kung magagawa ba 'yun.

Sasabihin n'yo, "Hindi n'yo Siya maipapako sa krus sa ikalawang pagkakataon."

234 Sige't tingnan natin kung magagawa ba natin o hindi. Totoo ang Salita ng Diyos. Tama ba? Ito'y nasa Mga Hebreo 6:1.

Kaya't tayo'y tumigil na ng pagsasalita ng mga unang simulain ng aral ni Cristo, at tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan; na huwag ilagay na muli ang kinasasaligan ng pagsisisi at mga patay na gawa, at ng pananampalataya ukol sa Dios,

At ng aral na tungkol sa bautismo, . . . pagpapatong ng mga kamay, at ang pagkabuhay na maguli ng mga patay, at ng paghuhukom na walang hanggan.

. . . ito'y ating gagawin, kung ipahihintulot ng Dios.

235 Kita n'yo, nais ipaalam ni Pablo na ang mga bagay na ito rito ay ganap na mahalaga; pagbabautismo, pagpapatong ng mga kamay, ang pagkabuhay na mag-uli, ang ikalawang Pagparito. Lahat ng mga bagay na ito'y Walang Hanggan. Ganap na Katotohanan ang mga ito.

236 Ngayon pansinin:

Sapagka't hindi maaari . . .

Sabayan n'yo ako sa pagbasa, itong isang talata, nais kong sabayan n'yo ako ngayon sa pagbasa nito, ang ika-4 na talata:

Sapagka't hindi maaari tungkol sa mga minsang naliwaganan na, at nakalasp ng kaloob ng kalangitan, at mga nakabahagi ng Espiritu Santo,

At nakalasp ng mabuting salita ng Dios, at ng kapangyarihan ng panahong darating,

At saka nahiwalay sa Dios, ay baguhin silang muli sa pagsisisi; yaman na kanilang ipinapapakong muli sa ganang kanilang sarili ang Anak ng Dios, at inilalagay na muli siya sa hayag na kahihayan.

237 Ngayon, salita ko ba 'yan, o Kanya? "Isang tao na nakaabot na sa pagkaalam." Alalahanin n'yo, hindi nila Ito nakamtan kailanman. Sila'y mga alanganing mananampalataya. "Matapos na matanggap nila ang kaalaman ng Salita ng Diyos," nakuha n'yo mula sa pagkaalam, mula sa pagbabasa at pagkakita Rito, "at pagkatapos tatanggihan Ito, kung ganoon, kayo, imposible

para sa inyo na maligtas.” Nabasa n’yo ba ’yun ngayon? Kita n’yo, “Nakatanggap ng pagkaalam sa Katotohanan,” basta’t, naunawaan mo lang, pero hindi Ito kailanman nakamtan.

²³⁸ Katulad nga ’yan sa mga mananampalataya na lumabas noon. Ito’y tipo mismo ng paglalakbay. Itong, itong ikatlo, itong ikatlong exodo, ay tipo mismo ng iba pa sa kanila. Tingnan n’yo, tingnan n’yo nga roon. Hayaan n’yong may ipakita ako sa inyo ngayon, pansumandali. Pasensya na po sa kataga. Tingnan n’yo.

²³⁹ Humugot ang Israel ng labindalawang lalaki, isa sa bawat angkan, ulo ng denominasyon, at dinala sila sa mismong gilid ng linyang-hangganang, ng lupang pangako, at ipinakita sa kanila ang mabubuting bagay na parating, ang bagay na mayroon sila noon. At bumalik sila, na nagrereklamo, na, “Hindi natin kayang gawin ito.”

²⁴⁰ Pero mayroong dalawa sa labing-dalawa, sina Josue at Caleb, ang sabi’y tumingin sila sa Salita. “Sinabi ng Diyos na sa atin ito, at tayo’y higit pa nga na may kakayahang na angkinin ito.” Tama ba?

²⁴¹ Ano ’yun? Mga alanganing mananampalataya na hanggang hangganan lang. Kita n’yo, sila sa totoo lang ay mga ipinanganak mismo sa iglesya. Sila’y mga ulo pa nga ng bayan. Sila’y mga obispo, kung tutuusin, na nakapunta mismo roon kung saan ang Salita ng Diyos ay ipinakitang Katotohanan. “Hayun ang lupain!” Hindi pa sila nakapunta roon kahit kailan. Ni hindi nila alam na naroon ’yun. Pero nagpunta sila para makita na naroon nga ito. “Hayun nga ito!” At nagtungo sina Caleb at Josue, at dinala pabalik ang isang—isang—isang kumpol ng mga ubas at pinakain sa kanila. At natikman nila ang mabubuting lupain, at pagkatapos ay bumalik at nagsabi, “Hindi natin kaya ito. Kita n’yo? Hindi nga natin kaya ito.”

²⁴² Heto ang siya ring grupo, sa panahon ni Jesus Cristo. “Rabi, nalalaman namin na Ikaw ay guro mula sa Diyos.” Kita n’yo? Mga alanganin! “Nalalaman namin na Ikaw ay guro na mula sa Diyos. Walang tao ang makagagawa ng mga bagay na ginagawa Mo. Napagtatanto namin na ang Diyos ay marapat lang na naroon.” Pero bakit di nila tinanggap ito? Bakit di nila tinanggap ito? Dahil mga alanganin! Alanganin!

²⁴³ Narito sila na nasa ikatlong exodo na ito; siya ring tanda, siya ring paghahayag, siya ring Cristo, siya ring Espiritu Santo, siya ring mga gawa, siya ring Diyos, siya ring Mensahe, at di nila pa rin Ito kayang tanggapin. Isusuko kasi nila ang card nila ng pakikisama. Ano ’yun? “Mayroon silang kaalaman ukol sa Katotohanan.” Tumingin sila’t nakita naman na ito’y ganap na Katotohanan. Hindi nila Ito mapapabulaanan. Pinapatotoo na mismo ng mga magasin na nakita nila Ito. May mga litrato, mga diyaryo, mga ebidensya, pagkabuhay ng patay, mga pahayag ng mga doktor ukol sa mga maysakit, na sinasabi’t sinasabi

ng mga ito na ang Diyos nga ito. At ang mga hula, ni isa sa mga 'yun ay di nabigo sa mga nagdaang mga taon, bawat isa nun ay eksakto mismong natupad hanggang sa pinaka tuldok, hayan nga't wala silang masasabi kundi ito'y Diyos. Pero di nila matanggap-tanggap Ito.

²⁴⁴ Yung grupo ng mga ministro sa Chicago, tatlong-daan sila't sobra pa, magtutungo na sana noon at para mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. Nasaan na sila? Masyadong mataas kasi ang kapalit. Kaya hindi nila kayang gawin. Ano 'yun? Ang sabi ng Biblia, kapag ginawa nila 'yan, anong ginagawa nila? Inihihwalay nila ang kanilang mga sarili sa pagitan ng awa't kahatulan. "Sapagkat imposible para sa mga minsang waliwanagan na," mga dinala roon para makita Ito, "at may kaalaman na ukol sa Katotohanan, at nakalasang ng mabuting Salita ng Diyos, kung sila'y tatalikod mula Rito, kung kailan kailangan na naman nilang baguhin ang kanilang mga sarili, na sasabihin, 'Buweno, ngayon, gagawin ko, oo, . . .'"

²⁴⁵ Kayo na mga Presbyterian, kayo na mga Methodist, at mga Baptist, at mga Lutheran, at itong bagay ukol sa Full Gospel Business Men, na sinasabi nilang "papasok sila," tumalikod naman sa Mensahe. Gagawin nga ng inyong iglesya. May mga indibiduwal nga roon, tunay naman. Kaya naman, hindi ang iglesya; kinakailangan n'yong lumabas sa iglesyang 'yun, para matanggap Ito. Kita n'yo? Ganoon nga. Ayos naman ang mga indibiduwal.

²⁴⁶ Pero kung iniisip n'yo na tatanggapin ng iglesyang Presbyterian ang Espiritu Santo, at lahat sila'y iwawaglit ang kanilang mga dokumento, haya't, huwag n'yong iisipin na magkakaganoon. At iisipin n'yo na gagawin ng mga Methodist? Huwag n'yo talagang isipin 'yun. Iniisip n'yo ba na tatanggapin ng mga Trinitarian ang Pangalan ni Jesus Cristo at mababautismuhan ang bawat isa sa inyo sa . . .Hindi n'yo ito kailanman magagawa. Hindi n'yo ito kailanman magagawa. Pero may mga indibiduwal na lalabas at gagawin ito, siyanga, at 'yun ay tanda ng Kanyang Pagparito. Pero sila na mga kaiglesyahan na nakita na ang Katotohanan, at tinanggihan Ito sa kanilang mga konseho, "imposible nga."

²⁴⁷ Kung ganoon, sila'y may sala sa pagpapapako kay Jesus Cristo sa krus. At isinasakdal ko sila sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, na ang Diyos. . . "Paano mo sila isinasakdal, Kapatid na Branham?" Isinasakdal ko sila, dahil sa pagpapakilala na ng Diyos nang malinaw sa Kanyang Sarili sa Kanyang Salita, sa huling mga araw, at pagbubunsod sa Kanyang Sarili na mapagkilanlan na Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, at walang pagbabahala nila Itong tinanggihan. At kayo'y may sala sa pagpapapako kay Jesus Cristo, sa pamumusong sa Espiritu Santo. Ganoon nga.

248 Dadalhin natin kayo sa Mga Hebreo 10, uli, kung saan sinasaysay nito sa atin muli sa Mga Kasulatan, na hindi lang “imposible,” kundi hindi na kailanman maaari. Inihihwalay kayo nito mula sa Diyos, nang mapasa-Walang Hanggang. Hindi ka na kailanman makalalapit sa Presensya ng Diyos muli, kapag tinanggihan mo ang Espiritu Santo at nilibak Ito.

249 Ngayon, kita n’yo, “nalasap ang Salita.” Kita n’yo, mga mananampalatayang alanganin!

“Oh, sinasabi mo ba na ang mga taong ito’y hindi mananampalataya?”

250 Sila’y mananampalataya, o nag-aangking mananampalataya, pero pagdating sa Salita. . . Sila’y Israel. Lumabas sila sa ilalim ng dugo. Lumabas sila sa ilalim ng mga tanda ni Moises. Nasaksihan nila mismo ang mga tanda na ’yan na ipinapamalas.

Sinabi ng Diyos, “Dadalhin Ko kayo roon.”

251 At noong dumating na mismo sa prinsipyo ng ipinangakong Salita na parating, anong sinabi nila? “Oh, hindi natin kayang gawin ito.” Kita n’yo?

252 At heto sila na bumalik, na dala ang mga ubas at lahat na, para patunayan na tama ang lupain. Tama ang Salita ng Diyos. Sinabi ng Diyos, “Ibinibigay Ko sa inyo ito.”

253 Pero ’yung mga sirkumstansya, “Naku,” sabi, “mukha lang tayong mga tipaklong, kung itatabi sa kanila. Hindi natin kaya, kahit ano pa.”

254 Mga ilang taon ang nakararaan noong ang lumang kubol na ito rito’y nakatayo bilang isang tabernakulo, may lumapit, at lumakad doon at kinausap ako, sabi, “Billy, mangangaral ka lang sa apat na haligi, isa sa mga araw na ito, dahil sa dala mong Mensahe na gaya n’yan.”

255 Sabi ko, “Mangangaral ako kung ganoon sa apat na haligi, dahil may kakayahan ang Diyos na magbangon mula sa apat na haligi na ito ng mga anak kay Abraham.” Siyanga, po. Yun po ang Katotohanan. Sabi ko, “Kung may bagay ka para pabulaanan Ito, sige’t tingnan nga natin.” Gusto lang umuwak-uwak, pero pagdating na sa punto para ipakita ito, iba na. Oo, ’yun ang pinagkaibhan. Sige.

256 Siyanga, dahil sa kanilang mga kredo’y ipinako Siya sa krus muli. Ngayon sa Mga Hebreo sa ika-6 na kabanata, at tugaygayin natin. At mababasa natin, pababa rito. Marami pa tayong oras. May minarkahan akong Kasulatan dito kung saan ’yun makikita, Mga Hebreo sa ika-6 na kabanata. Marahil, sa palagay ko, kunin lang itong lahat. “Hindi maaari para sa mga minsang naliwanagan na, mga nakabahagi na ng Espiritu Santo. . .” Wala na tayong oras para magpakahaba pa, dahil may isa pa akong Kasulatan na nais kong basahin maya-maya.

Pansinin n'yo ito, "Ipinako nila sa krus sa ganang kanilang sarili ang Anak ng Diyos muli." Anong ginawa nila? Ano? Sa pagkalasap, at pagkaalam na Ito'y Katotohanan, at pagkatapos ay tatalikod at tatanggihan Ito. Anong idudulot nun? "Ito'y imposible. . ."

²⁵⁷ Hayan nga na 'yan ang ginawa ng bansang ito. Yan ang ginawa ng mga tao. Yan ang ginawa ng mga kaiglesyahan. Tinanggihan nila Ito, at ipinako nila sa krus ang Mensahe. Ipinako nila ang Katotohanan, sa mga tao. Paanong ginawa nila kay Jesus? Nilagay nila Siya sa kahihyan, hinubaran Siya ng Kanyang mga damit, ibinitay Siya sa isang krus at ipinako Siya roon, ang Prinsipe ng Buhay. Ang siya ring bagay na ginawa nila sa panahon ngayon sa pamamagitan ng kanilang mga kredo! Ginawa nila ang siya ring bagay. Inalis nila nang tuluyan ang mga bagay-bagay, inalis nila nang tuluyan ang—ang kabutihan at pananamit ng Ebanghelyo, dahil sa pagpoposisyon Nito sa kung saang iba, at ibinitay Siya sa isang krus. Oh, grabe! Bakit?

²⁵⁸ "Doon kanilang—kanilang ipinako Siya sa krus," ngayon ang huling sipi, "Siya," Siya, itong pinaka kalugud-lugod na Tao. Bakit nila ginawa 'yun? Hindi nila Siya napagkilala noon. Bakit nila ginagawa 'yun sa panahon ngayon? Hindi nila alam na ito'y Katotohanan. Sila'y—sila'y walang kaalam-alam at bulag Dito. Hindi nila Ito alam. Yun ang dahilan. Ipinadpad sila ng kanilang mga kredo't mga tradisyon palayo mula sa Salita ng Diyos.

²⁵⁹ Ngayon sa inyo rito, sa pagtatapos ngayon, pagtuunan n'yo ngayon nang maigi. Kita n'yo? Alam ko na mainit. Naiinitan din ako, hayan nga.

²⁶⁰ Pero, oh, kapatid, itong Salita'y Buhay kung mapanghahawakan n'yo Ito. Tingnan n'yo, hindi Ito isang bagay na pinag-uusapan natin, na marahil ay mangyayari rito at sa mga susunod pa; Ito'y isang bagay na nandito na sa atin at nangyayari na mismo ngayon. Hindi bagay na mangyayari pa lang; bagay ito na nandito na. Hindi tayo nagpapatootong, "Batid namin ang bagay na ginawa Niya; batid namin ang bagay na Kanyang gagawin," pero ngayon ang sinasaysay natin ay bagay na ginagawa Niya mismo ngayon. Kita n'yo? Ito ay sa oras natin.

²⁶¹ Marahil di tayo mabubuhay para abutan ang Pag-agaw. Marahil ako'y mamamatay ngayong araw na ito; marahil mamamatay kayo ngayong araw na ito. Hindi ko alam. Pero parating ang Pag-agaw. Na—na, kapag dumating na 'yun, makakasama tayo roon, huwag kayong mag-alala; uh-huh, pati lahat sila na naroon noon sa mga kapanahunan, na mga nagsisampalataya rito at umaasam dito. Sila na lumakad sa Liwanag ng kapanahunan nila.

²⁶² At heto ang Liwanag, si Jesus Cristo'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Talikuran n'yo ang inyong mga

kredo't sampalatayanan ang Salitang ito. *Ito* ang Katotohanan. Ang Salita'y Katotohanan. Sinabi ni Jesus, "Ang Aking Salita ay Espiritu, ang Aking Salita ay Buhay." Paano n'yo tatanggapin ang Buhay samantalang tinatanggihan n'yo ang Buhay? Paanong tatanggap kayo ng isang dogma, na kamatayan, at isang Salita ng Buhay? Matatanggihan n'yo ang Salita ng Buhay, kung kamatayan ang pipiliin, paanong dalawa ang tatanggapin n'yo nang sabay? Hindi n'yo ito magagawa. "Ibunsod ang salita ng bawat tao na maging kasinungalingan, bawat dogma'y kasinungalingan." Ang Salita ng Diyos ang Katotohanan.

²⁶³ Hinahamon ko ang sinuman na ipakita sa akin, sinuman . . . At alam ko na ang teyp na ito ay makakarating sa buong mundo. Sinumang tao, sinumang obispo, ay maaaring pumunta sa silid ko, o sa harap ng kongregasyong ito, at ituro ng kanilang daliri ang isang dako na may kahit sino na nabautismuhan sa Pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo," sa Bagong Tipan. Ipapakita ko rin sa inyo na bawat tao noon na nabautismuhan ay . . . At maging 'yung mga binautismuhan sa ibang paraan noon, ay kinailangan nilang lumapit at magpabautismo muli, para makamit ang Espiritu Santo.

²⁶⁴ Anong gagawin n'yo ukol dun? Mananatili pa rin ba kayo diyan sa mga kredo n'yo? Manatili riyang sa mga dogma n'yo at mamatay? Kayo'y may sala! Nang may masasamang kamay, kinuha n'yo ang Prinsipe ng Buhay, ang Salita ng Buhay, at Ito'y ipinako sa krus sa mga tao.

²⁶⁵ Ngayon anong ginawa nila? Hindi nila ito nalalaman. Sa panahon ngayon lumalakad ang mga tao nang walang kaalam-alam. Hindi nila alam na 'yun ang Katotohanan. Iniisip nila na ito'y kung anong uri lang ng ismo. Hindi sila nagsasaliksik nang sapat na lalim para makaabot sa Espiritu ng kapahayagan. Hindi sila nananalangin nang sapat. Hindi sapat ang pagtawag nila sa Diyos.

²⁶⁶ Bahagya lang nila Itong tinatanggap, "Oh, buweno, naniniwala naman ako na may Diyos. Tunay naman!" Naniniwala rin dun ang diyablo. Naniniwala pa nga rito ang diyablo nang mas higit kaysa sa sinasabi-sabi ng mga tao na naniniwala raw sila. Pinaniniwalaan ito ng diyablo't nanginginig pa. Ang mga tao'y naniniwala lang at bahala na. Pero nanginginig ang diyablo, yamang nalalaman na ang Paghatol sa Kanya'y parating, at ang mga tao'y naniniwala raw rito't hindi naman pinagtutuunan ng pansin na parating na ang Paghatol.

²⁶⁷ May sala nga ng pagpapapako sa Kanya! Siyanga! Isinasakdal ko ang henerasyong ito, nasumpungan silang salarin, sa siya ring Salita na nakasumpong sa kanila na may sala sa pasimula. Ganoon nga. Sinabi ni Jesus, "Sinong

makahahatol sa Akin?” Siya ang Salita na nagsalaman. At ngayon ang siya ring Salita ay nagsalaman.

268 Sinabi noon ni Pedro sa pagsasakdal niya, sa Mga Gawa. Sige't basahin natin. Si Pedro, noong makita niya ang bagay na ito na nangyayari, ang bagay na ginawa nila, ang Espiritu. . . Tingnan n'yo, pinagtatanggol ni Pedro si Cristo, sa bagay na ginawa nila noon. Pinagtatanggol ko rin ang Mga Ebanghelyo ngayon. Ako. . . Isinasakdal sila noon ni Pedro sa pagpatay sa Taong, si Cristo, na Siyang ang Salita. Isinasakdal ko ang henerasyon na ito sa pagtatangkang patayin ang Salita na inihahayag sa mga tao. Masdan n'yo ang sinabi ni Pedro. Ang matuwid niyang galit ay tumaas marahil noon. Pakinggan n'yo siya rito sa Mga Gawa sa ika-2 kabanata, at simula sa ika-22 talata.

Kayong mga lalaking taga Israel, pakinggan ninyo ang mga salitang ito; Si Jesus na taga Nazaret, pinatunayan, lalaking pinatunayan ng Dios sa inyo sa pamamagitan ng mga gawang makapangyarihan, . . . mga tanda, na ginawa ng Dios sa pamamagitan niya sa gitna gaya . . . ninyo, gaya rin ng nalalaman ninyo:

269 Whew! Iniisip ko nga kung paano nila 'yun naramdaman! Pakinggan n'yo 'yun.

Kayong mga lalaking taga Israel, ang prinsipe, kayo na mga kalalakihan ng iglesya, kayo na mga banal na lalaki, kayo na mga pari, kayo na mga kalalakihan na dapat sana'y mga kalalakihan ng Diyos, pakinggan ninyo ang mga salitang ito; Si Jesus na taga Nazaret ay pinatunayan ng Dios sa inyo. . .

270 Ngayon sinasabi ko rin sa inyo na mga ministro, at sa inyo na mga tao. Si Jesus na taga-Nazaret, ang Espiritu Santo, Siya'y narito sa Persona ng Espiritu Santo, na siyang Buhay na nasa Kanya. Narito Siya na kumikilos sa mga tao, at dinedeklara ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng mga tanda't mga kababalaghan na ginagawa Niya. At heto na isinasabit nila riyan sa mga dingding, ang siyentipikong pagkakakilanlan. At heto ang mga taong nakaupo rito, na dating patay na, pero buhay ngayon; at kinain na ng kanser, na maiigi na ang lagay ngayon; mga bulag, na nakakakita na ngayon; at mga pilay, na mga nakakalakad na ngayon. Siya'y si Jesus na taga-Nazaret.

Siya, na ibinigay sa takdang pasiya at sa paunang kaalaman ng Dios, itinalaga na noong una para sa Kanyang trabaho, inyong kinuha, sa pamamagitan ng mga kamay ng mga tampalasan ay inyong . . . pinatay:

271 Yun ba'y—'yun ba'y pagsasakdal? Isinasakdal niya ang ano? Ang Konseho na 'yun ng Sanedrin.

272 At isinasakdal ko rin, sa umagang ito, ang kapisanan ng mga iglesya. Isinasakdal ko ang mga Pentecostal. Isinasakdal ko

ang mga Presbyterian, ang mga Baptist, at bawat denominasyon sa mundo. Dahil sa masama't, makasariling kasakiman ay kinuha n'yo ang Salita ng Buhay at ipinako Ito sa krus sa harap ng mga tao, at nilapastangan Ito, at tinawag Itong "panatisismo," na Diyos mismo ang nagbangon sa kalagitnaan natin para patunayan na Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Isinasakdal ko ang henerasyon na ito!

²⁷³ Pinatunayan mismo ng Diyos na Siya'y buhay. Pinatunayan ng Diyos na Ito'y Kanyang Salita. Ano bang mayroon kayo kundi sangkumpol lang ng dogma't mga kredo! Saan n'yo maipapakita ang buhay na Diyos? Mangyari nga na tinanggihan n'yo ang Salita ng Buhay na dapat sana'y magbibigay sa inyo ng mga bagay na ito. Ganoon, nga! Oh, grabeng oras na kinabubuhayan natin ngayon. Whew! Pareho! Oh, tinatawag ko . . .

Sinabi ni Pedro . . . kinuha n'yo, *sa pamamagitan ng mga kamay ng mga tampalasan at ipinako sa krus at pinatay:*

Na ang Diyos . . . siya'y binuhay na maguli, pagkaalis sa mga hirap ng kamatayan: sapagka't hindi maaari na siya'y mapigilan nito.

²⁷⁴ At sa pamamagitan ng inyong mga kredo, at inyong mga organisasyon, at inyong mga denominasyon, sa anyo n'yo ng kabanalan, nangungusap pa rin. Yang mga anyo n'yo ng kabanalan, tinanggihan n'yo ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli.

²⁷⁵ Pero dumating ang oras, narito na ang huling mga araw na 'yun, noong mangako ang Diyos, ayon sa Malakias 4, na Siya'y magpapalitaw sa huling mga araw, "at ibabaling nito ang mga puso ng mga tao pabalik sa orihinal na mga pagpapala at pentecostal na Pananampalataya ng mga magulang." At hindi n'yo ito maitataggi, at hindi n'yo ito matitiis.

²⁷⁶ Ngayon kinokondena ko kayo, na may sala, at hinahamon kayo, at isinasakdal sa harap ng Diyos, na sa masasama't, sakim, na mga makadenominasyong kamay ay ipinako n'yo ang Salita ng Diyos sa harap ng mga tao. At tinatawag ko kayong mga may sala at nakaamba na sa Paghatol. Amen. Siyanga, po!

²⁷⁷ Ganoon din ang itinatawag ko gaya ng ginawa noon ni Pedro. Tumawag siya ng pagsisisi sa henerasyong 'yun. Tinatawag ko rin ang henerasyon na ito na magsisi, magsisi sa Diyos, at bumalik sa orihinal na Katotohanan ng Salita. Manumbalik sa Pananampalataya ng ating mga magulang. Manumbalik sa Espiritu Santo, dahil hindi Ito maaaring baguhin ng Diyos.

²⁷⁸ Noong sabihin ng Diyos, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga nananampalataya," kinakailangan Niyang manatili roon nang buong Walang Hanggan. Ito'y Kanyang Salita.

279 Kapag sinasabi n'yo, "Makipagkamay, o magkomunyon," o bagay na parang ganoon, o kung ano sa kredong 'yun, o kung ano na parang ganoon sa kaisipan na 'yun; na sinumang tao, sinumang lasenggo, sinumang di-mananampalataya ay magagawa ito. Sinumang manggagaya, sinumang patotot—patotot ay kayang gawin 'yan. Magkomunyon, magkaroon ng anyo't mga bagay-bagay na gaya n'yan, magagawa n'yo nga.

280 Pero sinabi ni Jesus na ganito ang magiging pagkakakilanlan, "Ang mga tandang ito ay," hindi sinabing *marahil* ang mga ito, "ang mga ito nga, sa lahat ng mga henerasyon, sa kanila na mga sumasampalataya! Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga diyablo; magsasalita sila ng ibang wika, magsasalita ng bagong wika; at hahawak ng ahas; makainom ng nakamamatay na bagay, hindi sila mapapahamak; magpapatong ng mga kamay sa mga maysakit, sila'y gagaling." "Magpapagaling ng maysakit, magbabangon ng patay, magpapalayas ng mga diyablo; gaya nang walang bayad n'yong natanggap, ibigay din naman nang walang bayad."

281 Lahat nitong malalaking taktika para kumita lang ng pera at mga bagay-bagay, at makakalawit sa mga bagay-bagay sa panahon ngayon, hindi na nga nakapagtataka na sila'y punung-puno ng kahatulan. Siyanga, po! Oh, naku!

282 Tingnan natin ngayon. Siyanga, po. Tawag para magsisi, at ang pagsasakdal ko ngayon.

283 Itong bagong Kalbaryo ay ang—ang iglesya, na naturingan lang, pinakabanal na mga dako, magagarbong pulpito, altar ng Katolisismo, altar ng Katoliko, tawag sa pulpito nila. Ang Methodist, ang Baptist, ang Prebyterian, ang Lutheran, ang mga Pentecostal, pinakabanal na mga dako, doon nga'y natanggap Niya ang pinaka mabibigat na pananaksak sa Kanya. Isang bagong Kalbaryo! Saan ito matatagpuan? Sa banal na mga dako, sa iglesya.

284 Saan Siya ipinako? Mula sa mga pastor. Kayo na mga mapagpaimbabaw, mas maalam dapat kayo riyan! Hindi ako galit, pero may kung anong bagay sa kaibuturan ko ang nag-uudyok. Ang Diyos ay lubos nang napagkikilala sa kalagitnaan n'yo.

285 Saan Niya nakuha ang mga sibat sa Kanya, sa Kanyang tagiliran? Saan Niya nakuha ang mga pananaksak sa Kanya? Sa Kalbaryo. Saan Niya ito nakukuha ngayon? Sa pulpito. Saan nanggaling ang mga 'yun noon? Sa Jerusalem. Saan nanggagaling ang mga ito ngayon? Sa denominasyon. Sila na nag-aangkin na iniibig Siya, 'yun ang may gawa nun. Yun ang may gawa nito sa panahon ngayon. Ang ikalawang Kalbaryo Niya, kung saan nakakatanggap Siya ng mga pananaksak sa Kanya laban sa Salita, 'yun ang sumaksak sa Kanya. Sino Siya? Siya'y ang Salita. Siya ang Salita. Saan galing ang pinaka

mabigat na pananaksak sa Kanya? Sa pulpito sa banal na mga dako, gaya noon.

²⁸⁶ Mayroon akong karapatan para isakdal ang henerasyon na ito. Mayroon akong karapatan para gawin ito, bilang isang ministro ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo, na dala ang Kanyang mga tanda, at pinatutunayan na Siya'y Diyos. Mayroon akong karapatan para magdala ng pagsasakdal laban sa henerasyon na ito. Dahil, ang pinaka mabibigat na dulo ng sibat na pinalagos sa Kanya'y mula sa mga pulpito mismo, kung saan sila'y namimintas at nagsasabi, "Huwag kayong lumabas para pagkinggan ang ganyang bagay. Sa diyablo 'yan." Doon mismo sa dako na dapat sana'y iniibig Siya!

²⁸⁷ At ang mismong mga tanda na sinabi ni Jesus na mangyayari, "Ang Salita ng Diyos ay mas matalas kaysa sa isang tabak na may dalawang talim; ang Salita, na nakatatalos ng mga pag-iisip, ng mga haka ng puso." At binabansagan Itong diyablo, saan galing? Sa mga pulpito, sa banal na mga dako.

²⁸⁸ Oh, Diyos, paano nga Siya makatitingin sa ibaba? Sadyang—sadyang kahabagan lamang, 'yun nga, biyaya. Wala tayong magagawa na anupamang iba kundi tumungo sa kahatulan. Nandun na tayo. Uh-huh.

²⁸⁹ Isipin n'yo 'yun. Ang pinaka mabibigat na pananaksak sa Kanya'y galing sa pulpito. Doon ang bago Niyang Kalbaryo. Ipinako nila Siya sa krus, ang Salita, sa pulpito. Ganoon nga. Paano, paano nila nagawa? Sa pamamagitan ng kanilang mga anyo ng kabanalan. Ganoon mismo!

²⁹⁰ Kinoronahan mula sa mga tagapakinig, ng mga manunuya! May bago Siyang koronang tinik, mga manunuya! Sinaksak mula sa pulpito; kinoronahan ng mga manunuya. Siya ba'y ipinako muli sa krus, nang panibago? Nilatayan ng mga gawang-taong kredo, mga tagapagturo ng denominasyon na laban sa Kanyang Salita. Kanilang nilatayan Ito, sa kahihyan, kinondena Ito.

²⁹¹ Sinabi ni Jesus, "Sa walang kabuluhan kanilang sinasamba Ako." Sa *walang kabuluhan*, "walang mabuting maidudulot." Sino ang sinasamba nila? Sinasamba nila ang siya ring Diyos. Sinasamba nila ang siya ring Diyos sa Kanyang unang pagkakapako, at 'yun ay pagsamba na walang kabuluhan. Pareho sa panahon ngayon. Sa walang kabuluhan ay itinayo nila ang mga denominasyon na ito. Sa walang kabuluhan ay itinayo nila ang mga seminaryong ito. Sa walang kabuluhan ay nagkaroon sila ng mga kredong ito, na itinuturo bilang doktrina ang mga utos ng tao, at tinatanggi ang Salita ng Diyos. Sila'y may sala sa pagpapapako sa krus sa Prinsipe ng Buhay, itinuturo ang mga doktrina ng tao sa halip na Kanyang Salita. "Sa walang kabuluhan ay sinasamba nila Ako," nilatayan, sinaksak, kinoronahan.

292 Sa tuwing makikita n'yo 'yan sa pagdaan sa kalsada, at ang ilan sa inyo na mga kababaihan na may mahabang buhok; ay sasabihin, "Makaluma siya, hindi ba?" Alalahanin n'yo, mga manunuya 'yun, 'yun ang korona na suot-suot n'yo. Sinabi ng Diyos na ito'y kaluwalhatian n'yo; isuot n'yo ito nang may pagmamalaki. Hallelujah! Isuot n'yo nang may pagmamalaki, gaya ng magsusuot kayo ng isang koronang tinik para sa inyong Panginoon. Isuot n'yo nang may pagmamalaki. Huwag kayong mahiya. Siya mismo ang may sabi, hindi mahalaga kung ano ang sabi-sabihin ng mga Jezebel na ito sa panahon ngayon. Anuman ang itinatayo ng mga impostor na ito sa pulpito, mga mampapako ni Cristo, kahit na ano pa ang sabi-sabihin nila, isuot n'yo ito nang may pagmamalaki. Diyos mismo ang may sabi. Panatilihin n'yo.

293 Kinoronahan, ng mga manunuya muli, ng mga tinik. Sinaksak mula sa pulpito, gamit ang mga kredo.

294 May bago Siyang Golgota, lugar kung saan nila Siya dinadala: itong mga nakabalabal na koro, maiiksing-manamit na kababaihan, putol ang buhok, de kolorete ang mukha, umaawit sa koro na parang mga Anghel, may mga talento. Yun ang bago Niyang Golgota, modernong paghuhubad mismo na protektado ng batas, gaya sa Sodoma at Gomorra.

295 Makakakita kayo ng munting babaing aso na naglalakad sa kalsada. May partikular na mga panahon na walang lalaking aso ang lalabas kung nasaan siya. Hintayin n'yong mangyari 'yung isang bagay, haya't lahat sila'y tatakbo papunta sa kanya. May kung anong bagay na nangyari sa kanya. Alam n'yo na kung bakit. Hayaan. . .

296 Para sa anong dahilan at naghuhubad ng kanilang damit ang mga kababaihan na ito, at magpupunta roon sa kalsada? Huwag n'yong sabihin sa akin na di 'yun pareho. Isa 'yung pagkakakilanlan. Huwag n'yong kondenahin ang mga lalaki. Pero protektado sila ng batas ng Sodoma. Sasabihin sana ng batas na 'yun na labag sa batas para sa kanila na lumabas doon.

297 Haya't ang mga mangangaral sa pulpito'y dapat na naka-*petticoat* na salawal sa halip na *clergy coat* na balabal; na tatayo roon at pahihintulutan ito, at nahihiyang magsalita laban dito, dahil patatalsikin sila ng kanilang denominasyon. Ipinapako n'yo sa krus, sa-sa kongregasyon, ang Salita ng Diyos na nagsasabi, "Karumal-dumal para sa isang babae na magsuot ng damit na para sa lalaki."

298 Aking-aking kinokondena ang bagay na 'yan. Aking-aking-aking-aking-aking inaakusahan ito ng pagpapapako sa Salita ng Diyos sa harap ng mga tao. Mga babaing putol ang buhok, maiiksi manamit, at ang korona. . . tumatayo roon sa koro!

299 May nagsabi sa akin, nung isang araw, may babae na nagtanong sa akin, sabi, “Buweno, saan ka sa palagay mo makakahanap?”

300 Sabi ko, “Kung hihilingin sa akin ng Panginoon na kumuha ng sandosena, sa buong mundo, akin ngang—akin ngang ikamamatay sa takot.”

301 Samantalang, sa pamamagitan ng espirituwal na pagkilala ng Espiritu, tatayo ako roon at pagmamasdan sila, at tatayo nang paganoon at makikita ko ang mga bagay na 'yun na nasa kanila; marurumi't, salaula't, giray-giray, na mga humihithit ng sigarilyo, na naroon at tuloy lang sa ganoon, tapos tatayo sa isang koro na nakabalabal at aawit sa kondisyon na 'yun, at magpapakita sa mga tagapakinig. Sasabihin nila, “Buweno, kung nagagawa niya, puwede ko ring gawin.” Ang isang Cristianong buhay ay buhay ng kabanalan at kadalisayan, walang kasamaan!

302 Isinasakdal ko sila, sa Pangalan ni Jesus Cristo, dahil sa kanilang kalaswaan at karumihan. Dinala nila ang Ebanghelyo sa isang kahihyan. At ang mga tao na nagsisikap na manghawakan Dito, ay binabansagan nila na “mga panatiko,” tinatawag na, “makaluma at walang katuturan 'yan.” Isinasakdal ko sila, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

303 Modernong mga paghuhubad sa lansangan, umaawit sa mga koro, naninigarilyo, nagkukuwento pa ng mahahalay na biro, tatlo o apat ang asawa, at pagkatapos ng ikaanim, hayan nga na umaawit pa rin sa koro dahil maganda ang boses. Kayo na kalunus-lunos na intelektuwal, pinagkaitan sa espirituwal, tumanggi dahil sa sarili n'yong mga tayo. Binabasa n'yo ang parehong Biblia na sinumang tao'y binabasa, pero tinanggihan n'yo ang Espiritu ng Diyos, hanggang sa sabihin ng Biblia na kayo'y “binigyan ng matinding pagkalinlang, upang maniwala sa isang kasinungalingan at mapahamak dahil dito.” Talagang naniniwala kayo na tama kayo, at sinasabi ng Biblia na paniniwalaan n'yo ito at mapahamak sa siya ring kasinungalingan na pinaniniwalaan n'yo na Katotohanan.

304 Kaya naman, isinasakdal ko kayo sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Nagtuturo kayo ng kamalian sa mga tao, at ipinapako sa krus ang mga prinsipyo ni Cristo, ukol sa kabanalan at Buhay sa kaitaasan, para ang tao sana'y makalalakad sa lansangan at maging ibang tao.

305 Mga mangangaral na tumatayo sa mga palaruan ng beysbol, naninigarilyo; mga katitisan; pati ang lahat na ng ibang kabulukan na pinababayaan lang nila. Mga kababaihan sa kanilang koro, na nagsusuot ng shorts, putol ang buhok, at nagpapatuloy sa ganoon, na may mga meypak ang mga mukha, tapos tatawagin 'yun, “Kapatid na babae, *ganito* at *ganoon*,” at kinokondena ng Biblia ang bagay na 'yan. Hayan nga.

Nagpupunta sa mga kasiyahan at kung anu-ano ang ginagawa, na miyembro pa rin ng simbahan; naglulumagi sa patotoo, at namumuhay naman sa anumang paraan na nais mo.

³⁰⁶ Huwag n'yong isipin na mga Presbyterian ang tinutukoy ko. Kayo na mga Pentecostal ang tinutukoy ko. Siyanga. Minsan n'yong nalaman ang Katotohanan, pero inisip n'yo na hindi n'yo kayang tanggapin Ito. Hindi n'yo kayang suportahan ang pastor n'yo. Hindi maipagpatuloy ng inyong—inyong pastor ang malaking trabaho na 'yun na ganoon lang karaming daang dolyar kada linggo, at masustentuhan 'yung malaki't mainam na simbahan kung saan siya nangangaral, at mamamalagi't magpapatuloy sa paraan na ginagawa nila. Kung kokondenahin niya 'yun, patatalsikin siya ng organisasyon; kaya kailangan niyang manatili sa ganoon, gayong kinakailangan niya sanang sabihin 'yun. Kaya naman, ipinagbili niya ang kanyang karapatan sa pagkapanganay, para sa isang bulanglang na lutuin ng sanlibutan, ng labusaw ni Esau. Anong mapapala niya dahil dun? Kapwa sila mahuhulog sa hukay ng kapahamakan, at mahahatulan. Isinasakdal ko sila, bilang mga patotot ng Ebanghelyo.

³⁰⁷ Nasa koro ako noon, isa sa pinakasikat, na malalaking lugar, hindi pa katagalan, isa sa pinaka matataas na mga hanay ng Pentecostal na mayroon. At mangyari nga na nakaupo ako roon sa loob ng opisina ng kapatid na lalaking ito nang may apat o limang koro na nag-uumpukan roon. At isa 'yun sa . . . ilan sa pinaka maiinam na mga organisasyon ng mga Pentecostal. At di nila alam na naroon ako sa loob ng silid nung ministro, sa Oklahoma. Nakaupo ako roon, sa ibaba, kung saan doon nag-aaral ang ministrong ito bago siya nagpupunta sa kanyang entablado. At noong ako . . .

³⁰⁸ Naroon 'yung mumunting mga Ricky roon; at mga Ricketta, na nakameykap, wala ni isa sa kanila ang mahaba ang buhok, bawat isa sa kanila'y maiksi ang buhok, bawat isa sa kanila'y naka-meykap, bawat isa sa kanila'y nakasuot ng balabal. At may munting Ricky na patayo-tayo roon, palakad-lakad nang *paganoon*, (at may isa pang lalaki na lumilikom ng handog para sa pagmimisyon), umaakto siya na parang bulag na lalaki na may hawak na tasa, at palibot-libot dun na may sinasabing kung anu-ano kalapastanganan na bagay tungkol sa paglilikom ng handog, at mga bagay na gaya nun. Pero magpupunta pala roon at aawit ng—*The Messiah*, oh, naku, at—at maayos niyang naaawit 'yun, pero wala ngang kasi. Wala, dahil patay, kita n'yo. Oh, naku! Hayan nga kayo. Yun ang bagong Golgota ng Diyos.

³⁰⁹ Ano ang palagay n'yo sa isang munting kabataang babae, o isang munting babae roon? Hayan nga, kung sasali siya roon, na nakadamit sa paraan na dapat, na may mahabang buhok, at walang meykap, at mga bagay na gaya nun, siya nga'y pagtatawanan nila; at kung tatayo siya, at kung ginagawa nila

'yung kung anu-ano roon, 'yung grupo ng mga kabataan, mga tatlumpu o apatnapu sila. Yung piling bahagi ng Pentecostal, at ginagawa ang mga bagay na gaya nun! At kung ang munting binibini'y magsasabi ng kung anong bagay tungkol dun, aalisin nga nila siya sa koro.

³¹⁰ Hayaan n'yong tumayo ang mangangaral ng Ebanghelyo sa pulpito at magsabi ng kung ano tungkol dun, patatalsikin nga nila siya sa organisasyon. Ipinapako n'yo sa krus muli ang Anak ng Diyos, at inilalagay Siya sa hayag na kahihyan. Ang Kanyang Ebanghelyo na sinasabi n'yo na ipinapangaral n'yo, pinapako n'yo Siya. Isinasakdal ko itong henerasyon na tinatanggihan-si-Cristo, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, at sa kapangyarihan Nito sa huling mga araw na ito na nagpapatotoo na Siya'y nananatiling buhay. Oo. Sila'y laban sa maliwanag, na pinatotohanang Salita ng Diyos. Hindi kayang tayuan Ito ng kanilang mga organisasyon.

³¹¹ Ang naglalakihang mga simbahan at mga denominasyon ay ang bago Niyang Kalbaryo. Sinasabi ko nga ito muli. Itong, kanilang modernong mga paghuhubad, ay kanilang mga koro.

³¹² Ang punong saserdote ng bawat denominasyon ay sumisigaw na parang 'yung mga punong saserdote noong araw na 'yun noon, "Ngayon bumaba Ka't pakitaan kami ng isang himala." Uh-huh. Yun ang unang pagpapapako sa krus.

³¹³ Pareho sa panahon ngayon. Naririnig ko nga sila na sinasabi, "Buweno, ngayon, nagbabangon ka ng patay, siyanga ba? Bakit di ka pumunta roon? May asawa ka roon sa libingan. May anak na sanggol ka roon."

³¹⁴ Sinabi nila sa Kanya, "Nabalitaan namin na nagbabangon Ka raw ng mga patay. May sementeryo kami na punung-puno nila rito. Pumarito Ka't ibangon mo sila." Oh, magbubunsod ng kamangmangan ang kamangmangan. Kita n'yo? Uh-huh.

³¹⁵ Malalaking simbahan, malalaking koro, mga punong saserdote ng panahong ito, "Bumaba Ka, pakitaan mo kami ng isang himala na hindi magawa ng denominasyon namin."

³¹⁶ May lalaki nga, di pa katagalan, na nagbitiw ng pahayag tungkol sa . . . pagkatapos nung munting pagsasahimpapawid ko sa Jonesboro, Arkansas, na sinasabi ko roon ang tungkol sa isang babae na gumaling. Itong lalaking ito'y kasapi sa isang denominasyong simbahan, at tumayo siya roon at ang sabi, "Hinahamon ko ang sinuman na magdala sa akin at pakitaan ako ng isang himala."

³¹⁷ Nagpunta ako't kumuha ng doktor. Isang lalaki na gumaling, sa kanser. Nagpunta ako't kumuha ng isang babae na nasa silyang de gulong nang mga dalawampung taon; pinagaling siya sa arthritis, matagal na nasa silyang de gulong. Dinala ko at sabi ko, "Ngayon akin na 'yung pera, sanlibong dolyar."

318 Sabi niya, “Buweno, uh, uh, uh, uh, wala rito. Naroon sa Waco, Texas, kung saan naroon ang punong himpilan namin.”

319 Sabi ko, “Buweno, sige’t pumunta tayo roon at kunin ’yun.” Sabi, sabi ko, “Asikasuhin mo ang mga dapat gawin at pupunta tayo bukas.” Kita n’yo? Sabi ko, “Ipadadala natin sa koreo . . .” Sabi ko, “Heto ang doktor na makapagsasabi na ang mga taong ito’y ganap na may kanser noon. Heto ’yun sa listahan, ang x-ray. Heto ’yung babae na alam ng buong purok na naupo siya sa silyang de gulong na ’yan nang dalawampung taon, at nakakapaglakad na siya ngayon. At ang mga doktor, nanggaling na siya sa doktor at doktor at doktor at doktor, at lahat na, at heto siya na buhay ngayon. Ngayon, sinabi mo na ‘magbibigay ka ng sanlibong dolyar.’ Nais kong ilagay ’yun sa pondo ng pagmimisyon. Akin na.” Kita n’yo? Kita n’yo?

Sabi niya, “Buweno, naroon ’yun sa Waco, Texas.”

Sabi ko, “Pupunta tayo bukas.”

320 Sabi niya, “Sandali lang. May sasabihin ako sa’yo. Kukuha ako ng isang munting batang babae. At hayaan mo akong kumuha ng labaha at sugatan ang kanyang braso, at pagkatapos pagalingin mo ito, sa harap ng mga kapatiran namin. At pagkatapos ibibigay ko sa’yo ang pera.”

Sabi ko, “Diyablo ka!”

321 “Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, bumaba Ka riyon sa krus.” “Sabihin Mo sa amin kung sinong humambalos sa Iyo,” habang may basahan na nakatakip sa Kanyang ulo. Hahambalusin Siya, sabi, “Ngayon, kung propeta Ka nga, sabihin mo sa akin kung sinong prop- . . .” “Kung Ikaw ay Anak ng Diyos, bumaba Ka sa krus.”

322 Mga bulag na mga namumuno na nag-aakay ng mga bulag! Kailangan nila ng kagalingan sa isipan, ang tao na mangangahas sa bagay na tulad nun, o magbibitaw ng ganoong pahayag. Tunay nga.

323 Pamilyar na lumang tugtugin, hayon nga, “Ipakita Mo sa amin na gumagawa Ka ng himala. Guro, nais namin ng isang himala mula sa Iyo.” Gayong, araw-araw, oras-oras, nangyayari ito mismo, sa paraan mismo na pangungunahan ito ng Diyos na mapangyari. Pero wala sila. Kung naroon man sila, babansagan nila itong “Beelzebub, ang diyablo.” Kita n’yo? “Guro, nais namin na gawin Mo ito sa paraan na nais naming gawin Mo ito.” Hayon nga. “Magpunta Ka sa dako na nais naming pumunta Ka, gawin ang bagay na gusto namin.” Oh, siyanga. Uh-huh. Wala silang mga tali sa Kanya. Wala, nga. Yun ang dahilan kung bakit kinailangan nilang alisin Siya sa kalagitnaan nila. Siyanga, po. Sinusubukan nilang gawin ang siya ring bagay sa panahon ngayon. At sa pamamagitan ng kapisanan ng mga iglesya, maisasagawa nga nila ito, kita n’yo, lahat sila’y magsasama-sama. Ang pamilyar na lumang tugtugin.

324 Heto na makikita natin, muli, ang pinaka relihiyosong dako, ang pinaka mainam, pulidong mga teologo, na tumatawag uli, at laban sa Kanya, na tumatawag. Ang pinaka mainam na mga teologo, na dapat sana'y mas maalam; ang pinaka matataas na mga iglesya, ang pinaka magagaling na pinagsanay na mga teologo, pinalayas Siya sa kalagitnaan nila. Ayaw nila Ito.

Sasabihin n'yo, "Mali 'yan, Kapatid na Branham."

325 Kung ganoon wala kayo rito para tunghayan 'yung *Ang Mga Kapanahunan Ng Iglesya*, o para pakinggan ito noong ipangaral. Wala kayo rito, noong, ang Kapanahunan ng Iglesyang Laodiceang ito'y ang tanging isa na pinalabas Siya ng iglesya. Nasa labas Siya, sa labas mismo, na kumakatok, sinusubukang makabalik. Pinalayas nila Siya palabas dahil wala silang pakinabang sa Kanya. Kanilang ipinako Siya sa krus nang panibago. Amen! Gaanong kalayo ang itatagal natin?

326 Alalahanin n'yo, paunang sinabi sa atin ng propeta ng Salita ng Diyos, sa Ikalawang Timoteo 3, kung nililista n'yo po. Wala na tayong oras para basahin ito. Pero ang sabi dun, na, "Sa huling mga araw, darating ang mga manunuya. Sila'y magiging matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa sa maibigin sa Diyos; mga palabintangin, walang pagpipigil sa sarili, mabangis, at mga di maibigin sa mabuti, lilo, matitigas ang ulo, mga palalo, mala-iskolar; may anyo ng kabanalan, pero tinatanggihan ang Kapangyarihan niyaon: sa mga gayon ay magsitalikod kayo! Dahil ito yaong bumibihag sa mga haling, na putol-ang-buhok na kababaihan," na mga nagsusuot ng shorts, nagkokolorete ng mukha, "mula sa isang dako papunta sa isa pa, at dinadala sila sa pagkabihag." Ganoon mismo.

327 Ang sabi niya, "Magsitalikod kayo rito, sa huling mga araw." Sumunod tayo sa propeta. Talikuran ang mga bagay na 'yun sa huling mga araw. Nandito ang mga 'yun. Tinatawag ko ang Iglesya ngayon. Siyanga, po. Lumayo kayo rito!

328 Dapat sila, sila, ang—ang mga ministro sa panahong ito, dapat alam nila ang mga bagay na ito. Dapat napagkikilala nila noon si Jesus sa Kanyang panahon. Dapat nakilala nila. At ngayon dapat nakikilala rin nila ito, pero hindi nila nakikilala. Gaya ng dapat napagkikilala Siya ng mga Juidiong guro noong panahon Niya sa pamamagitan ng panahon Niya, ganoon din sa panahon ngayon, ukol sa maliwanag na pinatotohanang Salita ng Diyos noon. Siya ang Salita, at pinatunayan Niya na Siya ang Salita. Pinatunayan Niya na Siya ang Salita para sa panahon na 'yun. At pinatutunayan ng Diyos sa panahon ngayon na Siya ang Salita ng panahong ito, ang Liwanag ng panahong ito. At dapat sana'y napagkikilala nila ito noon, at dapat na napagkikilala nila ito ngayon.

329 Kanilang ipinako Siya sa krus noon, at ipinapako nila Siya ngayon. Isinasakdal ko sila dahil diyan! Tama. Patuloy nga

itong lumilitaw nang lumilitaw sa akin, “Isinasakdal sila, dahil pagbabayaran sila ng Diyos para rito!”

³³⁰ Ang mga Judio noong panahon nila. Ang Diyos muli, sa mga araw ng lupa, sinabi ni Jesus, “Jerusalem, Jerusalem, makailang inibig Kong tipunin kayo sa isang dakila’t malaking grupo, pero ayaw ninyo.”

³³¹ Ganoon nga ang pagsisikap ng Diyos, na sa huling mga araw na ito, ay mapaglakip-lakip Niya ang Kanyang bayan nang sama-sama, pero ayaw n’yo. Ang ibig n’yo ay ’yang kredo n’yo, kaya ngayon ay ibinibigay kayo sa pagkawasak. Yun ang natanggap ng Jerusalem noon; siya’y giniba, sinunog, wala na siya. At ganyan nga eksakto ang mangyayari, isa sa mga araw na ito, sa lahat ng naglalakihang mga bagay rito. Yang naglalakihan n’yong mga kredo’t mga denominasyon ay mamamatay at maglalaho, pero ang Salita ng Diyos ay Walang Hanggan at buhay magpakailanman. Kita n’yo?

³³² Ang pinaka malalalim Niyang sugat ay galing sa bahay ng nataguriang mga kaibigan. Isipin n’yo, isipin n’yo ’yun. Isipin n’yo ’yun! Hinto! Maghihintay lang ako saglit. Mga ministro, isipin n’yo ’yun! Saan nanggaling ang mga sugat Niya? Sa bahay ng Kanyang nataguriang mga kaibigan. Kung paano noon, ganoon din ngayon. Isipin n’yo ’yun! Sa Kalbaryo nga’y hindi Siya napapaligiran ng—ng mga brutal, mga barbaro, kundi ng mga ministro na nagsasabing iniibig nila Siya. At sa panahon ngayon, na ang Ebanghelyo’y lubos nang napagkilala, na ang dakilang mga tanda ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli’t pinatunayan na sa kalagitnaan natin, hindi nga ang lansangan ang dadamba sa’yo, kundi mga tinaguriang ministro.

³³³ Sila na dapat sana’y iniibig Siya, ’yun ang nakapalibot sa Kanya sa panahon ngayon. “Hindi namin pahihintulutan ang Bagay na ’yan sa kalagitnaan namin. Hindi kami makakapayag na ang Lalaking ito’y mamuno sa amin. Hindi kami susuporta. Hindi kami makikipagtaguyuran Diyan, sa siyudad na ito, kung pupunta ang Bagay na ’yan dito. Wala ngang anuman ’yan kundi espirituwalismo. Ang diyablo ’yan.” Haya’t di napagkikilala ang Salita ng Diyos, pinangungunahan ng bulag ang bulag. Gaya noong araw, isipin n’yo, ganoon din ngayon. Gaya noong araw, ganoon din ngayon. Isipin n’yo!

³³⁴ Ang Kapangyarihan Niya para magpagaling at magpalaya sa mga kalalakihan at mga kababaihan mula sa pagmamahal sa kasalukuyang mundong ito, mula sa putol ang buhok, na de kolorete ang mukha na mga Jezebel na tinatawag ang mga sarili na Cristiano; at ang ipinamumungang pamumuhay ay ganyan naman, naninigarilyo, nagkukuwento ng mahahalay na biro. Mauupo at may misyunerong samahan, at magsusulsi’t mananahi, at magkukuwentuhan, at tsismisan, at—at lalabas dun sa kalsada’t nakasuot ng shorts, at lahat na na gaya n’yan;

at pagkatapos tatawagin ang kanilang mga sarili na Cristiano, sa harap ng iba pang kababaihan. Naalala n'yo marahil 'yung kuwento ko tungkol sa isang alipin na alam niyang anak siya ng hari, 'yung katangian nga niya. Ano pa kaya dapat tayo? Mga kalalakihan at mga kababaihan, at tatanggihan. . .

³³⁵ Ang mga ministrong ito, diyan sa mga pulpito kung saan nakukuha Niya ang mga saksak sa Kanya, kanilang inilabas nga't iniendorso ang ganyang uri ng pamumuhay sa gitna ng mga tao, kung saan nila Siya sinasaksak. Tinatanggihan nila ang Kapangyarihan para—para sila'y mapalaya sana mula rito, at iniendorso pa nila ang ganoon. Samantalang, ito'y kontra sa Salita ng Diyos, na ang isang babae'y gupitan ang kanyang buhok, o maglagay ng kolorete sa mukha, o magsuot ng shorts. Kontra nga ito sa Salita ng Diyos, pero iniendorso pa nila, na nagbubunsod ng panibagong Kalbaryo (mula saan? mula sa lansangan ba? mula sa bahay-inuman ba?) mula sa pulpito, mula sa pulpito.

³³⁶ At, muli, ano ang bukambibig nila? “Ginagawa Niya ang Kanyang Sarili na Diyos.” Tinatanggihan nila ang Kanyang pagka-Diyos. Sinusubukan nilang paghiwalay-hiwalayin Siya at gagawa ng tatlo o apat na Diyos mula sa Kanya. Gayong, Siya ay Diyos; Siya ay Diyos; Diyos nga Siya sa tuwina, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Hayan nga na kapag sasabihin mo na isa lang ang Diyos, sa kanila, tatawanan ka nila. “Naniniwala kami sa isang banal na trinidad.”

³³⁷ Naniniwala ako sa isang banal na Diyos, siyanga, po, sa Kanyang Kapangyarihan para magpagaling, para magpalaya, at ilabas ang mga taong ito mula sa pag-ibig sa sanlibutan, para palayain sila gaya ng ginawa Niya kay Maria Magdalena. Alalahanin n'yo, siya'y isang munting de koloreteng Jezebel, din. May pitong diyablo siya noon. Siya'y nagpapakita-ng-balat.

³³⁸ Gaya ng modernong babae sa lansangan ngayon; magpunta nga kayo saan man n'yo nais at makikita n'yo. Kung hindi kayo naniniwala na ang mga tao'y yumuyuko sa dambana ng hubad na kababaihan, tumingin kayo sa lansangan ngayon. Gaya noon sa panahon ng Sodoma, gayundin ngayon. Tumingin lang kayo sa labas, kung di kayo naniniwala, magpunta lang kayo sa kung saan. Magbuklat kayo ng diyaryo, magbuklat ng magasin, tumingin kayo sa billboard, anong makikita n'yo? Alalahanin n'yo kung anong sinabi nito, “Noong makita ng mga anak na lalaki ng Diyos na ang mga anak na babae ng tao ay magaganda, kumuha sila sa mga kababaihan na 'yun.” Tingnan n'yo 'yung iskandalo sa Inglatera, tingnan n'yo 'yung iskandalo rito, tingnan n'yo ang buong bagay, na naging bahay na ng prostitusyon.

³³⁹ Bakit ganoon? Bakit naging komunismo ang Rusya? Dahil sa kabulgaran at karumihan, at kawalan-ng-Gulugod ng

iglesyang Katoliko. Yan mismo ang dahilan kung bakit ang bansang ito'y nasakop, komunismo't kapisanan ng mga iglesya, at isinugpong ang sarili sa iglesyang Katoliko. Na, ang komunismo't Katolisismo'y magkakaisa na magkasama, alam n'yo, at heto sila na ginagawa ito. Bakit? Dahil tinanggihan nila ang Ebanghelyo na naghihiwalay sa kanila't pinagiging ibang tao sila! . . . ? . . . Yun mismo ang dahilan.

³⁴⁰ At hinahayaan lang 'yun ng mga ministro sa pulpito, dahil baka mawalan siya ng hanapbuhay, dahil sa panlipunang katayuan ng kung anong kredito, sinasabi, "Kaanib ako sa *Ganito-at-ganoon*," ipinagpalit ang Kapangyarihan ng Diyos para sa edukasyon; na magpapalaya sana sa kanila mula sa haling na takbo ng buhay na ito, gaya ni Maria Magdalena.

³⁴¹ Ang mismong Kapangyarihan na siyang makahahango sa isang munting nagpapakita-ng-balat sa lansangan, at ibubunsod siya na magsuot ng damit at umakto na parang isang binibini, ibubunsod siya na maging isang Cristiano, haya't kinondena nila ang Kapangyarihan na 'yun, at ipinako sa krus ang Tao na kamit Ito, doon sa Kalbaryo.

³⁴² At ngayon, ang mismong Ebanghelyo at Espiritu Santo na hahango sa munting nagpapakita-ng-balat na 'yun at ibubunsod siya na manamit na gaya sa isang binibini at umakto na parang isang Cristiano, haya't tinatawag nila Ito ng "panatissimo." Ayaw nilang mahalo Ito sa kanilang kongregasyon, na mag-udyok Ito sa kalagitnaan nila, na ibunsod ang ibang kababaihan na gawin ito. Anong ginagawa nila? Tinatanggal Ito, gaya ng ginawa nila noon. At ngayon ipinapako nila ang mismong Salita at sinasabi na Ito'y para sa ibang kapanahunan. Isinasakdal ko sila muli, siyanga, po, gaya ng isinakdal sila noon.

³⁴³ Ang tanda na nagpasuot ng damit kay matandang Pulutong noon. Alalahanin n'yo, ang isang tao na naghuhubad sa publiko ay wala sa tamang pag-iisip. Kita n'yo? Paano pa sa isang babae? Wala sa tamang pag-iisip si Pulutong; hinubad niya ang kanyang damit. Pinairal ng Diyos ang Kanyang Kapangyarihan at ibinunsod siya na magdamit. Siya'y nadamitan na, nasa tamang pag-iisip, na nakaupo na sa paanan ni Jesus.

³⁴⁴ Tingnan n'yo ang Kapangyarihan na nagbunsod kay matandang bulag na Bartimeo na makakita, sa kalagitnaan mismo ng kanilang mga kredito. Nasa lupa Siya sa panahon na talamak ang di-pananampalataya gaya sa panahon ngayon, pero hindi 'yun kailanman pumigil sa Kanya. Nagpatuloy Siya. Hindi Siya nagpigil ng bira sa kanila. Sinabi Niya sa kanila, "Kayo'y sa ama n'yo, na diyablo." Kinondena Niya ang buong bagay.

³⁴⁵ Ang Kapangyarihan na makakapagpabangon kay Lazaro palabas ng libingan, at nagpanumbalik sa babae na taga-Nain ng kanyang anak na lalaki! Oh Diyos! Ang Kapangyarihan na makagagawa ng mga bagay-bagay, na magawang paunang

isaysay ang mga bagay na nangyari. “May dalawang . . . Asno, may batang asno na nakatali sa dalawang daanan,” at lahat na ng mga bagay na paunang sinaysay ni Jesus. Ang mismong Lalaki na nasa Kanya ang ganoong Kapangyarihan, “Layuan n’yo Siya. Ayaw natin Siya sa kalagitnaan ng mga miyembro natin. Sinasalaula Niya ang mga katuruan natin,” at kanilang ipinako Siya sa krus.

³⁴⁶ Ganoon na ganoon sa panahon ngayon, “Layuan n’yo ang Espiritu Santo,” ayaw nilang magkaroon ng anumang kaugnayan Dito. “Humahatol kasi Ito at ginagawa ang mga bagay-bagay na ito, at sinasaysay sa mga miyembro natin ang mga bagay na ayaw nating mahalo sa ating mga organisasyon. Kontra kasi Ito sa ating mga kredo.” Kanila nga Siyang ipinapako muli. Oh, naku!

Pansinin ngayon habang papatapos na tayo. Kailangan nang magtapos.

At, muli, binabansagan nila Itong “panatissimo.”

³⁴⁷ At binansagan nila si Jesus na isang “panatiko.” Ang sabi nila, “Siya’y baliw.” Alam ninuman na sinabi sa Biblia na, “Si Jesus nga’y,” sinabi ng mga Fariseo, “ang Lalaking ito’y isang Samaritano, at Siya’y hibang.” Ngayon anong ibig sabihin ng salitang *hibang*? “Baliw.” “Baliw ang Lalaking ito. Sila’y sangkumpol lamang ng mga baliw na sumusunod-sunod sa Kanya. Siya’y Beelzebub.”

³⁴⁸ Tapos, muli, sinasabi nila ang siya ring bagay, “Para ’yang pangkukulam. Paghuhula ’yan ng kapalaran,” na inilalagay Siya muli sa krus ng kahihyan. Anong krus? Anong kahihyan? Ang Kanyang pinagtibay na Salita; nililibak Ito, sinasabi sa mga tao na sa diyablo raw Ito. Pinalalabas na kung anong bagay, at binabansagan . . .

³⁴⁹ Ang sabi Niya, “Tinatawag nila ang mga banal na gawa ng Diyos na ‘isang maruming espiritu ang gumagawa nito,’ walang kapatawaran para rito.”

³⁵⁰ Tinutuya sa kahihyan ang Kanyang Salita, sinusubukang isapubliko Ito at bansagan Itong peke o panatissimo, “Huwag kayong pumunta roon. Huwag kayong dumalo sa mga pagtitipon na ’yun.” Uh-huh.

³⁵¹ Anong ginagawa nila sa pagagawa n’yan? Kinukuha nila ang makadenominasyon nilang mga kredong pako. Ganoon nga. Ang mga gurong ito na ang hanap ay kalayawan, mga makasanlibutan, makasalanan, hibang sa denominasyon, haya’t kinukuha ang makadenominasyong mga pako at ipinapako ang Anak ng Diyos gamit ito, muli, mula sa kanilang mga pulpito.

³⁵² Bakit nila ginagawa ’yan? “Iniibig nila ang mga papuri galing sa mga tao,” ’yung mga digri na maaaring ibigay sa kanila ng iglesya, “kaysa sa iniibig ang Salita ng Diyos.” Kinokondena

ko sila. Hindi nila kayang umayon sa mundo, dahil sila'y... Hindi kayang umayon sa Salita, dahil nakaayon na sila sa mundo. Ginawa na nila. Grabeng mapagpaimbabaw ang araw na ito na kinabubuhayan natin! Hindi ba't itong...

³⁵³ Hindi pa ba sapat ang isang Kalbaryo para sa aking Panginoon? Bakit n'yo gagawin ito? Kayo na dapat sana'y iniibig Siya, kayo na dapat sana'y nalalaman na Ito'y ang Kanyang Salita, kayo na nababasa naman ang ika-22 kabanata ng Apocalipsis, na nagsasabi, "Sinuman ang mag-alis ng isang Salita o magdagdag ng isang salita," bakit n'yo ginagawa? Hindi ba't ang isang Kalbaryo'y sapat na para sa Kanya?

³⁵⁴ Tumatayo ako bilang manananggol Niya. Ako ang abogado Niya, at isinasakdal ko kayo sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Baguhin n'yo ang inyong mga gawi o pupunta kayo sa impyerno. Guguho ang inyong mga denominasyon. Isinasakdal ko kayo sa Presensya ng Tagahatol, tama, kayo, kaakibat ang mga anyo n'yo ng kabanalan, mga pagpapaimbabaw. At bakit n'yo Ito binabansagan... Hindi ba't sapat na ang isang Kalbaryo?

³⁵⁵ Gaya ng sinabi ni Pedro, "Ang mga makadenominasyon n'yong mga magulang," Isinakdal kayo ni Pedro sa pamamagitan ng... Sabi, "Alin sa mga magulang n'yo ang di ginawa ito?" Ganoon din ang ginawa ni Esteban: "Nang may masasamang kamay ay ipinako n'yo sa krus ang Prinsipe ng Buhay." Hindi ba't sinabi ni Jesus, Mismo, "Alin sa mga magulang n'yo ang di naglagay sa mga propeta sa mga libingan? At pinalalamutian n'yo ang mga 'yun pagkatapos'?" Ganoon ang ginagawa noon pa sa mga matuwid sa lahat na ng mga kapanahunan!

³⁵⁶ Kaya isinasakdal ko ang pulidong-pulido't, dumadalo-ng-simbahang grupo ng mga tinatanghian-si-Cristo na mga tao ng panahong ito. Kayo, sa mga anyo n'yo ng kabanalan, ay ipinapako sa krus ang aking Cristo sa ikalawang pagkakataon, sa pagsasabi sa mga tao, na, "Ang mga Salitang ito'y para sa ibang panahon, at hindi na Ito uubra para sa panahon na ito." Isinasakdal ko kayo. Kayo'y may sala sa kaparehong krimen nila noon, noong araw ng pagpapapako sa krus. Magsisi kayo at bumaling pabalik sa Diyos, o kayo'y mapapahamak.

³⁵⁷ At muli sinasabi ko, "Dito," ang mga kaiglesyahan, "kanilang," mga guro, "ipinapako sa krus," sa pamamagitan ng pamumusong, "Siya," na Salita. Mahabag nawa ang Diyos! Hayaan n'yong sabihin ko uli. Baka malabo sa teyp. "Dito," ang mga kaiglesyahan, "kanilang," mga ministro, "ipinapako sa krus," sa pamamagitan ng pamumusong, "Siya," na Siyang Salita. Hindi nakapagtataka na ganito uli:

Mga bato'y nahati't nagdilim ang mga langit,
Tagapagligtas ko'y ulo Niya'y inilaylay at
namatay,

Subalit ang tabing na nabuksan ipinakita nito
ang daan

Patungo sa kagalakan ng Kalangitan at araw
na wala na ngang kawakasan.

³⁵⁸ Sinasabi ko ito sa teyp na ito, at para sa mga tagapakinig dito, sinasabi ko sa ilalim ng kasi ng Espiritu Santo: Sino ang nasa panig ng Panginoon, ibunsod siya na lumapit sa ilalim ng Salitang ito! Siguradong dadalhin ng Diyos ang masamang, tumatanggi-kay-Cristo, tumatanggi-kay-Cristong henerasyon na ito patungo sa kahatulan, dahil sa pamumusong, dahil sa pagpapapako sa krus sa Kanyang napagkilala nang Salita. Pupunta sila sa Paghatol. Isinasakdal ko ito! “Sino ang nasa panig ng Panginoon,” sabi ni Moises, “lumapit siya sa akin,” noong ang Haliging Apoy ay nakapailanlang dun bilang isang ebidensya. Sino ang nasa panig ng Panginoon, ibunsod nga siya na piliin ang Salita, tanggihan ang kanyang kredo, at sumunod kay Jesus Cristo araw-araw. At kakatagpuin ko kayo sa umaga.

Iyuko na natin ang ating mga ulo ngayon para sa isang pagdulog na pananalangin.

³⁵⁹ Oh Panginoong Diyos, ang Tagapagbigay ng Buhay na Walang Hanggan at ang May-Akda ng Salitang ito, Na muling ibinangon mula sa patay ang Panginoong Jesus, Na maayos na ipinakikilala ito sa harap ng isang—isang henerasyon ng mga di nananampalatayang madla. Naging mahaba po, sa umagang ito. Marami ang nakaupo rito. Punung-puno ang simbahan. May mga taong nakatayo. At ginagawa ang mga teyp, para ipalaganap sa palibot ng mundo, para maabot ang iba’t ibang dako. Mapapakinggan ito ng mga ministro sa opisina nila. Nananalangin ako para sa kanila, Panginoon. Mabunsod nga na ang Mga Salitang ito’y tumimo nang malalim sa puso, sumugat nang malalim, maalis ang buong sanlibutan. Na masabi nawa nila . . .

³⁶⁰ Itong munting Methodist na ministro sa Kentucky, lumapit sa akin noong isang araw, at nagsabi, “Noong pinakikinggan ko itong *Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*, narinig ko itong humiyaw, ‘Lumayo ka mula sa mga pader ng Babilonia,’” sabi, “Isinuko ko nga ito at umalis. Hindi ko man alam kung saang daan ako tutungo o anong gagawin ko, pero umalis ako.” Pagpalain nga ang katapangan ng kabataang lalaki, at ng maybahay niya, at ng dalawa o tatlong anak niya.

³⁶¹ Diyos, nawa marami ang makasumpong ng daan nila tungo sa Salita ng Diyos, ang tanging daan ng Buhay, dahil Siya ang Salita. Idinadalangin ko ang bawat isa, Ama. Kung minsan sa pagsasabi ng mga bagay na ito, hindi dahil sa pagmamalupit; dahil ito sa pag-ibig, dahil ang pag-ibig ay pagwawasto. At dalangin ko, Diyos, na maunawaan ito ng mga tao sa ganoong paraan, na ang layunin nito’y pagwawasto. Ikaw

Na kinailangang magwasto, at ipinanalangin sila sa krus, na sinasabi, “Ama, patawarin Mo sila. Sila, sila’y bulag, hindi nila—hindi nila nauunawaan ang bagay na ginagawa nila.”

³⁶² Nananalangin ako para sa mga ministro ng panahon ngayon na ipinapako sa krus ang Salita muli, sa pagpili sa kanilang mga kredo’t mga denominasyon at mga dogma, at ipinapalit ’yun sa Salita ng Buhay. At pagkatapos, sa harap ng mga tao, kanilang—kanilang sinisiraan ang tunay na Katotohanan na pinapatotohanan ng Diyos na siyang Kanyang Katotohanan. Ipinapanalangin namin sila, Ama, na Iyong tatawagin sila sa Hapunan ng Kasalan muli. At nawa lumapit sila sa oras na ito, at hindi makahanap ng palusot, dahil napagtatanto ko na ang huling pagtawag ay marahil tapos na. Baka masyadong huli na ang lahat. Umaasa ako na hindi pa.

³⁶³ Iyo pong pagpalain ang munting kongregasyon na narito, itong mga nasa sandaang tao na nagtipon-tipon dito sa umagang ito, sa mainit na araw, na naupo rito nang matagal, marahil dalawang oras o higit pa, na gawain, at nakinig. Hindi sila umalis. Naupo sila nang tahimik at nakinig. Marami sa kanila ang naghihintay pa ng pananghalian nila, at mga kababaihan na nakatayo hawak ang kanilang mga sanggol, at nakaabang. Nanghahawakan sila sa bawat Salita.

³⁶⁴ Panginoon, napagtatanto ko kung ano ang mangyayari sa akin sa Araw ng Paghatol kung nailigaw ko ang mga taong ito. May kabatiran po ako, Panginoon, may kabatiran mismo na nararamdaman ko. Na, nagsisikap ako na madala sila sa Salita, at mabunsod sila na mamuhay sa Salita, sinasabi sa kanila na Ikaw nga’y “ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman,” na ang dakilang Espiritu Santo ay si Jesus Cristo, na nasa anyo lang ng Espiritu Santo, pero siya ring Tao. Ikaw po mismo ang nagsabi. “Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita pa ng sanlibutan; ngunit makikita ninyo Ako, sapagkat Ako’y sasama sa inyo, sasainyo.” At batid ko na Ikaw ito, Panginoon. At sinasampalatayanan Ka namin, dahil nakikita Ka namin na ginagawa ang siya ring bagay sa kalagitnaan namin.

³⁶⁵ Aming isinusuko ang aming mga sarili ngayong araw na ito, nang may pagpipitagan, na ginagawa namin dito sa kongregasyon at sa mga nasa teyp. Panginoon, sa mismong minuto na ito, nawa ang bawat lalaki at babae, kabataang lalaki o kabataang babae, na—na narito sa dakong ito, o nakatayo sa labas, o nakikinig sa teyp, nawa kami sa sandaling ito ay gumawa ng malalim na paglalaan at isuko ang buong sarili namin sa gawain ng Diyos.

³⁶⁶ Ikaw nawa’y kumilos sa mga tagapakinig, Panginoon, sa Kapangyarihan, at pagalingin ang mga maysakit. Ang sabi nila may munting pilay na batang lalaki na nakaupo rito. Mabunsod

nawa ang dakilang Espiritu Santo na . . . Alam namin, na maupo lamang sa Kanyang Presensya gaya nito, maisasagawa Nito ito. Kung Iyong magagawa na dumaan sa radyo at telebisyon, patungo sa mga lupain, at pagalingin ang maysakit, “Ipinadala Mo ang Iyong Salita at pinagaling sila Nito,” magagawa Mo ang siya ring bagay sa mismong minutong ito. Dalangin ko, Diyos, na Iyong pagalingin ang bawat tao na may sakit, bawat pilay, bawat nagdadalamhati, dito at sa mga napapakinggan ang Mga Salitang ito. Diyos, Iyo pong ipagkaloob ito. Ang panalangin ko’y para sa kanila.

³⁶⁷ Nang may—nang may pag-ibig ni Cristo sa puso ko at damdamin para sa mga nangangailangan, iprinipresenta ko sila, Panginoon, sa Iyo, sa dambana ng alay, kung saan ang Duguang katawan ng Cordero na ’yun ay nakalapag bilang kabayaran para sa aming mga pagkakasala’t karamdaman, nakalapag doon. Nakikiusap ako ng habag para sa mga tao. Nais kong tumayo gaya ng ginawa ni Moises, sa awang para sa kanila, Panginoon, at magsasabi, “Diyos, mahabag Ka para sa kanila, sa kanila, nang kaunti pa, at bigyan sila ng isa pang pagkakataon.” Huwag—huwag Mo pong gawin ’yun ngayon, Panginoon. Ibunsod—ibunsod nawa ang Ebanghelyo na makaabot pa nang mas malayo.

³⁶⁸ Sila’y—sila’y kinondena, Panginoon. Dalangin ko na ang Iyong dakilang awa’t biyaya ay—ay mapalawig pa hanggang sa huling tao na ang pangalan nila’y nasa Aklat. At batid kong mangyayari nga. Hindi mahirap na manalangin laban sa iyong Makalangit na Salita, o laban sa—o laban sa . . . kalakip ang Makalangit na Salita, ang ibig kong sabihin, Panginoon; ang Salita na ipinangako, ang Salita na pinagtibay, ang Salita na pauna nang itinalaga ang mga taong ito noon pa bago itatag ang mundo. Hindi—hindi mahirap na—na manalangin na Iyong ililigtas sila na ang mga pangalan ay naroon sa Aklat, dahil alam ko na Iyong gagawin ito. Sinabi mismo ni Jesus, “Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit.” At walang tao ang makalalapit maliban na siya’y ibinigay na.

³⁶⁹ Ngayon dalangin ko, Diyos, na saan mang dako ang Mga Salitang ito’y lalapag, kapwa sa teyp at sa mga narito, na ang Espiritu Santo nga’y tatawagin ang bawat predestinadong tao ngayon mismo, mula pa noong itatag ang mundo noong ang kanilang pangalan ay inilagay sa Aklat ng Buhay ng Cordero. Nawa’y marinig nila ang Tinig ng Diyos na nangungusap ngayon, sa munting, bulong, na munting Tinig sa kanilang puso, na nagsasabi, “Ito ang *Daan*, lakaran mo Ito.” Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. Aking hinihiling ito sa Pangalan ni Jesus.

³⁷⁰ At habang heto na ang ating mga ulo’y nakayuko rito sa mga tagapakinig. Kung sinasampalatayanan n’yo Ito na Katotohanan, at kayo—kayo . . . Inilagay ko, ipinapatong ko ang kamay ko sa mga panyong ito na nakapatong dito, at

mga parsela para sa mga maysakit at nagdadalamhati. Nais ko kayong tanungin ng isang tanong, nang taos-puso ngayon.

³⁷¹ Hindi ako pumunta rito para mapakinggan lang. Ako—ako—ako nga’y pagod. Nahahapo ako. Hindi na ako kabataan gaya ko noon, at alam ko—at alam ko na bilang na ang mga araw natin. At alam ko na kinakailangan kong ibuhos ang bawat munting bagay na magagawa ko, para sa Kaharian ng Diyos. Kinakailangan kong mangaral sa bawat pagkakataon na magkaroon ako. Kinakailangan ko, kinakailangan ko nga maski pakiramdam ko’y nais ko o hindi.

³⁷² Nagpunta ako rito dahil naramdaman ko—naramdaman ko na gawin ito. Nais kong—nais kong gawin ito. Iniibig ko kayo. At hindi ako nagsasabi ng mga bagay na nakakasakit at matigas, para—para . . . dahil gusto ko lang. May—may pagpintig sa kaibuturan ko. Itong bagay mismo na matagal nang pinatotohanan ay ang bagay na nagtutulak sa akin na gawin ang mga bagay na ito. Sinasabi ko ito nang may kabaitan, may pag-ibig. Hindi ko intensyon na sigawan ang ating mga kababaihan o ating mga kalalakihan. Hindi ko intensyon na gawin ’yan, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Ang hangad ko lang ay madala kayo sa isang—isang matalim na dako, kung saan makikita n’yo ang pagwawasto at pamalo ng Panginoon, na kinakailangan n’yo nang pumasok ngayon. Huwag n’yo nang patagalin pa; baka mas lalong humaba ang paghihintay n’yo.

³⁷³ At sa inyo na nagnais na makalapit sa panig ng Panginoon, na may buong pagsuko sa inyong puso, sa harap ng mga tagapakinig ngayon, o maging sa lupain kung saan makakaabot ang mga teyp; maaari pa, habang nakayuko ang inyong mga ulo . . . Huwag n’yong itaas ang inyong mga kamay kung di rin kayo seryoso rito. Ngayon kung seryoso talaga kayo, na nais n’yong lumapit sa Panginoon, na may mas inilaan pang buhay, sige’t itaas n’yo ang inyong kamay ngayon mismo. Kayo, pagpalain kayo ng Panginoon. Inilalaan n’yo muli nang panibago ang inyong sarili kay Cristo, para sikaping pasanin ang kadustaan. Sabihin n’yo, “Ako’y handa ngayon na dalhin ang kadustaan.”

³⁷⁴ Nakataas ang dalawa kong mga kamay, rin. Ako, nais kong pasanin ang kadustaan ni Jesus Cristo sa akin. May galak na dadalhin ko ang marka na ito ng bansag na “holy roller;” anuman ang isipin n’yo na itawag dito. Dala-dala ko ito nang may pagmamalaki, dahil ito’y para sa kapakanan ng Panginoon. Dala-dala ko ito nang may pagmamalaki.

³⁷⁵ Hindi ba’t lahat kayo’y nais n’yong gawin din ’yun? Itaas n’yo ang mga kamay n’yo, at sabihin, “Sa biyaya ng Diyos, nais ko—nais ko—nais ko . . . ako’y . . .” Bumalik ang mga alagad noon, naisip nila na malaking karangalan na dalhin ang kadustaan ng Kanyang Pangalan. O, ang nais n’yo ay dalhin ang kadustaan ng

kung sinong sikat ng Hollywood, o ng kung ano sa telebisyon, o kung sinong miyembro ng iglesya, o kung ano? O, ang nais n'yo ay ang kadustaan ng Salita ni Jesus Cristo? “Iyong ibigay sa akin ang kadustaan ng Salita, Panginoon. Alam ko na Kanyang pinasan ang kadustaan ng Salita ng Diyos. Iyong ibunsod na pasanin ko, rin ito, Panginoon.”

At ang krus na inilaan ay aking ipapasan,
 Hanggang sa kamatayan ako'y pakawalan sa
 aking pasan-pasan,
 At ako'y uuwi na sa tahanan, na ang ulunan ay
 napuputungan.

³⁷⁶ May putong para sa atin balang araw. Ginagawa na ito ngayon. Kapag ang buhay na ito sa lupa'y pinatakbo, hayan nga na alam nating magiging maayos.

³⁷⁷ Ngayon wala pong espasyo para dalhin ang mga tao sa palibot ng altar. Diyan sa inyong mga kinauupuan, kung nasaan kayo, 'yan ang maging altar. “Gaya ng kung gaanong karami ang nanampalataya . . .” Habang mananalangin tayo.

³⁷⁸ Makalangit na Ama, mistula nga sa akin na ang bawat kamay ng kabataan at matatanda, ay nakataas, sa mga tagapakinig dito. At ipinapanalangin ko 'yun, na sa tuwing pagaganahin ang teyp, ay itaas ng mga tao ang kanilang mga kamay, at lumuhod sa silid; na ang tatay at nanay ay dadako roon at maghawakan ng mga kamay, at magsabi, “Mahal, matagal-tagal na tayong mga miyembro ng iglesya. Lumapit na tayo kay Cristo.” Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

³⁷⁹ Iyo pong pagpalain ang mga tao rito. Dalangin ko na Iyong pagkalooban sila, Panginoon, ng isang inilaang buhay. Marami sa kanila, Panginoon, ay mabubuting tao. Sila'y—sila'y Iyong bayan; hindi pa lang nila nalalaman ang Katotohanan. At dalangin ko na Iyong ipakikita sa kanila ang Iyong Katotohanan, Panginoon. “Ang Salita Mo ay Katotohanan.”

³⁸⁰ Gaya ng Iyong sinabi sa Juan, binubulay ko ang tungkol sa ika-17 kabanata, noong sabihin Mo, “Pakabanalín Mo sila, Ama, sa Katotohanan. Ang Salita Mo ay Katotohanan.”

³⁸¹ At Ito muli, ang Iyong Salita, ay nananatiling Katotohanan. Sa tuwina'y Katotohanan Ito, dahil Ito'y Diyos. At dalangin ko, Diyos, na Iyong pakakabanalín sila sa pamamagitan ng Katotohanan. Yun nga'y, pakabanalín, dalisayin sila mula sa lahat ng mga kredo't mga denominasyon. Dalisayin sila mula sa lahat ng makasanlibutang mga bagay, patungo sa isang inilaang buhay ng Salita. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Sila'y sa Iyo na ngayon. Iyong ipinangako na gagawin ito. At bilang Iyong lingkod, iniaalay ko ang panalangin kong ito alang-alang sa kanila. Sa Pangalan ni Jesus Cristo.

³⁸² Ngayon habang nakayuko ang ating mga ulo, awitin natin ang himnong ito habang patuloy tayo sa pananalangin.

Jesus paid it all,
All to Him . . . (Bulayin n'yo ito!)
Sin . . .

383 Kahapon nasa isang—isang lugar ako, at sinusukatan ako ng isang lalaki para gawan ng amerikana na binili sa akin ng isang kapatid dito sa simbahan. Ang sabi niya, “Mukhang naiinitan ka sa amerikana mo, at kaya binilhan kita ng mas maaliwalas.”

384 At nagpunta ako roon at nagpasukat, at sabi niya, “Mangyari nga, na ang kanang balikat mo’y lumalaylay na. Siguro’y nagbuhat ka ng mabigat na pasanin noong araw.”

385 At naisip ko, “Oo, isang pasan na kasalanan. Pero binayaran na ito ni Jesus.” Pakinggan n’yo habang inaawit natin ito.

Jesus paid . . . all,
Then all, all my life, to Him I . . . (Anong dulot
ng kasalanan?)
Sin had left a crimson stain:
He washed it white as snow.

386 Diyos, mahabag Ka po sa amin. Sa taimtim na oras na ito ng pagninilay-nilay, Iyo ngang ibunsod ang Salita na tumimo nang malalim, Panginoon, sa puso. Ibunsod ang mga tao, gayong atrasado na sila para sa pananghalian nila . . . Pero, Panginoon, Ito’y higit kaysa sa pagkain. Ito’y Buhay. “Ang Salita Ko’y pagkain,” Iyong sinabi. At Iyan ang pinagpipicingan ng nagugutom naming mga kaluluwa.

387 Ngayon kunin Mo kami, Panginoon, hubugin kami. Panginoon, kunin Mo ako kasama nila. Nais kong pumunta kasama nila. Ako’y dadako ngayon sa Kalbaryo, Panginoon, sa pamamagitan ng pananampalataya. Ako’y dadako kasama ang kongregasyong ito. Ngayon Iyo lamang akong hubugin, Panginoon. Nakagawa ako ng mali. Maraming beses na ako . . .

388 Dito nito-nito lang ako’y aayaw na sana sa pangangaral. Ayaw na akong pakinggan ng mga tao. Ginagawa’t ginagawa nila ang siya ring bagay, at ako’y—ako’y talagang napanghinaan na ng loob. Nagkaroon tuloy ako ng complex. Oh Diyos! Mga dalawang Linggo ang nakararaan, noong ibigay Mo sa akin ang tanda roon, na hindi . . . at binabasa ang Biblia, at nakinita Ka na sinabi kay Moises, gaya roon sa panaginip na ’yun, na may bundok, din doon, at ’yun ay maging isang tanda sa kanya. At pagkatapos doon sa dulo nun, hayan nga na may pagkabatid ako na iniwan ko—iniwan ko ang maraming tao roon na may sakit; isang pagmiministeryo hindi lamang propetiko, kundi sa pagtuturo ng Salita, at—at pananalangin para sa mga maysakit. Ibinunsod mo ang isang lalaki na bumagsak sa sahig mismo na patay na, pero pagkatapos ay binuhay siyang muli, bilang pagpapatibay na ito’y totoo. Sa tuwina’y pinapatotohanan Mo ang Iyong Salita.

³⁸⁹ Ngayon, Panginoon, Iyo pong patotohanan Ito ngayon mismo habang ako'y nasa harap ng Iyong Luklukan. Kunin Mo ang bawat isa sa mga tao rito, Panginoon, alisin ang sanlibutan mula sa amin. Kunin Mo ako, Panginoon, habang kami'y nasa Iyong Presensya. Tanggalin Mo mismo ang sanlibutan, pigain palabas sa aming mga puso, Diyos, ngayon mismo. Hilahin Mo ang sanlibutan at pagsusumakit ng sanlibutan palayo sa amin. Iyong ibunsod na kami'y maging inilaang mga Cristiano, Oh Diyos, na maging maibigin at may kagandahang loob at kalugod-lugod, na ipinapamunga ang bunga ng Espiritu. Iyo po bang gagawin, Panginoon? Kami'y nasa harap ng Iyong Luklukan. Ang kasalanan ay nag-iwan ng mapulang mantsa sa bawat isa sa amin, pero mawawaglit ito ng Iyong Dugo, Panginoon, at gawin ito na kasingputi ng niyebe. Iyo pong ipagkaloob ito, habang kami'y naghihintay sa Iyo. Kunin Mo kami; kami'y sa Iyo; ilaan ang buhay namin sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, maipagkaloob ito, Panginoon, sa bawat isa sa amin.

³⁹⁰ Pigain Mo ang aking puso, Panginoon. Nakikita ko ang lahat ng mga kamalian ko. Nakikita ko ang mga mali ko. Diyos, mula sa oras na ito, pinagsisikapang kong mabuhay sa pinaka mainam na magagawa ko, para umagapay sa Iyo. Nais kong dumako, nais kong ilaan ang buhay ko nang panibago sa Iyo, mula rito sa umagang ito.

³⁹¹ Matapos na dalhin itong pagsasakdal laban sa aking—aking mga ministrong kaibigan diyan, at kinailangan kong sabihin ang matitigas na bagay na ito, pero, Panginoon, ginawa ko ito dahil sa Iyong inspirasyon. Naramdaman ko na sinabi Mo sa akin na gawin ito. Ngayon ito'y wala na sa aking mga balikat, Panginoon. Ako—ako'y nagagalak na wala na ito. Iyong ibunsod sila na gawin ito anuman ang gawin nila, Ama. Dalangin ko na kanilang tanggapin ito. Dalangin ko na Iyong ililigtas ang bawat isa, Panginoon.

³⁹² Nawa'y may umusbong na rebaybal ng matutuwid, at isang dakilang Kapangyarihan ang darating sa gitna ng Iglesia bago mismo Ito umalis. Ako. . .Hindi mahirap manalangin para dun, dahil Iyong ipinangako ito. At kami'y nakatuon, Panginoon, para sa ikatlong hatak na 'yan na batid naming magbubunsod ng dakilang mga bagay para sa amin sa aming kalagitnaan.

³⁹³ Ako'y sa Iyo, Panginoon. Inilalapag ko ang aking sarili sa altar na ito, na inilaan mismo sa abot ng nalalaman ko kung paano. Iwaglit Mo sa akin ang sanlibutan, Panginoon. Iwaglit ang mga bagay mula sa akin na mga lumilipas; ipagkaloob sa akin ang mga bagay na di lumilipas, ang Salita ng Diyos. Nawa'y maipamuhay ko ang Salita na 'yun nang maigi, hanggang sa ang Salita'y pumisan sa akin, at ako sa Salita. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Nawa'y hindi ako tumalikod mula Rito. Nawa'y mahawakan ko ang Tabak ng Hari nang mahigpit, at hawakan Itong maigi. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

³⁹⁴ Iyo pong pagpalain kami nang sama-sama. Kami'y mga lingkod Mo, habang inilalaan namin ang aming mga sarili sa Iyo sa umagang ito, nang panibago, sa aming mga puso. Kami'y sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, bilang paglilingkod.

Jesus . . .

Pagpalain kayo ng Diyos! Kapatid na Neville. 🐦

63-0707M Ang Pagsasakdal
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org